




Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon
Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Nobyembre 8, 2022

Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon



**Sa dami ng paraan para makaboto nang ligtas,
planuhing BUMOTO sa taglagas!**

**Maaaring nagbago na ang inyong mga pinagbobotohang
distrito at presinto nang dahil sa 2022 redistricting.
Tingnan ang loob para sa mga detalye.**

Para sa Halimbawang Balota ng eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa [sfelections.org](https://www.sfelections.org).

Mabilisang Gabay para sa Nobyembre 8, 2022 na Eleksyon

Mga Highlights ng Eleksyon



Ipadadala ang mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante at maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang botante sa halip na pumunta pa sa botohan sa Araw ng Eleksyon.



Maaaring ma-access ng sinumang rehistradong botante ang kanilang balota gamit ang Sistema ng Accessible na Vote-by-Mail sa sfelections.org/access.



Mayroong oportunidad na makaboto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall at sa 501 na lugar ng botohan.

Kasama sa loob ng pamplet na ito ang karagdagang impormasyon ukol sa mga opsyon sa pagboto.



Mga Mahahalagang Petsa

- Oktubre 10** ● Magsisimulang dumating ang mga balota sa mailbox ng mga botante. Magbubukas ang Sistema ng Accessible na Vote-by-Mail (AVBM) para sa lahat ng lokal na rehistradong botante. Magagamit ang 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa buong San Francisco.
- Oktubre 11** ● Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balota.
- Oktubre 24** ● Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto at makatanggap ng balota sa koreo. Matapos ang Oktubre 24, maaari pa ring personal na magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan ang sinumang kuwalipikado na bumoto.
- Oktubre 29–30 at Nobyembre 5–6** ● Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon. Ang mga oras para sa mga Sabado at Linggo ay mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- ARAW NG ELEKSYON, Martes, Nobyembre 8** ★ Bukas ang lahat ng lugar ng botohan para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail at sa pagboto nang personal mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.
Para mabilang, dapat mai-postmark bago o sa araw ng Nobyembre 8 ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo, at ang mga balotang ibabalik nang personal ay dapat maihatid sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa kahon na hulugan ng balota, o sa lugar ng botohan nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8.

Gusto ba ninyong kumita ng pera habang tumutulong sa inyong komunidad?

Sumali bilang manggagawa sa lugar ng botohan – maaari kayong makatanggap ng sahod na aabot sa \$295 habang nagsisilbi sa mga botante sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon! Espesyal kaming nangangailangan ng mga indibidwal na nagsasalita ng iba't ibang wika! Mag-sign up sa sfelections.org/pwa o tumawag sa amin sa (415) 554-4395.



Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon — Nobyembre 8, 2022

Pangkalahatang Impormasyon

Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon	(loob ng harap na pabalat)
Sulat mula sa Direktor	2
Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Botante	3
Ang Ballot Simplification Committee	3
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)	3
Maaaring Nagbago na ang Inyong Pinagbobotohang Distrito	4
Bagong Mapa ng mga Superbisoryal na Distrito	5
Mga Opsiyon sa Pagboto	6
Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo	6
Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall	7
Bumoto sa Itinalaga para sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon	7
Mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco	8
Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan	10
Batas sa mga Karapatan ng Botante	11
Accessible na Pagboto at mga Serbisyo	12
Tulong sa Wikang Filipino	15
Libreng mga Klase sa Ingles	15
Pagmamarka sa Inyong Balota	16
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	16
Ranked-Choice Voting	17
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco	46
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro	46
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)	47
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail	47
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal	48
Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon	106
Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod	108
Panatiliing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante	109
Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante	109
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)	109
Worksheet ng Balota	110
Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan	(loob ng harap na pabalat)
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon	(loob ng likod na pabalat)
Website ng Departamento ng mga Eleksyon	(likod na pabalat)
Address ng Inyong Lugar ng Botohan	(likod na pabalat)

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng mga Kandidato

Mga Eleksyon ng California	18
Impormasyon Tungkol sa Kandidato	18
Mga Pag-endoso ng Partido	19
Mga Katungkulan na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito	20
Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos	21
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado	23
Mga Kandidato para sa Lupon ng Edukasyon	25
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na matatapos sa Enero 2027)	28
Mga Kandidato para sa Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na matatapos sa Enero 2025)	33
Kandidato para sa Direktor ng BART (Distrito 8 lamang)	35
Kandidato para sa Tagatasa-Tagatala	36
Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito	37
Mga Kandidato para sa Pampublikong Tagapagtanggol	39
Mga Kandidato para sa Lupon ng mga Superbisor (Distrito 2, 4, 6, 8, at 10 lamang)	40

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento	49
Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman	50
Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco	52
A Karagdagang Pera para sa Retirado upang Umayon sa Halaga ng Pamumuhay; Kontrata ng Retirement Board sa Ehekutibong Direktor	54
B Public Works Department and Commission, Sanitation and Streets Department and Commission	57
C Homelessness Oversight Commission	61
D Abot-kayang Pabahay – Inisyatibang Petisyon	64
E Abot-kayang Pabahay – Board of Supervisors	68
F Pondo para sa Preserbasyon ng Aklatan	72
G Pondo para sa Tagumpay ng Estudyante – Tulong-Pinansiyal sa San Francisco Unified School District	75
H Mga Eleksyon sa Lungsod sa mga Taon na May Bilang na Even	78
I Mga Sasakyan sa JFK Drive sa Golden Gate Park at sa Great Highway	82
J Panlibangang Paggamit sa JFK Drive sa Golden Gate Park	86
K Inalis ang Proposisyon K sa balota ayon sa utos ng Korte Superyor ng San Francisco	90
L Sales Tax para sa mga Proyekto sa Transportasyon	92
M Buwis para sa Pagpapanatiling Bakante ng Residensiyal na mga Unit	96
N Pasilidad para sa Underground na Paradhan sa Golden Gate Park; Golden Gate Park Concourse Authority	100
O Karagdagang Parcel Tax para sa City College	102



Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
[sfelections.org](https://www.sfelections.org)

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* sa Oktubre 26 at 27.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco,

Setyembre 9, 2022

Ang Consolidated General Election (Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon) sa Nobyembre 8, 2022 ang unang eleksyon na gagamit sa bagong mga hangganan para sa mga Superbisoryal na distrito na iginuhit ng San Francisco Redistricting Task Force (Pangkat para sa Espesipikong Gawain na Pagsasaayos Muli ng mga Distrito), at nakabatay sa impormasyon na mula sa 2020 na pagsesenso tuwing ika-sampung taon. Isang epekto nito ay ang posibilidad na maaaring nakatira na ang ilang botante sa ibang Superbisoryal na distrito kung ihahambing sa nakaraang mga eleksyon. Para sa eleksyong ito, tatanggap ang mga botante na nasa mga Superbisoryal na distrito, na may bilang na even, ng mga balota kung saan kasama ang mga labanan para sa pagka-Superbisor. Susunod na boboto ang mga botanteng nakatira sa Superbisoryal na distrito, na may bilang na odd, para sa kanilang Superbisor sa eleksyon sa Nobyembre 2024.

Bisitahin ang aming website na nasa sfelections.org/maps para sa ilang mapa na nagkakaloob ng bagong mga hangganan, hindi lamang para sa Superbisoryal na mga Distrito, kundi pati na rin sa mga Distrito ng Asembleya ng Estado at mga Kongresyonal na Distrito ng U.S. sa San Francisco. Nagkakaloob ang mga mapa ng mga pamamaraan ng pagtingin, na nagpapakita ng mga seksiyon ng Lungsod kung saan makararanas ang mga botante ng pagbabago sa kanilang lehislatibong mga distrito at kinatawan.

Maaari din ninyong gamitin ang "Voting Districts Lookup Tool (Kasangkapan para sa Paghahanap ng mga Distrito sa Pagboto)" sa aming website na sa sfelections.org/myvotingdistrict upang malaman kung nabago ang inyong mga lehislatibong distrito. Nagkakaloob ang online na kasangkapan na ito ng listahan ng mga luma at bagong distrito, kung kaya't napahihintulutan ang mabilisang paraan ng pag-alam kung may nabago sa alinman sa inyong mga lehislatibong distrito. Maaari din ninyong mahanap ang inyong mga distrito sa likod na pabalat nitong pamplet ng impormasyon para sa botante.

Muling kasama sa inyong balota ang dalawang labanan para sa Senado ng U.S., pati na rin ang dalawang labanan para sa Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad). Ang unang makikita na labanan sa Senado ng U.S. ang siyang maghahalal ng kandidato na maglilingkod para sa bagong termino na magsisimula sa Enero 2023. Ang ikalawang makikita na labanan para sa Senado ang siya namang maghahalal ng kandidato na maglilingkod para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2023. Ang unang makikita na labanan para sa Community College Board ang maghahalal ng tatlong kandidato na maglilingkod para sa mga bagong termino na magsisimula sa Enero 2023, samantalang ang ikalawang makikita na labanan ang maghahalal ng isang kandidato upang maglilingkod para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2025.

Pagsasaauli ng Inyong Balatang Vote-by-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Kapag hinulog ninyo ang inyong sobre ng balota sa asul na kahon ng USPS, o sa kahon para sa mga sulat, pakitiyak ang petsa at oras ng pagkolekta ng USPS sa inyong balota. Ito ay dahil iyon lamang mga balota na nasa sobrang may marka ng koreo sa Araw ng Eleksyon na Nobyembre 8, 2022, o bago ang petsang ito, ang mabibilang ng Departamento. Puwede ninyong mahanap ang pinakamalalapit na kahon ng USPS at mga oras ng pagkuha ng kahon sa usps.com/locator.

Simula Oktubre 10 at hanggang sa 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, magkakaloob ang Departamento ng 34 opisyal na mga kahong mahuhulugan ng balota sa mga komunidad sa kabuuan ng San Francisco. Puwedeng piliin ng sinumang botante ang paggamit ng opisyal na kahong mahuhulugan ng balota upang isauli ang kanilang nabotohan nang balota. Mahahanap ninyo ang kinaroroonan ng mga kahong mahuhulugan ng balota sa pamplet ng impormasyon para sa botante at sa aming website, na sfelections.org/balotdropoff.

Sa Araw ng Eleksyon, puwede rin ninyong isauli ang inyong nabotohan nang balota sa alinman sa 501 lugar ng botohan sa mga komunidad ng Lungsod, o sa Voting Center (Sentro ng Botohan) ng City Hall, na bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Pagsabaybay sa Katayuan ng inyong Balatang Vote-By-Mail

Puwedeng masubaybayan ng mga botante ang kanilang balota habang umuusad ito sa mga hakbang ng pagtitipon sa mga balota, paghahatid, pagpoproseso at pagbibilang sa sfelections.org/voterportal. Puwede ring magpalista ang mga botante upang makatanggap ng abiso sa katayuan ng kanilang balota sa pamamagitan ng email, text, o voice message sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Nagagamit ng Lahat na Sistemang Vote-by-Mail

Simula sa Oktubre 10, puwede nang magamit ng sinumang botante ang nagagamit ng lahat na sistemang vote-by-mail (AVBM) sa sfelections.org/access at nang makuha at mamarkahan ang kanilang balota gamit ang sarili nilang pantulong na teknolohiya. Matapos markahan ang balatang AVBM, kailangang i-print out ng botante ang balota, ilagay sa sobre, at isauli ang sobre ng balota sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon), nang tinitiyak na ang sobrang gamit sa pagsasaauli ay may marka sa koreo na Araw ng Eleksyon, o bago ang petsang ito.

Pagboto nang Personal

Sa Oktubre 11, bubuksan ng Departamento ang Voting Center nito na matatagpuan sa loob ng City Hall at magagamit ng lahat ng botante, kasama na ang mga hindi mamamayan na kuwalipikadong bumoto sa labanan para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon).

Bukas ang Voting Center mula Lunes hanggang Biyernes simula Oktubre 11, 8 a.m. – 5 p.m., sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Oktubre 29 – 30, at Nobyembre 5 – 6), 10 a.m. – 4 p.m., at sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, 7 a.m. – 8 p.m. Maglilingkod ang Voting Center sa lahat ng residente ng Lungsod na gustong bumoto nang personal, ihulog ang kanilang balota, gumamit ng kagamitan para sa may kapansanan (accessible voting equipment), o matapos ang Oktubre 24 na huling araw para sa pagpaparehistro, para sa probisyonal na pagpaparehistro at pagboto.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang mga lugar ng botohan para sa personal na pagboto at mga serbisyo para sa paghuhulog ng balatang vote-by-mail, nang 7 a.m. – 8 p.m. Nakalimbag ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Departamento sa (415) 554-4310, mag-email sa sfvote@sfgov.org, o bumisita sa sfelections.org.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor

English (415) 554-4375
Fax (415) 554-7344
TTY (415) 554-4386

sfelections.org
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48, San Francisco, CA 94102

中文 (415) 554-4367
Español (415) 554-4366
Filipino (415) 554-4310



Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang Voter Information Pamphlet (VIP, o Pamplet ng Impormasyon para sa Botante) bago ang bawat eleksyon at ibinibigay ito sa bawat rehistradong botante ayon sa hinihiling ng batas.

Nilalaman ng pamplet na ito ang impormasyon tungkol sa pagboto para sa Nobyembre 8 na eleksyon, mga kandidato, at mga lokal na panukalang-batas sa balota. Kung nais ninyong makita ang inyong halimbawang balota, mangyaring tingnan ang Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na ipinadala sa inyo.

Makukuha rin online ang pamplet na ito sa mga format na PDF, HTML, o XML sa sfelections.org/vip. Makakukuha ng bersiyon na malaki ang pagkaka-imprenta kung hihilingin, tumawag lamang sa (415) 554-4310.

Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante ng California

Bibigay ng Kalihim ng Estado ng California (California Secretary of State, SOS) ang Voter Information Guide (VIG, o Gabay na Impormasyon para sa Botante), na may impormasyon tungkol sa mga kandidato sa pambuong-estado at pampederal na katungkulan at mga pambuong-estado na panukalang-batas sa balota. Maaari ninyong makuha ang gabay sa voterguide.sos.ca.gov.

Nais ba ninyong makatipid ng papel? Alinsunod sa batas sa eleksyon, kailangang padalhan ng mga opisyal ng eleksyon ang lahat ng rehistradong botante ng naka-imprentang kopya ng pamplet, maliban na lang ang mga tumangging mapadalhan ng naka-imprentang kopya at ginusto ang elektronikong pagpapadala. Para piliin o tanggihan ang pagpapadala sa koreo ng naka-imprentang kopya ng pamplet, mangyaring pumunta sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa (415) 554-4310.

Ang Ballot Simplification Committee

Bago sumapit ang bawat eleksyon, nagtatrabaho ang Komite para Gawing mas Simple ang Balota (BSC) ng San Francisco sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbubuod sa simpleng salita ng bawat lokal na panukalang-batas sa balota. Tumutulong din ang BSC sa paghahanda ng “Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman” (Words You Need to Know) at ang “Mga Madalas Itanong” (Frequently Asked Questions, FAQs) na mga seksiyon ng pamplet na ito.

Ang mga miyembro ng BSC ay mga boluntaryo na nanggaling sa iba’t ibang karanasan, kasama na ang pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng BSC ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences

Ann Merrill

Nominado ng:

League of Women Voters

Scott Patterson

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences

Michele Anderson

Nominado ng:

Pacific Media Workers Guild

Andrew Shen, *ex officio**

Deputy City Attorney

Ana Flores, *ex officio**

Deputy City Attorney

**Ayon sa batas, ang City Attorney, o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng BSC ngunit hindi maaaring bumoto.*

Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pampederal, pang-estado, pandistrito at pang-munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya. Ang kasalukuyang mga miyembro ng Komisyon para sa mga Eleksyon ay sina:

Christopher Jerdonek, Presidente

italaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Robin M. Stone, Bise Presidente

italaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

Lucy Bernholz

italaga ng Treasurer (Tesorero)

Cynthia Dai

italaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

Renita LiVolsi

italaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Bakante

italaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Bakante

italaga ng Mayor (Punong-bayan)



Maaaring Nagbago na ang Inyong Pinagbobotohang Distrito!

Habang kayo'y naghahandang bumoto para sa Nobyembre 8, 2022, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon, mangyaring tandaan na maaaring nagbago na ang isa o higit pa sa inyong pinagbobotohang mga distrito at/o presinto mula noong huli kayong bumoto, bilang resulta ng kamakailang redistricting o muling pagdidistrito. Muling pagdidistrito ang tawag sa kada-dekadang proseso kung saan ginagamit ng pang-estado at pampederal na mga komite ng muling pagdidistrito ang datos mula sa pederal na Senso upang gumuhit ng bagong mga mapa ng pinagbobotohang distrito para mapanatili ang pantay na dami ng tao sa bawat pinagbobotohang distrito.

Nagkabisa ang bagong mga mapang pampederal at pang-estado ng mga pinagbobotohang distrito ng Lungsod noong Hunyo 7, 2022 na Eleksyon at ang mga bagong mapa para sa BART at Superbisoryal na distrito ay magkakabisa naman sa Nobyembre 8, 2022 na Eleksyon.

Ang address ng inyong tirahan ang tutukoy kung saang pinagbobotohang mga distrito kayo nakatira, at sa mga labanan at kandidato na makikita ninyo sa inyong balota. Kung nagbago na ang inyong pinagbobotohang mga distrito, maaaring iba na ang makikita ninyong mga kandidato at labanan sa inyong balota kumpara sa dati.

Para matuto ng higit pa tungkol sa mga lokal na pagbabago na dulot ng muling pagdidistrito, may ilan kayong mga opsiyon:

1. I-check ang likod na pabalat ng pamphlet na ito para malaman ang kasalukuyan ninyong pinagbobotohang distrito.
2. Suriin ang bagong mapa ng Superbisoryal na mga Distrito sa susunod na pahina nitong pamphlet.
3. Tingnan sa sfelections.org/maps ang mga mapa na nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng “lumang” 2011 na mga pinagbobotohang distrito sa “bagong” 2022 na mga pinagbobotohang distrito ng San Francisco.
4. Paghambingin ang inyong “lumang” 2011 na mga pinagbobotohang distrito sa inyong “bagong” 2022 na mga pinagbobotohang distrito gamit ang online tool sa sfelections.org/myvotingdistrict.
5. Panoorin ang presentasyon na nagpapaliwanag ng kamakailang proseso ng muling pagdidistrito sa sfelections.org/newdistricts.
6. Sumangguni sa mga opisyal na abiso ng Departamento sa paksang ito, kabilang ang mga poster, flyer, at mga patalastas sa pahayagan, radyo, at TV na ipinakalat sa buong Lungsod.
7. Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para sa mga partikular na tanong.

Maaaring Nagbago na ang Inyong Lugar ng Botohan!

Alinsunod sa iniaatas ng batas ng estado, kinailangang ayusin ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga hangganan ng mga pinagbobotohang presinto ng San Francisco upang umayon sa mga bagong iginuhit na mga hangganan ng distrito ng mga kinatawan. Ibig sabihin nito, maraming botante ang magkakaroon ng mga bagong presinto at bagong itinalagang lugar ng botohan sa Nobyembre 8 na Eleksyon.

Para mahanap ang address ng itinalaga para sa inyong lugar ng botohan, kasama ang impormasyon ukol sa aksesibilidad, mayroon kayong ilang opsiyon:

1. Sumangguni sa likod na pabalat ng pamphlet na ito.
2. Pumunta sa sfelections.org/myvotinglocation.
3. Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Gaya sa anumang eleksyon, ang mga botante na mas gustong ibalik ang kanilang mga pakete ng balotang vote-by-mail sa isang lugar ng botohan, ay maaaring gawin ito sa anumang lokasyon. Para sa kompletong listahan ng lokasyon ng mga lugar ng botohan sa San Francisco, bumisita lamang sa sfelections.org/voteatyourpollingplace.




Bagong Mapa ng mga Superbisoryal na Distrito

Nahahati ang San Francisco sa labing-isang Superbisoryal na Distrito. Sa Nobyembre 8 na eleksyon, boboto para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ang mga botanteng nakatira sa mga even ang bilang na Superbisoryal na Distrito (2, 4, 6, 8, at 10). Boboto naman sa 2024 para sa mga miyembro ng Lupon ng mga Superbisor ang mga botanteng naninirahan sa Superbisoryal na Distrito na odd ang bilang (1, 3, 5, 7, 9, at 11).

Ang sumusunod ay ang mapa na nagpapakita ng kasalukuyang mga hangganan ng mga Superbisoryal na Distrito at mga kapitbahayan na nasa loob na ngayon ng bawat Superbisoryal na Distrito.

Legend
— Hangganan ng Superbisoryal na Distrito
..... Hangganan ng Kapitbahayan





Mga Opsiyon sa Pagboto

Bilang botante ng San Francisco, maaari ninyong piliin na bumoto sa Nobyembre 8 na eleksyon sa **pamamagitan ng koreo o nang personal** sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Isang buwan bago sumapit ang susunod na eleksyon, at maging sa lahat ng eleksyon sa hinaharap, awtomatikong magpapadala sa koreo ang Departamento ng mga Eleksyon ng pakete ng balotang vote-by-mail (VBM) sa lahat ng rehistradong botante ng San Francisco. Naglalaman ang bawat pakete ng opisyal na balota, mga instruksiyon, “Bumoto Ako!” na sticker, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo.

Bubuksan din ng Departamento ng mga Eleksyon ang sistema ng aksesibleng vote-by-mail (AVBM) ng San Francisco 29 araw bago ang Araw ng Eleksyon (sa Oktubre 10 para sa Nobyembre 8 na eleksyon). Magagamit ng lahat ng lokal na botante ang sistemang AVBM sa sfelections.org/access, na nagkakaloob ng balotang nababasa sa screen na akma sa mga personal na aparatong pantulong.


Planuhin ninyo mang gumamit ng papel o aksesibleng balota, may tatlong hakbang na kailangan kayong kompletuhin:

	Papel na Balotang Vote-by-Mail	Aksesible na Balotang Vote-by-Mail
1: Markahan ang inyong Balota	Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa bawat kard ng inyong balota, at gawin ang inyong mga pagpili.	Pumunta sa sfelections.org/access para ma-access ang inyong balota, basahin ang mga online na instruksiyon, at gawin ang inyong mga pagpili.
2: Ihanda ang inyong Sobre	Alisin ang lahat ng resibo mula sa itaas ng mga kard ng balota, magkahiwalay na tiklupin ang bawat kard ng balota, at ipasok ang nakatiklop na mga kard sa loob ng pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang likod ng sobre, at isara ito nang mabuti.	I-print ang inyong balota at ipasok ito sa pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang likod ng sobre, at isara ito nang mabuti.
3: Ibalik ang inyong Balota	Mangyaring bigyang atensyon ang mga petsang kailangang malagyan ng postmark ang inyong balota at panahon na kailangang matanggap ito ng Departamento ng mga Eleksyon para mabilang. Huwag nang maghintay pa hanggang sa pinaka-huling pagkakataon! Para mabilang ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo, kailangang malagyan ng postmark ang mga ito nang hindi lalapas sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, at matanggap ng Departamento ng mga Eleksyon nang hindi lalapas sa Nobyembre 15, 2022. Kung ipadadala ninyo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon, mangyaring tiyakin ang oras ng huling koleksyon — kung nangyari na ang huling koleksyon ng koreo, huli na ring malalagyan ng postmark ang inyong balota at hindi na ito mabibilang. Nangangahulugan ito na kung ibabalik ninyo ang inyong balota sa mismong Araw ng Eleksyon, kailangan kayong gumamit ng mailbox kung saan hindi pa nagaganap ang huling oras ng koleksyon o dalhin ang inyong balota sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, o sa lugar ng botohan hanggang 8 p.m. Para mabilang ang mga balotang ibabalik nang direkta sa Departamento ng mga Eleksyon, kailangan namang maihulog ang mga ito nang hindi lalapas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8. Mula Oktubre 11 hanggang Nobyembre 7, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan nang hindi lalapas ng 8 p.m. Nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng 34 opisyal na kahon na hulugan ng balota sa mga komunidad sa kabuuan ng Lungsod. Magbubukas nang 24 oras araw-araw ang mga kahon na hulugan ng balota ito simula Oktubre 10 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8. Makikita sa pahina 8–9 at sa sfelections.org/ballotdropoff ang mapa at listahan ng lokasyon ng mga kahon na hulugan ng balota.	



Alam ba ninyo na maaari ninyong masubaybayan ang inyong vote-by-mail na balota para malaman ninyo kung kailan ito naipadala, natanggap at naproseso ng Departamento ng mga Eleksyon?

Magtungo sa sfelections.org/voterportal o magpalista sa wheresmyballot.sos.ca.gov para makatanggap ng notipikasyon ukol sa inyong balota sa email, text, o voice message.



Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa lahat ng taga-San Francisco na nais magparehistro upang makaboto o bumoto nang personal, makagamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balota:

- Lunes–Biyernes, mula Oktubre 11 hanggang Nobyembre 7, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Huling dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Oktubre 29–30 at Nobyembre 5–6), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 8, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bumoto sa Itinalaga para sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

Mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, magbubukas ang 501 lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at para sa mga serbisyo sa paghuhulog ng balota.

Maaaring nagbago na ang inyong lugar ng botohan para sa eleksyong ito! Tingnan ang address ng itinalaga para sa inyong lugar ng botohan, pati na rin ang impormasyon ukol sa aksesibilidad ng lugar, sa likod na pabalat ng pamplet na ito. Kung sakaling magbago ang itinalaga para sa inyong lugar ng botohan matapos ilimbag ang pamplet na ito, susubukan ng Departamento ng mga Eleksyon na bigyan kayo ng notipikasyon sa pamamagitan ng postcard at abiso na ipapaskil sa dati ninyong lugar ng botohan. Bago kayo bumoto sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong bumisita sa sfelections.org/myvotinglocation para kumpirmahin ang address ng inyong lugar ng botohan.




Mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Maaaring piliin ng sinumang botante na gumamit ng opisyal na kahon na hulugan ng balota sa San Francisco para ihulog ang kanilang balota o ang balota ng iba pang botante ng California na nagbigay sa kanila ng awtorisasyon para gawin iyon. Ang mga kahon na hulugan ng balota na ito ay nagbibigay sa mga botante ng ligtas, aksesible, at walang kontak na paraan ng pagbalik ng kanilang balota.

May bandilang Amerikano at opisyal na tatak ng Lungsod at County ng San Francisco ang bawat kahon at may malinaw na marka na “Official Ballot Drop Box”. Matatagpuan sa labas ng mga gusali ang bawat kahon para sa balota at ilalagay ang mga ito sa lugar na madaling madaraan ng lahat. Mayroon itong lusutan para sa pagdedeposito ng balota na pinosisyon nang humigit-kumulang sa 42 pulgada mula sa lupa, at nang masigurado na madali itong maaabot ng mga botanteng gumagamit ng wheelchair o ng iba pang kagamitan na pantulong sa paggalaw. Lahat ng abiso sa bawat kahon ay gagamit ng matitingkad at malalaki ang pagkaka-imprenta na letra na pininturahan sa paraan na hindi nakasisilaw sa mata at dinisenyo para madaling mabasa ng lahat ng botante. Mayroon din itong nakaumbok na instruksiyon sa Braille para gabayan ang mga botante na matukoy kung saan ang lokasyon ng siwang para sa pag-deposito ng balota. Naka-imprenta ang lahat ng instruksiyon sa Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese.

Legend	
	Kahon na Hulugan ng Balota
	Mga Hangganan ng Superbisoryal na Distrito



Para magbigay ng suhestyon o puna ukol sa kasalukuyang mapa ng mga kahon na hulugan ng balota, pumunta lamang sa sfelections.org/ballotboxfeedback.



Superbisoryal na Distrito	Kahon na Hulugan ng Balota	Lokasyon	Address
1	1	Cabrillo Playground	853 38th Ave
1	2	Richmond/Senator Milton Marks Branch Library	351 9th Ave
2	3	Golden Gate Valley Branch Library	1801 Green St
2	4	Presidio Branch Library	3150 Sacramento St
3	5	City College of San Francisco - Chinatown Center	808 Kearny St
3	6	Huntington Park	California St and Taylor St
3	7	North Beach Branch Library	850 Columbus Ave
4	8	Ortega Branch Library	3223 Ortega St
4	9	Parkside Branch Library	1200 Taraval St
5	10	City Hall	1 Dr Carlton B Goodlett Pl
5	11	Father Alfred E. Boeddeker Park	246 Eddy St
5	12	Park Branch Library	1833 Page St
5	13	Western Addition Branch Library	1550 Scott St
6	14	City College of San Francisco - Downtown Center	88 4th St
6	15	Mission Bay Branch Library	960 4th St
6	16	Ship Shape Community Center	850 Avenue I
7	17	Forest Hill Station (Muni Metro)	380 Laguna Honda Blvd
7	18	Ingleside Branch Library	1298 Ocean Ave
7	19	Merced Branch Library	155 Winston Dr
7	20	Sunset Branch Library	1305 18th Ave
8	21	Eureka Valley Recreation Center	100 Collingwood St
8	22	Glen Park BART Station	2901 Diamond St
8	23	Harvey Milk Recreation Center	50 Scott St
8	24	Noe Valley/Sally Brunn Branch Library	451 Jersey St
9	25	Bernal Heights Branch Library	500 Cortland Ave
9	26	City College of San Francisco - Mission Center	1125 Valencia St
9	27	Portola Branch Library	380 Bacon St
10	28	Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library	5075 3rd St
10	29	Potrero Branch Library	1616 20th St
10	30	Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center	1001 Potrero Ave
10	31	Visitacion Valley Branch Library	201 Leland Ave
11	32	Crocker Amazon Playground	799 Moscow St
11	33	Excelsior Branch Library	4400 Mission St
11	34	Ocean View Branch Library	345 Randolph St

Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan para sa Nobyembre 8 na Eleksyon!

"Kapag nakita mo kung paano ang proseso at gaano kahalaga ito, magkakaroon ka talaga ng panibagong respeto sa karapatan para bumoto, kaya't hinihikayat ko kayo na maransan ito." – J.L.

"Kapag nagtatrabaho ka sa lugar ng botohan, pakiramdam mo na parte ka ng isang bagay na may mahabang kasaysayan at may espesyal na lugar sa mundo." – B.C.

"Ramdam ko talaga na may ambag ako sa komunidad." – T.L.

"Gusto ko lang talaga ang pakiramdam na lumabas at kumilos para sa komunidad." – C.C.

"Dama mo na may nagtitiwala sa iyo. Alam nila (mga botante) na protektado ang kanilang boto kaya't may tiwala sila sa atin." – G.L.

Kami dito sa Departamento ng mga Eleksyon ay inaanyayahan kayong sumali sa aming San Francisco Poll Worker Team para sa Eleksyon sa Nobyembre 8, 2022!

Ang mga poll worker o manggagawa sa lugar ng botohan ang mga boluntaryo na tumutulong sa pangangasiwa sa pagboto sa mga lugar ng botohan sa komunidad sa Araw ng Eleksyon. Kasama sa kanilang responsibilidad ang pag-set up at pagsara ng lugar ng botohan, pag-check in sa mga botante gamit ang listahan sa presinto, pagsagot sa tanong ng mga botante, at pagbibigay ng mga materyales tulad ng mga balota, form para sa pagpaparehistro ng botante, at ang "Bumoto Ako!" na mga sticker.

Para sa kanilang isang araw na serbisyo, makatatanggap ang mga poll worker ng **sahod mula \$225 hanggang \$295**, pati na rin ang nakokolektang pin na espisipiko sa bawat eleksyon bilang pagkilala sa kanilang pagsisikap.

Para sa maraming indibidwal, makabuluhang paraan ng pagbibigay tulong sa kanilang komunidad ang pagsisilbi bilang poll worker. Sa katunayan, nagboluntaryo na ang ilang manggagawa sa botohan sa San Francisco sa mahigit 50 na eleksyon! Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagpapasalamat sa maraming mga boluntaryo na nangakong tutulong sa amin na isagawa ang paparating na eleksyon sa Nobyembre 8.

Umaasa kami na kayo rin ay makasasama sa amin para mapaglingkuran ang ating Lungsod!



Para mag-apply bilang poll worker, mangyaring bumisita sa sfelections.org/pwa o tumawag sa (415) 554-4395.



Batas sa mga Karapatan Ng Botante

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
 - hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahang ang isipan para bumoto
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
 - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-employo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan** sa California.
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov

Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Tulongan kaming kumalap ng impormasyon para sa mga susunod na election outreach sa San Francisco!

Inaanyayahan kayo ng Departamento ng mga Eleksyon na kompletuhin ang isang maikli, at walang pagkakakilanlan na survey upang ipaalam sa amin kung paano kayo nakatatanggap ng impormasyon ukol sa eleksyon. Ang inyong pakikibahagi sa survey na ito ay makatutulong sa Departamento na hubugin ang susunod nilang mga gawain sa pag-abot sa mga taga-San Francisco para mamahagi ng impormasyon tungkol sa kung paano magparehistro at bumoto.

Bago ang bawat eleksyon, bumubuo ang Departamento ng mga Eleksyon ng Voter Outreach and Education Plan na nagbubuo sa estratehiya na dinisenyo upang makapag-bigay ng mahahalagang pang-eleksyong impormasyon sa mga taga-San Francisco. Kasama sa estratehiyang ito ang paggamit ng mga abiso, flyer, presentasyon sa personal o virtual, radyo, telebisyon, at mga anunsyo sa pahayagan, website, at mga post sa social media, pati na rin ang pakikipag-partner sa mga lokal na organisasyong naka-base sa komunidad at mga ahensya ng lungsod.

Para kompletuhin itong survey, magtungo lamang sa sfelections.org/outreachimpactsurvey, o makipag-ugnayan sa amin para makatanggap ng papel na bersiyon nito sa koreo.

Salamat sa paglalaan ng oras upang ibahagi ang inyong feedback!





Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Nagbibigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng iba't ibang accessible na programa at mga serbisyo upang makatulong sa mga botante na bumoto nang pribado at independiyente.

Accessible na mga Materyales para sa Eleksyon

Makukuha ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (VIP) sa mga sumusunod na accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para humiling ng accessible na format ng VIP, tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Accessible na Sistemang Vote-By-Mail

Nagpapahintulot ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (AVBM) sa sinumang botante na markahan ang online na balotang nababasa sa screen. Akma rin ito sa mga personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng head-pointer at sip-and-puff. Upang ma-access ang Sistemang AVBM, bumisita sa *sfelections.org/access*. Bukas ang sistemang AVBM mula Oktubre 10, 2022 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, 2022.

Para sa mga dahilan na panseguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng mga boto ang sistemang AVBM sa internet. Pagkatapos markahan ang AVBM na balota, kailangang i-print at ibalik ng botante ang balota nang personal o sa pamamagitan ng koreo.



Ballot-Marking Devices (Mga Aparatong Pang-Marka ng Balota)

Mayroong mga accessible na ballot-marking device ang lahat ng lokasyon kung saan maaaring bumoto nang personal. Dahil hindi nagbibilang ng boto ang ballot-marking device, kailangang i-print ng botante ang papel na balota at i-scan ito gamit ang parehong makina na ginagamit upang i-scan ang mga regular na papel na balota.

Pinahihintulutan ng accessible na ballot-marking device ang sinumang botante na tingnan o masagutan ang iba't ibang bahagi at markahan ang kanyang balota gamit ang alinmang kombinasyon ng mga sumusunod na accessible na katangian:

- Mga opsiyon sa format na touchscreen, audio, o touchscreen/audio ng mga balota.
- Mga keypad na audio-tactile ang interface at may nakaumbok na Braille.
- Mga opsiyon para baguhin ang wika, laki ng letra, bilis ng audio, lakas ng tunog, at kulay.
- Mga instruksiyon na audio sa wikang Ingles, Cantonese, Mandarin, Espanyol, at Filipino.
- Mga privacy screen para sa mga touchscreen at headphone na natatanggal ang suklob.
- Akma sa sip-and-puff, paddle, head-pointer at iba pang aparato.
- Audio o biswal na pagsusuri sa mga pinagpilian sa pagboto sa lahat ng labanan.

Personal na Tulong at mga Opsiyon sa Pagpapadala ng Balota

Maaaring humiling ang sinumang botante ng hanggang sa dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empeleyo ng botante, o opisyal o ahente ng unyon na miyembro ang botante) na tulungan siya sa pagmamarka ng kanyang balota.



Maaari ding magtanong ang botante sa mga manggagawa sa lugar ng botohan para sa mga nabanggit na tulong. **Hindi dapat manghimasok sa proseso ng pagboto o gumawa ng desisyon para sa botante ang sinumang tumutulong sa botante sa pagmamarka ng kanyang balota.**

Maaaring humiling ang sinumang botante na bumoto sa “gilid ng daan” sa kahit saanmang lugar ng botohan na maaaring bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o pakikiusap sa kasama na pumasok sa loob ng botohan upang humiling na ipadala sa botante sa labas ang mga materyales sa pagboto.

Simula Nobyembre 2, ang sinumang botante na hindi kayang makalabas dahil sa sakit, kapansanan, o pagkapiit, ay maaaring mag-awtorisa ng ibang tao, pati na ng kawani ng Departamento ng mga Eleksyon, para kumuha at maghatid ng pang-emergency na balota na vote-by-mail para sa kanya. Upang humiling na mapadalhan ng pang-emergency na balota sa huling linggo ng panahon ng pagboto, kompletuhin ang form sa sfelections.org/ballotservices, o tumawag sa (415) 554-4310.

Iba pang Makukuhang Tulong para sa Accessible na Pagboto

Ang lahat ng lokasyon ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal ay mayroong mga accessible na kagamitan sa pagboto, kasama na ang mga lente at panulat na madaling hawakan para sa pagpirma ng listahan at pagmamarka ng balota. Ang lahat ng lokasyon ng botohan ay mayroon ding mga pasukan na accessible sa wheelchair, pati na rin ng mga booth ng botohan na accessible sa wheelchair at maaaring maupuan, at lahat ng ito ay markado ng pandaigdigang simbolo para sa pag-access.



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org o tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street.....(415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street..... (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street (415) 561-1835 o (415) 561-1836

Mission Campus

1125 Valencia Street..... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

Ocean Campus

50 Frida Kahlo Way (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344



Balota para sa Nobyembre 8, 2022 na Eleksyon

Makikita ang sumusunod na mga labanan sa balota para sa Nobyembre 8 na eleksyon:

Mga Katungkulang Nominado ng Botante

- Gobernador
- Tenyente Gobernador
- Kalihim ng Estado
- Kontroler
- Ingat-Yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
- Senador ng Estados Unidos (6 na taong termino na matatapos sa Enero 3, 2029)
- Senador ng Estados Unidos (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023)
- Kinatawan ng Estados Unidos sa Kongreso, Distrito 11 at Distrito 15
- Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 at Distrito 19

Mga Katungkulang Hindi Makapartido

- Punong Mahistrado ng Korte Suprema
- Mga Kasamang Mahistrado ng Korte Suprema
- Mga Namamatnugot na Mahistrado, Korte ng Pag-Apela
- Mga Kasamang Mahistrado, Korte ng Pag-Apela
- Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo
- Lupon ng Edukasyon, Puwesto 1, 2, 3
- Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Puwesto 1, 2, 3 (4 na taong termino na matatapos sa Enero 8, 2027)
- Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad, Puwesto 7 (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 8, 2025)
- Direktor ng BART, Distrito 8
- Tagatasa-Tagatala
- Abugado ng Distrito
- Pamublikong Tagapagtanggol
- Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2, 4, 6, 8, at 10 (tanging mga botanteng nakatira lamang sa mga Superbisoryal na Distritong even ang bilang ang mayroong ganitong labanan sa kanilang mga balota)

Pang-estado at Panlokal na mga Panukalang-batas sa Balota

Pagmamarka sa Inyong Balota

Nililista ng **Worksheet ng Balota** sa pahina 110–112 ang bawat labanan at panukalang-batas sa buong lungsod at ito’y kasangkapan na makatutulong sa bawat botante na mas maagang markahan ang kanilang mga pinili upang makatipid sa oras at maiwasan na magkamali habang minamarkahan ang opisyal na balota.

Kung nagkamali kayo sa pagmamarka ng inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng kapalit nito sa pamamagitan ng pagbisita sa sfelections.org/voterportal, pagtawag sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa kawani sa lugar ng botohan o sa kinatawan ng Voting Center (Sentro ng Botohan).

Mga Hakbang para sa Lahat ng Uri ng Labanan

1. Bago ninyo markahan ang anumang labanan, basahin ang mga instruksiyon na naka-imprenta sa bawat kard ng inyong balota.
2. Upang matiyak na mababasa at mabibilang ang inyong mga piniling iboto, gumamit ng lapis o panulat na itim o asul ang tinta.
3. Huwag magsulat ng personal na impormasyon, tulad ng inyong pangalan o mga inisyal saanman sa inyong balota.
4. Punan ang oval na nasa tabi ng inyong pinili para sa labanan o panukala, gaya ng ipinakikita sa larawan 1.
5. Para bumoto ng kuwalipikadong write-in (isinusulat-lamang) na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo na nasa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval na nasa tabi ng espasyong iyon. (Makukuha ang listahan ng mga kuwalipikadong write-in na kandidato sa sfelections.org/writein at sa Voting Center sa City Hall simula sa Oktubre 28, 2022 at sa lahat ng lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, 2022.)
6. Kung hindi ninyo nais na bumoto sa isang labanan o panukala, iwan itong blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukala.

Mga Hakbang para sa Labanan na Ranked-Choice Voting (RCV)

Sa eleksyon na ito, gagamit ang mga botante ng ranked-choice voting (pagbibigay ranggo sa mga pinagpilian, RCV) upang ihalal ang Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala), District Attorney (Abugado ng Distrito), at Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol). Boboto rin para sa miyembro ng Board of Supervisors na kakatawan sa kanilang distrito ang mga botanteng naninirahan sa mga even ang bilang na Superbisoryal na Distrito (2, 4, 6, 8, at 10).

Sa labanang ranked-choice voting, nakalista sa kaliwang kolum ng grid ng balota ang pangalan ng mga kandidato, at ang mga numero ng ranggo naman ay makikita sa itaas na hilera.

Sa ganitong ranked-choice voting, binibigyang ranggo ng mga botante ang kanilang mga pinili ayon sa pagkakasunod-sunod ng kanilang kagustuhan – unang pinili, ikalawang pinili, ikatlong pinili, at iba pa. Para bigyan ng ranggo ang mga kumakandidato para sa isang katungkulan, punan ang mga oval mula kaliwa pakanan, gaya ng ipinapakita sa larawan 2.

- Sa **unang kolum** para sa inyong **unang pinili**.
- Sa **ikalawang kolum** para sa inyong **ikalawang pinili**.
- Sa **ikatlong kolum** para sa inyong **ikatlong pinili**, at iba pa.

Mahalalagang bagay na dapat tandaan!

- Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong hilera. Kung minarkahan ninyo ang parehong kandidato nang mahigit sa isang beses, tulad ng ipinapakita sa larawan 3, bibilangin lamang ng isang beses ang boto ninyo para sa kandidatong iyon.
- Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong kolum. Kung binigyan ninyo ng parehong ranggo ang mahigit sa isang kandidato, tulad ng ipinapakita sa larawan 4, hindi bibilangin ang boto ninyo sa ranggong iyon at maging sa mga susunod na ranggo.
- Maaari kayong magbigay ng ranggo nang kahit gaano karami o kakaunti sa mga kandidato ayon sa inyong kagustuhan. Kung mas kaunti sa tatlong kandidato ang para sa isang katungkulan, maaari ninyong markahan ang inyong pinili, o mga pinili, at iwanang blangko ang natitirang mga kolum. (Sa eleksyong ito, may ilang labanang ranked-choice voting na mas kaunti sa tatlo ang kumakandidato.)





Paano Gumagana ang Ranked-Choice Voting?

Bibilangin ang unang pinili ng lahat.

Kapag may kandidatong nakatanggap ng mayorya ng boto bilang unang-pinili—higit sa kalahati—ang kandidatong iyon ang panalo. Kapag walang kandidatong nakatanggap ng mayorya, tatanggalin ang kandidatong pinakahuli sa labanan.

Bibilangin ang susunod na pinili ng mga botanteng pumili sa kandidatong natanggal. Uulitin ang siklong ito hanggang sa may manalo batay sa mayorya.

Maaaring magsanay ang mga botante sa pagmamarka ng labanang ranked-choice voting at malaman kung paano binibilang sa totoong eleksyon ang mga naka-ranggong pinili sa sfelections.org/practiceRCV.





Mga Eleksyon ng California

Iniaatas ng Top Two Candidates Open Primary Act (Batas sa Bukas na Primarya para sa Nangungunang Dalawang Kandidato) na ilista sa iisang balota ang lahat ng kandidato para sa katungkulan na nominado ng botante. Kabilang sa mga katungkulan na nominado ng botante ang mga pang-estadong katungkulang lehislatibo, katungkulang kongresyonal ng U.S., at katungkulan sa estado na naaayon sa saligang-batas. Hindi nalalapat ang sistema ng bukas na primarya ng California sa mga kandidatong tumatakbo para maging Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, o mga panlokal na katungkulan.

Sa magkaparehong bukas na primarya at pangkalahatang eleksyon, **maaari ninyong iboto ang sinumang kandidato, anuman ang kinakatigang partido na tinukoy ninyo sa inyong form ng pagpaparehistro bilang botante.** Sa primaryang eleksyon, ang dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto—maging anuman ang kinakatigan nilang partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang eleksyon. Kahit pa makatanggap ng boto ng mayorya ang isang kandidato (hindi bababa sa 50% + 1), kailangan pa ring magsagawa ng pangkalahatang eleksyon.

Maaari pa ring tumakbo sa primaryang eleksyon ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga katungkulan na nominado ng botante. Subalit, maaari lamang magpatuloy sa pangkalahatang eleksyon ang isinusulat-lamang na kandidato kung ang nasabing kandidato ay isa sa dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon. Bukod pa rito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang eleksyon.

Impormasyon Tungkol sa Kandidato

Kinakatangang Partido ng Kandidato

Ang kinakatigan na rehistradong politikal na partido, kung mayroon man, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante, ay nakaimprenta sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Kung ang kandidato ay tumatakbo para sa hindi makapartidong katungkulan, walang makikitang partido sa tabi ng pangalan ng kandidato.

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito. Magsisimula sa pahina 21 ang mga nasabing pahayag at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Hindi sinisiyasat para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya ng Lungsod, opisyal, o empleyado ang mga impormasyon na nilalaman ng mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na nakalimbag sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamplet na ito. Ang pagsasalin sa Filipino ay pareho hangga't maaari sa pinagmulang nilalaman na Ingles.

Maaari ninyong makita ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa mga sumusunod:

- **California Voter Information Guide**, na makukuha sa voterguide.sos.ca.gov: mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:
 - Senador ng Estados Unidos (termino na matatapos sa Enero 3, 2029)
 - Senador ng Estados Unidos (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023)
 - Gobernador
 - Tenyente Gobernador
 - Kalihim ng Estado
 - Kontroler
 - Ingat-Yaman
 - Pangkalahatang Abugado
 - Komisyonado ng Seguro
 - Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
 - Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo
 - Mga Mahistrado ng Korte Suprema
- **San Francisco Voter Information Pamphlet**: mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:
 - Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 at Distrito 15
 - Asembleya ng Estado, Distrito 17 at Distrito 19
 - Lupon ng Edukasyon
 - Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na matatapos sa Enero 8, 2027)
 - Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na matatapos sa Enero 8, 2025)
 - Direktor ng BART, Distrito 8
 - Tagatasa-Tagatala
 - Abugado ng Distrito
 - Pamublikong Tagapagtanggol
 - Lupon ng mga Superbisor, Distrito 2, 4, 6, 8, 10



Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Ipinag-uutos ng California Government Code (Kodigo ng Gobyerno ng California, CAGC) \$85600, na ilathala ng Department of Elections ang pangalan ng mga kandidato na kusang pumayag na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos na itinataguyod ng CAGC \$85400. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod na kandidato ay sina:

Asembleya ng Estado, Distrito 17

David Campos

Matt Haney

Asembleya ng Estado, Distrito 19

Phil Ting

Karsten Weide

Mga Pag-Endoso ng Partido sa mga Kandidato

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endoso ng mga kandidato para sa mga katungkulang pambuong-estado. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod ang maagap na naisumiteng pag-eendoso:

Senador ng Estados Unidos (parehong labanan)

Partidong Demokratiko: Alex Padilla

Partidong Republikano: Mark P. Meuser

Partidong Amerikanong Independiyente: Mark P. Meuser

Gobernador

Partidong Demokratiko: Gavin Newsom

Partidong Republikano: Brian Dahle

Partidong Amerikanong Independiyente: Brian Dahle

Tenyente Gobernador

Partidong Demokratiko: Eleni Kounalakis

Partidong Republikano: Angela E. Underwood Jacobs

Kalihim ng Estado

Partidong Demokratiko: Shirley N. Weber

Partidong Republikano: Rob Bernosky

Kontroler

Partidong Demokratiko: Malia M. Cohen

Partidong Republikano: Lanhee J. Chen

Ingat-Yaman

Partidong Demokratiko: Fiona Ma

Partidong Republikano: Jack M. Guerrero

Pangkalahatang Abugado

Partidong Demokratiko: Rob Bonta

Partidong Republikano: Nathan Hochman

Komisyonado ng Seguro

Partidong Demokratiko: Ricardo Lara

Partidong Republikano: Robert Howell

Partidong Amerikanong Independiyente: Robert Howell

Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2

Partidong Demokratiko: Sally J. Lieber

Partidong Republikano: Peter Coe Verbica

Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

Partidong Demokratiko: Tony K. Thurmond

Partidong Republikano: Lance Ray Christensen

Partidong Amerikanong Independiyente: Lance Ray Christensen

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

Partidong Demokratiko: Nancy Pelosi

Partidong Republikano: John Dennis

Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15

Partidong Demokratiko: Kevin Mullin

Asembleya ng Estado, Distrito 17

Partidong Demokratiko: Matt Haney

Asembleya ng Estado, Distrito 19

Partidong Demokratiko: Phil Ting

Partidong Republikano: Karsten Weide



Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala)

Ang Assessor-Recorder ang nagdedesisyon kung aling ari-arian sa Lungsod at County ng San Francisco ang papatawan ng buwis sa ari-arian, at kung ano ang halaga ng ari-ariang iyon para sa layunin ng pagbabayad ng buwis. Apat na taon ang nakatakdang haba ng panahon ng panunungkulan at kasalukuyang may suweldo ang posisyon na \$235,534 kada taon.

District Attorney (Abugado ng Distrito)

Ang District Attorney ang nag-uusig ng mga kasong kriminal para sa Lungsod at County ng San Francisco. Apat na taon ang nakatakdang haba ng panahon ng panunungkulan at kasalukuyang may suweldo ang posisyon na \$331,032 kada taon. Nasa balota ang labanang ito dahil sa nangyaring pagkabakante noong 2022. Pipili ng kandidato ang mga botante sa eleksyong ito na magsisilbi hanggang sa simula ng susunod na termino sa Enero 2024 at makikitang muli ang labanang ito sa Nobyembre 2023 na balota.

Public Defender (Pamublikong Tagapagtanggol)

Ang Public Defender ang nagbibigay ng legal na representasyon sa mga taga-San Francisco na nakasuhan ng krimen at hindi kayang magbayad para sa kanilang sariling abugado. Ang termino sa panunungkulan ng Public Defender ay apat na taon at may kasalukuyang sahod na \$271,102 kada taon.

Miyembro, Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Ang Board of Supervisors ang sangay sa pagbabatas ng pamahalaan ng Lungsod at County ng San Francisco. Nagsasabatas at nag-aaprubang mga miyembro nito ng taunang budget para sa mga departamento ng Lungsod. Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng Board of Supervisors at \$156,442 sa bawat taon ang suweldo nila. Mayroong labing-isang miyembro ang Board of Supervisors. Boboto ang mga botante sa Distrito 2, 4, 6, 8, at 10 para sa kanilang miyembro sa Board of Supervisors sa eleksyong ito.

Miyembro, Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

Ang Board of Education ang may pitong miyembrong pamunuang entidad para sa San Francisco Unified School District (Pinagsama-samang Distritong Pampaaralan ng San Francisco). Pinamamahalaan nito ang kindergarten hanggang sa ika-labindalawang grado. Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng lupon at \$6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila. Sa eleksyong ito, boboto ng tatlong miyembro ang mga botante.

Miyembro, Community College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad)

Ang Community College Board ang may pitong miyembrong pamunuang entidad para sa San Francisco Community College District (Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco). Pinamamahalaan nito ang City College at ang ibang sentro ng pag-aaral para sa mga nasa hustong gulang. Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan para sa mga miyembro ng lupon ito at \$6,000 sa bawat taon ang bayad sa kanila. Sa eleksyong ito, boboto ng tatlong miyembro (buong termino) at isang miyembro (natitirang bahagi ng kasalukuyang termino) ang mga botante.



Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11

NANCY PELOSI

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Karangalan kong katawanin sa Kongreso ang San Francisco at ang ating mga pagpapahalaga sa kalayaan, katarungan, at pagkakapantay-pantay.

Bilang inyong Kinatawan, nakapag-uwi na ako ng bilyon-bilyong dolyar upang masuportahan ang maganda ang suweldong naka-unyon na mga trabaho, pabahay, imprastrukturang mabuti para sa kapaligiran, pangangalaga sa kalusugan, at pampublikong edukasyon.

Sa panahon ng aking kasalukuyang termino, nakapaghatid kami ng ayuda nang dahil sa COVID, at nang makapaglagay ng pera sa bulsa ng taumbayan, mabakunahan ang mga braso, mapabalik ang mga bata sa paaralan, at ligtas na mapanumbalik ang mga tao sa trabaho; mapondohan ang imprastruktura upang muling maitayo ang mga ito nang makatarungan at nang napoprotektahan ang kapaligiran; ang batas na nauukol sa CHIPS at Siyensiya upang maging independiyente ang Amerika sa supply chain o mga pinagkukunan, at magkaroon ng inklusibong inobasyon sa STEM; ang Inflation Reduction Act (Batas ukol sa Pagbabawas sa Pagtaas ng Presyo) upang mabawasan ang gastusin sa pangangalaga ng kalusugan, makalikha ng mga trabaho, at matugunan ang krisis sa klima; ang PACT Act (Batas na PACT) upang maprotektahan ang ating mga beteranong nalandad sa burn pits (bukas na pamamaraan ng pagsusunog sa basura); ang makasaysayang pagpigil sa karahasan na bunga ng baril upang magawang mas ligtas ang ating mga komunidad; at ang pakikipagdiplomasya upang mapagtibay ang ating mga pakikipag-alyansa sa ibang bansa.

At higit pa rito ang kailangan natin. Iyan ang dahilan kung bakit pinalalawak natin ang Affordable Care Act (Batas ukol sa Abot-kayang Pangangalaga); pinagtibay ang Social Security (Panlipunang Seguridad), Medicare at Medicaid; pinararami ang mga mapagkukunan ng tulong at impormasyon ukol sa HIV/AIDS, kagalingan ng isip, at mga indibidwal na may kapansanan, at tinutugunan ang Monkeypox.

Ang ating pag-unlad ay tungkol sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan at sa pag-uuna sa nagtatrabahong mga indibidwal kaysa sa nakapamalagi nang mga espesyal na interes. Bagamat nangangampanya ang malalaking negosyo laban sa mas mababang presyo para sa insulin, gas, at groseriya, pinoprotektahan ko ang mga konsumer at nilalabanan ang hindi makatwirang pagtataas ng presyo. Habang itinutulak ng mga indibidwal na sukduhan ang paniniwala ang pambansang pagbabawal sa aborsiyon at ginagawang marurupok ang mga karapatan sa pagiging pribado ng indibidwal, ipinaglalaban ko ang kalayaan sa reproduksiyon at ang pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa.

Tumatakbo ako para muling mahalal at upang maipagpatuloy ang ating laban, at sa gayon, mapaghusay ang buhay ng mga mamamayan at maipagtanggol ang ating Demokrasya, at magalang kong hinihiling ang inyong boto.

Salamat po.

Nancy Pelosi

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 15

DAVID CANEPA

Ang aking trabaho ay Superbisor ng San Mateo County.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo si David Canepa para sa Kongreso upang ipaglaban tayo sa Washington, tulad ng nagawa na niya para sa atin sa Bay Area, partikular na sa hindi pa nagaganap kailanman na panahon ngayon, kung saan tinatanggal ng Korte Suprema ang matagal nang mga kalayaan na mayroon tayo, at ginagawang mas kaunti ng pagtaas ng presyo ng bilihin ang mga nasa panggitnang uri.

Galing si David sa pamilya ng mga imigrante, ipinanganak at pinalaki sa S.F. Peninsula, at pinaka-una sa kanyang pamilya na makapasok sa kolehiyo. Naglingkod na siya bilang mayor at bilang Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa San Mateo County, kung saan pinamunuan niya ang tungkulin ng pagwawakas sa pandemyang COVID, pagbibigay-proteksiyon sa frontline workers (mga nagtatrabaho sa mahahalagang industriya), at pagtatamo ng isa sa pinakamatataas na porsiyento ng mga bakunado sa bansa.

Makikipaglaban si David para sa progresibong mga pinahahalagahan sa pamamagitan ng pagtugon sa pagbabago ng klima, paniningil sa mayayaman at malalaking korporasyon upang pagbayarin ng makatwirang bahagi ang mga ito, at sa gayon, makapamuhunan tayo sa panggitnang uri sa pamamagitan ng mas magagandang sahod at mas abot-kayang pabahay.

Titiyakin ni David na magkakaroon ng pamamaraan ang lahat na makakuha ng abot-kaya at de-kalidad na pangangalaga sa kalusugan at makipaglaban sa mga parmasyotikong kompanya upang mapababa ang halaga ng mga inireresetang gamot. Makikipagtunggali si David upang maprotektahan ang karapatan ng kababaihan na magpasya para sa sarili, at sinusupportahan niya ang pantay na suweldo para sa kababaihan.

Si David lamang ang kandidatong tinatanggi ang pera na mula sa mga korporasyon at nagpapatakbo ng kampanyang pinopondohan sa pamamagitan ng lokal na kolektibong pagkilos.

Kabilang sa aming mga taga-suporta ang/sina:

National Nurses United

National Union of Healthcare Workers

Frontline na mga manggagawa sa mga groseriya — Union of Food and Commercial Workers (UFCW)

Ang American Federation of State, County, and Municipal Employees (AFSCME 829)

Presidente ng San Francisco Board of Supervisors
Shamann Walton

Superbisor ng San Francisco Myrna Melgar

Tagapangulo, Board of Equalization Malia Cohen

Katiwala ng San Francisco City College Alan Wong

Dating Superbisor ng San Francisco John Avalos

Samahan kami: David Canepa para sa Kongreso

David Canepa

KEVIN MULLIN

Ang aking trabaho ay Pansamantalang Tagapagsalita na Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Inendoso na ako nina Kongresista Jackie Speier, Senador Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, ng California Democratic Party (Partido Demokratiko ng California), at ng mahigit sa 100 halal na lider at lider ng komunidad para sa U.S. House of Representatives (Kongreso ng Estados Unidos).

Bakit? Dahil alam nilang mayroon na akong napatunayang rekord ng pagkakaroon ng mga resulta sa Asembleya ng Estado, na nakapagpaganda sa buhay ng mga pamilya sa distrito, at higit pa rito ang magagawa sa Kongreso. Sa Primaryang Eleksyon noong Hunyo, ako ang nakakuha ng pinakamatataas na boto para sa Kongresiyonal na Distrito 15.

Sa loob ng huling dekada ng Asembleya, nakapagsulat at nakapagpasa ako ng mahigit sa 60 panukala na naging mga batas, kasama na ang unang batas para sa lahat ng eleksyon na napagbobotohan sa pamamagitan ng koreo, at ang makasaysayang DISCLOSE Act (Batas ukol sa Pagsisiwalat ng Impormasyon) at nang maipagbawal ang dark money (politikal na paggasta ng mga nonprofit) mula sa mga kampanya sa California.

Nakatulong na ako sa paghahatid ng mahigit sa \$1 bilyon para sa mga proyekto sa transportasyon at sa pagsugpo sa pagtaas ng mga lebel ng tubig-dagat at sa pagbabago sa klima. Matagumpay kong naitulak ang abot-kayang pabahay, pangangalaga sa bata, at mga karapatan at kalayaan na nauukol sa reproduksiyon.

Nakapaglingkod na ako bilang Mayor, Miyembro ng Konseho at bilang may-ari ng maliit na negosyo sa distrito. Namumuhay ako at ang aking asawa at kambal na anak na lalaki nang hinaharap ang pang-araw-araw na inaalala ng mga residente ng distrito.

Dahil hindi na abot-kaya ng marami ang pabahay, at tumataas na ang halaga ng pangangalaga sa kalusugan, pangangalaga sa bata, at mataas na edukasyon, karapat-dapat kayong magkaroon ng subok nang progresibong lider na maghahatid sa inyong mga inaasahan at inaalala sa Kongreso at makikipaglaban para sa ekonomiyang gumagana para sa ating lahat.

Sa Kongreso, patuloy akong makikipaghamok para sa kinabukasan ng ating demokrasya at ng ating planeta.

Pakisamahan sina Kongresista Jackie Speier at iboto si Kevin Mullin para sa Kongreso.

KevinMullinForCongress.com

Kevin Mullin

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

MATT HANEY

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinararantal ko na nahalal ako upang katawanin ang ika-17 Pang-assemblyang Distrito sa espesyal na eleksyon noong Abril 2022.

Mabilis kong naisagawa ang mga tungkulin sa Sacramento sa pamamagitan ng pagharap sa pinakamahirap na hamon sa ating lungsod at estado: kawalan ng tahanan, pagbabago ng klima, pampublikong kaligtasan, at pagiging abot-kaya ng pabahay.

Sa aking pinaka-unang batas bilang Miyembro ng Asembleya, naging kasamang awtor ako ng pangkat ng mga batas na nagbibigay-proteksiyon sa karapatan ng kababaihang magpasya para sa sarili rito sa California. Itinalaga akong Katulong na Lider ng Mayorya para sa Polisiya at Pananaliksik, at nang mapamunuan ko ang trabaho ng aming magkakapulung sa partido tungo sa pagbuo ng inobatibo at naaaksiyunang pananaliksik at panukala para sa polisiya. At napamunuan ko na rin ang napakahalagang mga batas na magtatayo ng pabahay, magtatanggal sa mga indibidwal na may sakit sa isip mula sa mga kalye tungo sa pangangalaga, magpapabawas sa pagsingaw ng carbon, at makakapigil sa karahasang idinudulot ng mga baril.

Bilang inyong Miyembro ng Asembleya, palagi akong magtatrabaho upang maprotektahan ang batayang mga karapatan, at makikipaglaban para sa praktikal at mapangahas na mga solusyon sa malalaking hamon na kinakaharap natin.

Ang aking mga prayoridad:

- Magtayo ng 100,000 bagong unit ng pabahay sa San Francisco sa loob ng 10 taon upang magawang abot-kaya ng lahat ang pabahay.
- Palawakin ang supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta) at pangangalaga para sa kalusugan ng isip, at nang dramatikong mabawasan ang kawalan ng tahanan at pagtira sa kalye.
- Protektahan ang karapatan ng kababaihan sa pagpapasya para sa sarili, mga karapatan ng LGBTQ+, at mga karapatang sibil.
- Harapin ang pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pamumuhunan sa napanunumbalik na enerhiya at napananatiling pampublikong transportasyon.
- Suportahan ang community policing (pagpapatakbo ng pulisya nang may pakikipagtulungan sa komunidad), ihinto ang mga krimeng ibinubunsod ng pagkasuklam sa mga Asyano, at tanggalin ang mga baril at fentanyl mula sa kalye nang may epektibong mga konsekuwensiya.
- Pagbayarin ng kanilang makatarungang bahagi ang malalaking korporasyon at mga CEO na kumita ng bilyon-bilyon sa panahon ng pandemya.

Inendoso ng dose-dosenang lider at organisasyon, kasama na sina/ang:

- Gobernador Gavin Newsom
- Pangkalahatang Abugado Rob Bonta
- California Professional Firefighters
- California Nurses Association
- California Federation of Teachers
- California Environmental Voters
- Equality California
- SEIU California
- NARAL Pro-Choice California
- Planned Parenthood Northern California Action Fund
- Alice B. Toklas LGBTQ Democratic Club
- Chinese American Democratic Club
- San Francisco Women's Political Committee

Alamin pa ang tungkol dito sa MattHaney.com

Matt Haney

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Tagapangulo ng Badyet sa Asembleya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dahil halos lahat ng bagay ay mas mataas na ang presyo, kailangang mas mabuti pa ang magawa ng ating gobyerno. Iyan ang dahilan kung bakit nagtatrabaho kami nang lampas pa sa takdang oras upang maharap ang pinakamalalaking hamon, tulad ng kawalan ng tahanan, pagtaas ng porsiyento ng mga krimen, at mataas na halaga ng pabahay.

Bilang Tagapangulo ng Assembly Budget Committee (Komite para sa Badyet ng Asembleya), halos lahat ng mungkahi na nauukol sa paggasta ay dumaraan sa aking mesa. Misyon kong tiyakin na mahusay na nagagasta ang mga dolyar na buwis na pinaghirapan ninyong kitain. Iyan ang dahilan kung bakit isinulat ko at naipasa ang batas na:

- Ipinamuhunan ang natirang pera ng estado kung saan may pinakamalaking epekto ito — sa pagpapabuti ng K-12 na edukasyon, paglikha ng mas maraming abot-kayang pabahay at pagbubukas ng mas maraming lugar para sa mga taga-California sa ating mga pampublikong kolehiyo at unibersidad.
- Nagtuon sa kaligtasan — kasama na ang pag-uwi ng mga dolyar mula sa estado upang mapondohan natin ang mga programa na nilalabanan ang karahasan, kasama na ang naka-aalarma na biglaang pagdami ng mga krimen na ibinubunsod ng pagkasuklam sa mga Asyano. Pinagsama-sama namin ang mga mamamayan upang maipasa ang nakabatay sa sentido komun na mga batas na nauukol sa kaligtasan mula sa baril, at sa gayon, manatiling wala sa kamay ng mapapanganib na indibidwal ang mga sandata.
- Nagtrabaho ako para sa pagbangon ng ekonomiya sa pamamagitan ng pag-uwi ng karagdagang pondo para sa pagtugon sa COVID-19 at pakikipaglaban upang maayos ang kaguluhan sa opisina ng estado para sa unemployment o kawalan ng trabaho.

Sa pamamagitan ng inyong suporta, patuloy akong makikipaglaban para sa makatarungan at buong pagbangon ng ekonomiya, para sa bagong pabahay at pampublikong transportasyon na kailangan natin at sa gayon ay maging makatwiran ang mga gastusin sa pabahay, para sa mga programa sa kalusugan ng isip at pagsasanay sa trabaho na kailangan natin upang mapababa ang bilang ng mga krimen, at higit sa lahat — para sa gobyerno ng estado na tumutugon sa inyo.

Ikinararangal kong nakuha ko na ang suporta ng California Professional Firefighters Association, ng California Teachers Association, ng California Nurses Association, at ng Sierra Club, Tsapter ng San Francisco Bay, at marami pang iba.

Umaasa akong sasamahan ninyo kami sa www.PhilTing.com.

Phil Ting

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

ALIDA FISHER

Ang aking trabaho ay Nag-aadbokasiya para sa Espesyal na Edukasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang nag-aadbokasiya para sa espesyal na edukasyon, dating tagapangalagang magulang, at ina ng apat na batang Aprikano Amerikano, napakapersonal para sa akin ng mga usaping nauukol sa katarungang panlipunan at katarungan sa pagkakapantay-pantay.

Mahigit 15 taon na akong aktibong miyembro para sa pamamahala sa antas ng mga paaralan at ng distrito. Nakalahok na ako sa mga PTA at SSC sa walong paaralan, at karagdagan dito, sa mga komite at nagtatrabahong pangkat sa antas ng distrito. Gayon pa man, ang karanasan ko sa pagtatrabaho upang makakuha ng mga serbisyo para sa sarili kong mga anak ang siyang nakapagpanibago sa akin mula sa pagiging aktibong magulang tungo sa pagiging aktibistang magulang.

Ginugugol ko ang aking mga araw nang nakikipaglaban katabi ng mga pamilya, at nang matulungan ang mga estudyanteng magtagumpay sa paaralan. Araw-araw, nakikita ko kung paano naisasantabi ng mga paaralan ang mga indibidwal na iba kung mag-isip at matuto. Karapatang sibil ang edukasyon - makagagawa tayo ng mas mabuti kaysa rito!

Ang aking mga prayoridad

- Suportahan ang mga kawani ng SFUSD: ayusin ang sistema ng pagpapasuweldo; punan ang mga bakanteng posisyon sa kawanihan; mamuhunan sa propesyonal na pag-unlad
- Dalhin ang ating kurikulum sa pagbabasa at kung paano tayo nagbabasa sa ika-21 siglo
- Lumikha ng badyet na sumasalamain sa mga pinahalagahan natin: higit na magkaroon ng pagpapanagot at kabukasan sa pagsisiyasat sa paggawa ng mga desisyon; tiyakin na sinasalamain ng ating badyet ang mga pangangailangan ng ating mga estudyante

Mga pag-eendoso:

United Educators of San Francisco

Board of Supervisors:

- Shamann Walton, Presidente
- Gordon Mar
- Myrna Melgar
- Hillary Ronen

San Francisco Democratic County Central Committee

- John Avalos
- Keith Baraka
- Gloria Berry
- David Campos
- Bevan Dufty
- Peter Gallotta
- Li Miao Lovett
- Faauuga Moliga
- Carolina Morales
- Mano Raju
- AJ Thomas
- Shanell Williams
- Han Zou

Alamin pa ang tungkol dito sa www.alidafisher.com

Alida Fisher

KAREN FLESHMAN

Ang aking trabaho ay Edukador sa Dibersidad at Inklusiyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong boluntaryong magulang ng SFUSD, nagtapos sa pampublikong paaralan, anak na babae ng retiradong edukador, may-ari ng maliit na negosyo, at abugado. Mahal ko ang mga paaralan ng aking mga anak at gusto kong pagsimulan at pagyamanin ang lahat ng mabuti sa SFUSD sa pamamagitan ng pakikinig, pagtutulay, at paglutas sa mga problema. Kailangan natin ng ligtas at positibong mga paaralan sa bawat komunidad, kung saan nagkakaloob ng matataas na inaasahan at malalaking suporta para sa lahat ng kabataan, pamilya, at edukador.

Sa loob ng 20+ taon, nakapagtrabaho na ako para sa lokal na mga ahensiya ng gobyerno at nonprofit upang maihanda ang kabataan sa tagumpay sa kolehiyo, karera, at buhay, at naging gabay na ako sa marami. Nabigyang-inspirasyon ako ng aking mga ginabayan upang maging edukador sa dibersidad at inklusyon, na tumutulong upang mabago ng mga lugar sa pagtatrabaho ang kanilang kultura, at sa gayon ay maging ligtas at positibo ang mga ito para sa lahat.

Dadalhin ko ang aking karanasan upang matiyak na uunlad ang bawat estudyante ng SFUSD, at magtatapos nang handa para sa kolehiyo o karera.

Upang makarating doon, kailangang magsimula tayo nang maaga, kung saan nag-reenroll ang lahat ng estudyante sa transisyonal na kindergarten, nagbabasa sa antas ng grado sa elementarya, handa na para sa high school pagdating ng ika-walong grado, at sinusuportahan magmula sa ika-siyam na grado hanggang sa pagtatapos sa pamamagitan ng indibidwalisadong plano para sa kanilang hinaharap, may bayad na trabaho sa tag-araw, at mga aktibidad para sa pagpapayaman ng kaalaman.

Ang aking mga prayoridad:

- Pamumuhunan sa akademiko at sosyo-emosyonal na kagalingan ng mga estudyante at edukador
- Pagkakaloob ng kabukasan sa pagsisiyasat at pananagutan sa pagbabadyet
- Pagtataguyod ng paggawa ng mga desisyon nang may kolaborasyon

Pagkakaisa ng San Francisco para sa San Francisco Unified

karenfordschools.com

Karen Fleshman

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

ANN HSU

Ang aking trabaho ay Itinalagang Miyembro, Board of Education.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang miyembro ng SF School Board, may pananagutan ako sa pagtamo ng tagumpay ng mga estudyante at sa akademikong kahusayan, ligtas na mga paaralan, at kahusayan sa pagpapatakbo. Ina ako ng kambal na lalaki na naka-enroll sa SFUSD, at makaraang yumao ang aking ama at asawa sa panahon ng pandemya, inilaan ko na ang aking oras, enerhiya, mga kakayahan, at rekurso tungo sa pagtugon sa mga kabiguan ng ating sistema ng pampublikong paaralan.

Magmula noong itinalaga ako ni Mayor Breed sa School Board noong Marso 2022, nakapagtrabaho na ako upang:

- maipasa ang balanseng badyet at bawiin ang halos lahat ng mga pag-aabiso ukol sa pagkakatangal sa trabaho
- makapag-employo ng superintendenteng nakatuon sa mga estudyante
- muling magkaroon ng pagtanggap na nakabatay sa mga pamantayan sa Lowell High School
- pagwawakas sa pag-apela sa kaso sa hukuman na nauukol sa Washington mural
- paglikha ng task force (pangkat para sa espesyal na gawain) sa high school at sa gayon ay matiyak ang pamamahagi ng mga rekurso sa kabuuan ng distrito nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay
- mapamunuan ang pagsusumikap na maibalik ang JROTC sa Balboa, Mission, at Galileo nang walang karagdagang gastos ang SFUSD

Ikinararantal kong makuha ang mga pag-eendoso nina/ng Senador Scott Wiener, Mayor London Breed, Dating Kandidato sa Pagkapresidente Andrew Yang, Dating Presidente ng Board of Supervisors Matt Gonzalez, at ng Chinese American Citizens' Alliance.

Gagawin kong aksiyon ang mga salita para sa kapakanan ng ating mga estudyante at pamilya.

www.AnnForSFBoe.com

Ann Hsu

GABRIELA LÓPEZ

Ang aking trabaho ay Gurong Edukador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong habambuhay nang mag-aaral at edukador at nakapaglingkod na ako bilang guro sa klasrum, edukador sa bilangguan, dating Presidente ng School Board, at kontraktuwal na propesor — isang guro ng mga edukador sa hinaharap. Naniniwala ako na maiaangat ng ating mga pampublikong paaralan ang bawat isa sa ating mga estudyante. Ang aking karanasan ang magbibigay ng inspirasyon at impormasyon sa aking trabaho sa San Francisco Board of Education.

Bilang unang henerasyon na Mehikano-Amerikano at Mag-aaral ng Wikang Ingles, lumaki ako sa mga pampublikong paaralan. Alam ko ang karanasan ng pagkakaroon ng mga magulang na nalampasan ang mga hadlang na dulot ng wika at kahirapan, at nang masuportahan ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Araw-araw akong naroroon mismo sa lugar ng paggawa, kasama ang ating mga estudyante, guro at pamilya, at walang pagod na nagtatrabaho upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Nang magsimula ang pandemyang COVID, nagtrabaho ako upang matiyak na napapakain ang mga bata ng ating lungsod, at mayroon tayo ng teknolohiyang kailangan nila upang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral.

Pakiramdam ko ay mayroon akong moral na responsibilidad na katawanin ang lahat ng estudyante, lalo na ang mga estudyanteng mababa ang kita at imigrante, na tulad ko, ay tuloy-tuloy na humaharap sa mga hadlang sa pag-aadbokasiya para sa de-kalidad na edukasyon. Nawawalan na ng pag-asa ang ating mga pamilya nang dahil sa kalagayan ng mga pampublikong paaralan. Tungkulin natin na manindigan na dapat maging pangunahing prayoridad ng distrito ang edukasyon at kagalingan ng kanilang mga anak.

Kasama sa aking iba pang prayoridad ang:

- Pagpapalaki sa Pondo at Pagpaparami sa mga Rekurso ng mga Paaralan
- Pagpapahusay sa mga Suporta sa Espesyal na Edukasyon
- Pagpapalawak sa mga Oportunidad sa Matematika, Pagbabasa, at Siyensiya
- Pamumuhunan sa Paghahanda para sa Kolehiyo

www.gabrielalopez.org

Gabriela López



Mga Kandidato para sa Board of Education (Lupon ng Edukasyon)

LAINIE MOTAMEDI

Ang aking trabaho ay Itinalagang Miyembro, Board of Education.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang magulang ng mga bata na nasa pampublikong paaralan, hindi pumasok ang mga anak kong nasa ika-5 at ika-8 grado sa loob ng mahigit sa isang taon sa panahon ng pandemya. Nagtuon ang dating school board sa politika, at hindi sa mga pangangailangan ng mga estudyante, pamilya, at edukador.

Itinalaga ako ni Mayor Breed noong Marso dahil sa aking matagumpay na karanasan sa mga problema ng distrito— pagboboluntaryo sa klasrum, konseho sa paaralan, mga PTA, at bilang itinalaga sa mga komite sa badyet ng kabuuan ng distrito. Magdadala ako ng 20 taon ng propesyonal na karanasan sa gobyerno, pagnenegosyo, at mga lupon ng nonprofit. Nakatuon ako sa pinakamabuti para sa mga bata, hindi sa politika.

Kailangang maging parolang ilaw ang San Francisco para sa pampublikong edukasyon! Prayoridad ko ang positibong mga kahihinatnan para sa lahat ng estudyante, kasama na ang:

Tagumpay ng mga estudyante

- Karapat-dapat ang ating mga anak na magkaroon ng napakahuhusay na paaralan at ng mga kakayahan, rekursu, at karanasan na kinakailangan upang matamo nila ang kanilang mga pangarap.

Responsibilidad sa pinansiya

- Kailangang tiyakin natin na naipapamahagi ang ating mga rekursu nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay at para sa mga prayoridad ng mga estudyante.

Pakikinig sa boses ng komunidad.

- Napakahalaga ng mga pamilya, edukador, at pagpapalahok sa komunidad para sa tagumpay ng ating mga estudyante.

Ikinararangal ko ang pag-endoso nina/ng Senador Scott Wiener, Mayor London Breed, SF Parent Action, Mga Superbisor Myrna Melgar, Ahsha Safai, at Hillary Ronen, at marami pang ibang lider ng komunidad at mga magulang ng SF.

Samahan ako sa pagsuporta sa ating mga anak at sa kanilang kinabukasan sa www.lainieforsfboe.com.

Lainie Motamedi

LISA WEISSMAN-WARD

Ang aking trabaho ay Itinalagang Miyembro, Board of Education.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang magulang na ikinararangal ang mga anak kong estudyante ng SFUSD, bilang produkto ng pampublikong edukasyon, mula sa pamilya ng mga edukador, at edukador mismo - napakalaking karangalan na makapaglingkod bilang Miyembro ng School Board.

Magmula noong maitalaga ako sa Board ni Mayor London Breed noong Marso, lubusan na akong nagtuon sa mga kinahihinatnan ng mga estudyante, pagiging bukas sa pagsisiyasat, at pagkakaroon ng pananagutan.

Ipinagkakapuri ko, na sa pakikipagtrabaho sa aking mga kasamahan, nagawa ko nang:

- Makapag-empleyo ng bagong Superintendente na may pananagutan sa kinahihinatnan ng mga estudyante
- Maghatid ng kinakailangang kita sa Distrito
- Makalikha ng balangkas na bukas sa pagsisiyasat at itinutulak ng komunidad, at nang maisulong ang kahusayan at katarungan sa pagkakapantay-pantay sa ating mga High school
- Maipasa ang balanseng badyet
- Mabawi ang pagkakatanggal sa trabaho ng mga guro at kawani

Panatilihin natin ang tuloy-tuloy na pagbabalik sa tamang landas ng SFUSD. Ang edukasyon ang pinakapundasyon upang maisulong ang ating Lungsod, Estado, at Bansa.

May kababaang-loob kong tinatanggap ang pag-eendoso nina Senador Scott Wiener, Mayor London Breed, Mga Superbisor Ahsha Safai at Myrna Melgar, United Educators of San Francisco, SF Parent Action, San Francisco Labor Council, at marami pang iba.

Sa wakas ay nasa landas na tayo ng pagpapanumbalik sa pananampalataya at tiwala sa ating mga pampublikong paaralan — samahan ako sa aking pag-aadbokasiya upang makuha ng lahat ng ating estudyante ang bukod-tanging edukasyon na nararapat para sa kanila sa www.lisaforsfboe.com.

Lisa Weissman-Ward



Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na magtatapos sa Enero 8, 2027)

VICK CHUNG

Ang aking trabaho ay Tagapag-oorganisa sa Komunidad.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong student trustee emeritus (panghabambuhay na katiwalang estudyante) kamakailan lamang, edukador ng seksuwal na kalusugan, at nag-aadokasiya para sa katarungang panlipunan.

Habang naglilingkod sa San Francisco City College Board, tinutulan ko ang hindi matatag na pinansiyang pagbabadyet, kung saan inulit lamang ang gayon ding hindi epektibong mga stratehiya na lalo pang nag-isantabi sa mga estudyante at empleyado na may kulay ng kolehiyo. Nakipagtrabaho ako sa mga lider-estudyante at unyon sa paggawa sa kabuuan ng estado upang malabanan ang interes ng mga korporasyon at maprotektahan ang mga pamamaraan para sa pagkakaroon ng pampublikong edukasyon.

Bilang anak ng nagsilikas mula sa kanilang bansa na mga Tsino-Vietnamese, at dahil ipinanganak at pinalaki ako sa San Francisco, naiintindihan ko ang kritikal na papel na ginagampanan ng pang-edukasyong mga institusyon sa Itim, kayumanggi, at Asyanong mga komunidad na humaharap sa lingguwistiko, kultural, at henehenerasyon nang mapaniil na mga hadlang tungo sa pagkakaroon ng sosyo-ekonomikong mga oportunidad.

Natulungan na ako ng aking edukasyon sa pampublikong kalusugan upang maunawaan na bago pa man ang COVID-19, namuhay na ang mga komunidad ng may kulay sa pandemya nang dahil sa pagkakaroon ng mga agwat sa kalusugan. Nagkakaloob ang City College ng magkakasalikop na mga pamamaraan tungo sa komunidad, mga serbisyong panlipunan, at sosyo-ekonomikong mga oportunidad. Natulungan ng City College ang aking mga magulang na matuto ng Ingles, maging mga mamamayan, at magkatrabaho, at natulungan nito ako—na queer at Asyano-Amerikano—na maghilom mula sa henehenerasyong karahasan at matinding seksuwal na danas, at bumangon nang may matinding pagmamahal para sa pagpapalawak sa mga daan tungo sa pampublikong edukasyon. Tumatakbo ako dahil alam kong panlunas na gamot ang edukasyon.

Mga Pag-eendoso:

San Francisco Labor Council
United Educators of San Francisco
American Federation of Teachers 2121
ILWU Northern California District Council
Dating Superbisor John Avalos
Mga Board of Supervisors ng San Francisco Gordon Mar at
Dean Preston

Vick Chung

BRIGITTE DAVILA

Ang aking trabaho ay Presidente, Lupon ng CCSF / Propesor.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naglilingkod ako bilang Presidente ng Lupon, at tumatakbo ako upang mahalal muli. Bilang unang indibidwal sa aking pamilya na nakapagkolehiyo, nakinabang ako mula sa pampublikong mas mataas na edukasyon ng California. Nakapagturo na ako sa SFSU sa College of Ethnic Studies (Kolehiyo para sa Pag-aaral ukol sa mga Etnisidad) sa loob ng 27 taon, at naiintindihan ko kung ano ang kinakailangan upang umunlad ang mga estudyante. Gumugol ako ng 15 taon sa pakikipagtrabaho sa mga mambabatas, kaguruan, at estudyante upang maitulak ang mga badyet at batas na sumusuporta sa de-kalidad na pampublikong edukasyon. Magmula nang una akong mahalal noong 2014, humarap na ang CCSF sa napakalalaking hadlang, pero ang matibay at may karanasang pamumuno ang nanguna sa landas tungo sa libreng matrikula at buong akreditasyon para sa CCSF.

Ipagpapatuloy ko ang:

- Pagtugon sa mga Pamantayan para sa Akreditasyon - pagpapanatili sa CCSF na bukas at may akreditasyon.
- Pagtatakda ng Katatagan sa Pinansiya - pagpapabalanse sa badyet nang walang kakulangan nang dahil sa paggasta.
- Pagtitiyak ng Kabukasan sa Pagsisiyasat sa Badyet - pakikipagtrabaho sa auditor na nag-uulat sa Board (Lupon) at umaasa sa mga pangkat para sa pagrerepaso na binubuo ng kaguruan, kawani, at mga estudyante.
- Pagpapatupad sa Pagpapahusay sa mga Pasilidad: paggamit sa \$845 milyon na bond (utang ng gobyerno) upang mapasimulan ang pagpapatupad ng 3 proyekto sa Enero.
- Pagpapahusay ng DEI na mga gawain sa ating kolehiyo - naglingkod ako sa Diversity, Equity & Inclusion team (pangkat para sa Pagkakaiba-iba, Katarungan sa Pagkakapantay-pantay, at Pagsasama sa Lahat) para sa kabuuan ng estado, at maghahatid ng pinakamahuhusay na gawain.
- Pagpapalawak sa Libreng City - pagpapalawak na higit pa sa matrikula upang masuportahan ang mga estudyante

May karanasan na ako sa pagpapanatili sa City College na bukas, may pananagutan, at rekurso para sa lahat ng residente ng San Francisco. Tingnan ang www.CCSFtogether.org para sa mga pag-eendoso at impormasyon.

Brigitte Davila



Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na magtatapos sa Enero 8, 2027)

MARIE HURABIELL

Ang aking trabaho ay Rehente ng Unibersidad / Negosyante.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

May Karanasan. Responsable sa Pananalapi. May Pananagutan sa Publiko, at hindi sa interes ng insiders o kabilang sa higit na may kapangyarihan o impluwensiya.

- Nanay.
- Subok nang Lider, kasama na ang karanasan sa Board of Regents (Lupon ng mga Rehente) ng Georgetown University, Presidio Trust, Holy Family Day Home.
- Gumawa ng mga inobasyon sa pagsusulong ng kurikulum.
- Sanay na sanay na sa pangangalap ng pondo: \$42,000,000 para sa pang-edukasyon at pang-komunidad na mga kapakanan.
- 22 taon na pamumuno sa mga institusyong kabilang sa pinakamahuhusay sa mundo.
- Nagtapos nang may karangalan sa Georgetown University at sa University of Pennsylvania Law School.

Ang San Francisco City College ay kailangang maging ilaw ng pag-asa, at maaasahan sa pagiging matagumpay at respetadong institusyon na nagpapayaman sa ating lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay-lakas sa ating mga estudyante, at nang matamo nila ang pinakamatayog na posible nilang marating. Kalungkot-lungkot na dahil sa isang dekada na maling pamamahala sa pinansiya, nabibigo na ang CCSF. Nakita na natin ang hindi kuwalipikadong mga katiwala na inabuso ang posisyon bilang politikal na tuntungang-bato, at yumuyukod sa mga interes ng insiders, kung kaya't naiiwan ang mga estudyante at guro na walang tunay na taga-adbokasiya. Nagdulot na ang kapabayaang ito ng nakapipinsalang mga resulta. Katulad na katulad ng Board of Education, panahon na para sa may kakayahang pamumuno upang maipanumbalik ang CCSF.

Wala nang iba pang kandidato sa labanang ito ang may karanasan sa pangangasiwa sa "matagumpay" na akademikong institusyon, at sa halip sila'y mga nasa katungkulan na pinahintulutan nang walang pagsisiyasat ang maraming taon ng maling pagpapatakbo. Kailangang-kailangan na ng CCSF ang bagong lider na may subok nang rekord sa gawain ng pangangalap ng pondo at inobasyon sa edukasyon.

Bilang inyong Katiwala na may sentido komun, tutulong ako sa pamumuno sa CCSF tungo sa matibay na pagtindig, sa pamamagitan ng paghahatid ng pinakamahuhusay na gawain at malikhaing mga solusyon, paghahanda sa mga estudyante para sa tagumpay, at pagbibigay ng proteksiyon upang magkaroon ng maaasahang tagumpay ang CCSF sa pangmatagalang panahon.

Nangangailangan ang epektibong lupon ng independiyenteng mga miyembro na hindi tumatanaw ng utang sa insiders.

Nangangako akong gagawin kung ano ang tama upang mailigtas ang CCSF.

VoteMarie.com.

Salamat po!

Marie Hurabiell

ANITA MARTINEZ

Ang aking trabaho ay Retiradong Guro / Administrador.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ako ang kauna-unahan sa aking pamilya na makapasok sa kolehiyo, at nagsimula ang aking pang-edukasyong landas sa dalawang-taon na institusyon na nagbigay-inspirasyon sa akin na magtrabaho sa mga kolehiyo ng komunidad. Sa City College ng San Francisco, nakapaglingkod na ako bilang guro, Dekano ng mga Estudyante, at Bise-Tsanselor para sa Pagtuturo. Nahalal na akong presidente ng American Federation of Teachers 2121 at ng Akademikong Senado. Naglingkod na rin ako bilang Dekano ng Language Arts (Mga Sining ng Wika) sa Skyline College at Bise Presidente para sa Pagkatuto ng mga Estudyante sa College of Marin. Alam ko kung paano magbalanse ng badyet; nakabuo na ako ng polisiya para sa kolehiyo ng komunidad; nakalahok na ako sa pagpili ng mga tsanselor. Ang mga ito ang tatlong pangunahing responsibilidad ng katiwala. Nakapamuno na ako ng mga pangkat sa ilang kolehiyo ng komunidad, upang matagumpay silang makatugon sa mga hamon sa akreditasyon. Ginugol ko na ang kabuuan ng aking karera bilang edukador.

May pangako ako na

- Panatilihin ang City College bilang kolehiyo ng komunidad
- Paghusayin ang karanasan ng mga estudyante sa pamamagitan ng komprehensibong mga serbisyo at madaling gamitin na portal sa pagpaparehistro
- Palawakin ang mga pamamaraan ng lahat sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng mga klase at programa
- Balansehin ang badyet nang hindi isinasakripisyo ang mga kawani
- Palakihin ang pag-eeenroll para sa tuloy-tuloy na pagpasok ng kita
- Paghusayin ang pagkakaroon ng pagkakaiba-iba, katarungan sa pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa lahat

Mga Pag-eendoso:

American Federation of Teachers 2121

ILWU Northern California District Council

San Francisco Labor Council

United Educators of San Francisco

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

Mga Superbisor Gordon Mar, Myrna Melgar, Dean Preston

Dating Superbisor John Avalos

Tagapagtatag ng El Colegio de la Mission John Rodelo

martinezforcollegeboard.com

Anita Martinez

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na magtatapos sa Enero 8, 2027)

JOHN RIZZO

Ang aking trabaho ay Bise Presidente, Community College Board.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Sa panahon ng Pandemya, nang nawala sa California Community Colleges ang 20% ng kanilang mga estudyante at nawala sa City College ang napakahalagang kita mula sa buwis, nagtrabaho ako agad upang makapaghatid ng mga solusyon. Napatatag namin ang pinansiya at nawakasan ang mga pagkukulang sa istruktura. Natugunan namin ang lahat ng pinansiyal na pangangailangan para sa akreditasyon, ang hinihingi ng estado, at ng aming mga auditor. At ngayon ay mayroon na tayong maayos na reserbang pondo upang maitawid ang City College nang lampas sa susunod na pagbagsak ng ekonomiya.

Bilang Tagapangulo para sa mga Pasilidad, nagtrabaho ako upang makakilos agad ukol sa panukalang bond noong 2020: malapit na tayong magsimula ng konstruksiyon sa tatlong bagong gusali na pang-klasrum, na may pinakamahuhusay na antas ng pag-unlad, at nang mapalitan ang sira-sirang pasilidad; at idinidiseno na ang ika-apat na gusali. At, tumulong din ako na matiyak ang pagkakaroon ng 100+ bago at abot-kayang pabahay na unit para sa mga guro at kawani.

Naisama ko ang aking trabaho bilang aktibista para sa kapaligiran sa Sierra Club upang makalikha ng polisiya ukol sa klima para sa City College, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng bagong mga gusali na binibigyan ng koryente gamit ang geothermal na enerhiya, pagkakaroon ng estasyon para sa charging ng elektronikong sasakyan, at pases sa libreng transportasyon para sa mga estudyante.

Kasama sa iba pang solusyon na tinatrabaho ko ang abot-kayang pabahay para sa mga estudyante, pagpapataas ng porsiyento ng tagumpay ng mga estudyante, at pagtatanggal sa walang katarungan sa pagkakapantay-pantay na mga hadlang tungo sa pagkakaroon ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama sa lahat.

Kabilang sa aking mga taga-suporta sina/ang:

Senador Scott Wiener
 Dating Senador Mark Leno
 Miyembro ng Asembleya Phil Ting
 Superbisor Aaron Peskin
 Superbisor Rafael Mandelman
 Superbisor Gordon Mar
 Bawat miyembro ng Community College Board: Aliya Chisti,
 Brigitte Davila, Murrell Green, Thea Selby, Shanell Williams,
 Alan Wong
 Ang Sierra Club

www.johnrizzoformcollegeboard.com

John Rizzo

THEA SELBY

Ang aking trabaho ay Katiwala, City College of San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nahalal na akong Katiwala nitong nakaraang 7 taon nang may habambuhay na pananagutan sa pampublikong edukasyon, at may-ari ng maliit na negosyo. Makikipaglaban si Thea Selby para sa City College at para sa inyo, ang komunidad. Ang kanyang mga nagawa sa CCSF ay:

- Napatnubayan ang CCSF upang malampasan ang pagkakaroon ng akreditasyon
- Bilang Presidente ng Board, ipinatupad ko ang LIBRENG City College para sa lahat ng estudyante at pinalaki nang 25% ang pag-eeenroll sa unang taon
- Kasama ang mga miyembro ng Student Success and Policy Committee (Komite para sa Tagumpay ng Estudyante at mga Polisiya), nakahanap ng \$2M upang mapababa ang utang ng mga estudyante
- Nakipagnegosasyon upang makakuha ng \$400,000 mula sa pribadong developer at nang masuportahan ang pinamumunuan ng estudyante na kampanya para sa murang pampublikong transportasyon

Sa susunod na termino, si Thea ay

- Makikipagtrabaho sa kanyang mga kasamahan upang muling makapaghatid ng akreditasyon (2023)
- Susuportahan ang pinamumunuan ng estudyante na Transit Team (Pangkat para sa Pampublikong Transportasyon) at nang matiyak ang mga pases para sa pampublikong transportasyon
- Magtutuo sa pagpapanatili sa pinansiya na matatag at pagpapalaki sa pag-eeenroll
- Magtatrabaho upang magamit ang wala pang alokasyong pondo para sa LIBRENG City at sa gayon ay makarekrut ng mga estudyante
- Bubuo ng kasunduan sa Building Trades (Mga Gawain sa Pagtatayo ng mga Gusali) at nang makapagtrabaho ang mga estudyante sa mga proyekto sa konstruksiyon ng CCSF na nagkakahalaga ng \$845M

Kasama sa mga pag-eendoso:

Tinyenteng Gobernador Eleni Kounalakis
 Tesorero ng Estado ng CA Fiona Ma
 Board of Equalization Malia Cohen
 Senador Scott Wiener
 Miyembro ng Asembleya Phil Ting
 Mga Superbisor Gordon Mar, Aaron Peskin, Myrna Melgar
 Komisyoner ng mga Karapatang Pantao Leah Pimentel
 Nag-aadbokasiya para sa Malilit na Negosyo Henry Karnilowicz
 Miyembro ng DCCC Nancy Tung
 Direktor ng Nonprofit Danny Sauter
 Sierra Club
 National United Health Workers
 Plumbers and Pipefitters Lokal 38

Thea Selby

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi sinitiyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na magtatapos sa Enero 8, 2027)

SUSAN SOLOMON

Ang aking trabaho ay Retiradong Guro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak ako at pinalaki sa San Francisco, at nagretiro ako nitong nakaraang taon mula sa karera sa edukasyon, kung saan nagsimula ako bilang tagabigay ng serbisyo para sa pangangalaga ng bata, at nagtapos bilang Presidente ng United Educators of San Francisco, nang pinamumunuan ang mga edukador upang maging ligtas sila sa unang 15 buwan ng pandemya at hindi pa nagaganap kailanman na mga pag-atake laban sa pampublikong edukasyon. Nag-aral ako sa mga pampublikong paaralan magmula noong kindergarten hanggang kolehiyo, at tumira ako sa Filmore District sa loob ng malaking bahagi ng aking buhay.

Nagsimula ang aking Master's degree sa Early Childhood Education (Edukasyon sa Unang mga Taon ng Pagkabata) sa klase sa Child Development (Pag-unlad ng Bata) sa City College. Nagturo ako ng preschool at paaralang elementarya sa loob ng halos tatlong dekada.

Kailangang paglingkuran ng City College ang lahat: mga estudyanteng nagpaplanong makapasok sa kolehiyo; nagpaplanong magpatuloy sa kolehiyong pang-apat na taon; pagkakaroon ng teknikal/pang-industriyang mga sertipikasyon; kumukuha ng mga klase upang matuto ng mga kakayahang kailangan nila para sa mga trabaho; at mga estudyante ng high school na dual-enrolled o naka-enroll nang magkasabay; at mga habambuhay na nag-aaral.

Ang pagsuporta sa lahat ng estudyante sa ating minamahal na community college – mga nagtatrabahong estudyante, imigrante, at estudyanteng may kulay– ay mahalagang pamumuhunan sa ating demokrasya. Ilalaan ko ang lahat ng aking natutunan mula sa marami kong taon sa pag-aadbokasiya para sa pampublikong edukasyon tungo sa pagtatrabaho bilang Katiwala ng City College.

Bahagi pa lamang ng listahan ng mga pag-eendoso:
San Francisco Labor Council
American Federation of Teachers, 2121
United Educators of San Francisco
International Longshore and Warehouse Union NCLC
Board of Supervisors:

- Shamann Walton, Presidente
- Connie Chan
- Dean Preston

John Avalos, Council of Community Housing Organizations
Bevan Dufty, Direktor ng Lupon ng BART

Susan Solomon

WILLIAM WALKER

Ang aking trabaho ay Guro.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Dahil ipinanganak ako at pinalaking taga-San Francisco na nagtapos sa Wallenberg High, CCSF, at UC Berkeley, at dati akong Katiwalang Estudyante na naglingkod sa Board sa panahon ng muling pagkakaroon ng akreditasyon, may karanasan na ako sa pagpapalahok sa komunidad, upang magawa na powerhouse o makapangyarihang institusyon muli ang CCSF, na tulad noong una akong nag-enroll dito, noong ipinagmamalaki ng CCSF ang pagkakaroon ng 110,000 estudyanteng naka-enroll.

Kung mahahalal ako, gagawin ko ang:

- Pagpapataas ng pag-reenroll sa CCSF.

- Pakikipag-partner sa mga taga-empleyo upang matukoy ang mga kurso kung saan magagawang may kakayahan para sa tagumpay ang mga kandidato sa mga naririyang nang bukas na trabaho.

- Pagpapalawak sa degree sa nursing at mga programa para sa pag-aaprentis sa trabaho.

- Pagpapalawak sa mga kurso sa Cantonese, wikang Ingles, at Ethnic Studies.

- Pagpapalawak sa degree sa nursing at mga programa para sa pag-aaprentis sa trabaho.

- Pagsuporta sa Tsanselor upang mabago para sa kasalukuyan ang mga kurso sa CCSF, at nang matiyak na naililipat sa ibang kolehiyo o unibersidad ang mga kurso.

- Pagpapakilala sa mga bagong programa na maglalantad sa mga estudyante sa lumalawak nang mga larangan, tulad ng urban planning (pagpapalawak para sa lungsod) at data science.

- Pagpapalawak sa magkasabay na pag-reenroll sa high school, pag-aaral para sa mas nakatatandang nasa sapat na gulang, at iba pang programa, batay sa pangangailangan ng komunidad.

- Pagpapalawak ng pakikipag-partner sa SFDHR, SFMTA at iba pang departamento ng Lungsod upang magamit ang CCSF bilang tagapagsanay na institusyon na nasa rekord.

Dahil mayroon na akong 28 taon ng karanasan sa pagpapaunlad ng komunidad at pagbibigay-serbisyo sa mga estudyante, magdalala ako ng mga kakayahan kung saan may kakulangan sa Lupon. Karapat-dapat ang mga estudyante na magkaroon ng tunay na pamumuno. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

Iboto si William Walker!

Muli nating itatag ang City College!

Bisitahin ang ccsfwill.com.

William Walker



Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (termino na magtatapos sa Enero 8, 2027)

JILL YEE

Ang aking trabaho ay Dekano para sa Akademikong Gawain.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naniniwala ako sa pangako ng City College of San Francisco.

Mga imigrante mula sa Tsina ang aking mga magulang, at tumira ang aking buong pamilya sa likod ng aming negosyong dry-cleaning sa Western Addition. Hindi karamihan ang pag-aari namin, pero ikinintal sa amin ng aking mga magulang ang kahalagahan ng edukasyon.

Ang City College ang naging daan tungo sa mga oportunidad para sa akin. Pumasok ako sa CCSF sa loob ng 2 taon, at pagkatapos nito ay lumipat sa U.C. Berkeley at nakuha ang aking bachelor's degree. Nakuha ko ang aking master's mula sa S.F. State, at ang aking law degree mula sa Golden Gate University.

Sa aking propesyonal na buhay, nagkaroon ako ng karangalang maging propesor sa City College sa loob ng 25 taon, kung saan naglingkod ako bilang Tagapangulo ng Behavioral Sciences Department (Departamento para sa mga Siyensiyang nauukol sa Pag-uugali). Sa CCSF, itinatag ko ang Department of Asian American Studies (Departamento para sa Pag-aaral ukol sa mga Asyano Amerikano), at nagtrabaho bilang Dekano para sa mga Akademikong Gawain.

Naiintindihan ko ang mga hamon na kinakaharap ng CCSF, at handa akong nakatindig nang may mga solusyon.

Kung mahahalal, nangangako akong:

- Gagawa ng mga pagbabago upang matiyak ang pananagutan sa pinansiya.
- Itataguyod ang katarungan sa pagkakapantay-pantay sa mga oportunidad para sa LAHAT ng estudyante.
- Ilayon ang mga programa sa mga trabahong nagbabayad ng suweldong sapat upang mabuhay.
- Magtatayo ng pabahay para sa mga estudyante at kaguruan.

Umaasa akong sasamahan ninyo si Mayor London Breed, ang mga lider ng komunidad, at mahigit sa 100 estudyante, nagsipagtapos, kaguruan, at kawani ng CCSF sa pagsuporta sa aking kandidatura.

www.jillyee.com

Jill Yee

JASON CHUYUAN ZENG

Ang aking trabaho ay Inhinyero ng Datos.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

May karapatan ang lahat sa kanyang katawan at may makatarungang pagkakataon na magkaroon ng buhay na may dignidad. Nagsusumikap ang ating bansa na magkaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay, pero maraming indibidwal ang totoong napag-iwanan. Iyan ang dahilan kung bakit naniniwala akong dapat ay palaging libre ang City College para sa lahat ng taga-San Francisco, dahil binibigyan nito ang lahat sa ating lungsod ng pagkakataon na makipaglaban para sa buhay na may dignidad, anuman ang kanilang pinagmulan, edad, o kasaysayan. Ang pagtatanggal ng mga hadlang sa edukasyon ang tanging paraan upang matulungan ang mga indibidwal mula sa lambat ng kahirapan.

Upang maisagawa ito, kailangan ng City College na matugunan ang mga itinatakdang rito. Hindi destinasyon ang City College, kundi tuntungang bato para sa natitirang bahagi ng inyong buhay. Napakahalaga ng pamumuhunan sa pinakabatayang mga aspeto ng akademikong gawain at pagbibigay-serbisyo sa mga estudyante, ngunit gayon din ang pag-unlad ng mga kawaning nagbibigay ng suporta, tulad ng mga akademikong tagapayo. Maraming indibidwal na pumapasok sa City College sa unang pagkakataon ay walang ideya kung ano ang gusto nila mula sa karanasang ito, at kung mayroong indibidwal na gagabay sa kanila, mababawasan ang panahon na gugugulin nila sa City College, at mas magkakaroon ng panahon upang matamasa ang buhay na walang mga hangganan matapos ito.

Intensiyon kong panatilihin ang panghabampanahon at palaging libre ang City College para sa mga taga-San Francisco, gawing simple ang mga pangangailangan para sa pagtatapos, at magkaroon ng mas maraming pamamaraan para sa pisikal at digital na mga klasrum.

Jason Chuyuan Zeng



Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (natitrang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 8, 2025)

MURRELL GREEN

Ang aking trabaho ay Dekano ng Community College.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ipinanganak at lumaki ako sa San Francisco, at makaraang makapagtapos ako sa San Francisco Unified School District nang may karangalan, nag-aral ako upang magkaroon ng Bachelor's Degree, (Sikolohiya), Master's degree (Pagpapayo - Kolehiyo at Paaralan), at Doktorado (Pang-edukasyong Pamumuno at Pamamahala – Mas Mataas na Edukasyon). Bukod rito, mayroon akong 16 taon na direktang karanasan sa California Community Colleges bilang Adjunct o Karagdagang Instruktor, May Tenure na Guro para sa Pagpapayo, Tagapangulo ng Departamento, at Dekano para sa mga Serbisyo sa Estudyante. Higit pa sa aking karera, inilaan ko na ang aking buhay sa pagtulong sa ibang tao sa pamamagitan ng pagtatangkil sa kanila ng edukasyon at katarungang panlipunan, na may espesyalisadong pagtutuon sa mga populasyong hindi nabibigyan ng sapat na representasyon, kasama na ang: mga Aprikano Amerikano/Itim, Asyano Amerikano-Taga-Isla Pasipiko, may Kapansanan, Tumatanggap ng Tulong Pinansiyal, Unang-Henerasyong Imigrante, Kabataang Foster o nasa Pangangalaga ng Gobyerno, Nakakulong, Latinx, LGBTQIA2S+, Mababa ang Kita, Walang Dokumentasyon, Beterano, at Kababaihan.

Kasalukuyan akong naglilingkod sa lupon ng mga direktor/tagapayo para sa mga sumusunod na organisasyon: African American Male Education Network & Development, Alive & Free – Omega Boys Club, ang Coalition: Asian/Latinx/Black Radical Leaders, ang Black Advisory Panel ng California Community Colleges, at ang Bayview-Hunter's Point YMCA. Kung mahahalal akong muli, ipagpapatuloy ko ang nakasentro sa estudyanteng pagtutuon sa mga relasyon ng lupon, pangangasiwa ng tsanselor, pagtugon sa Covid 19, katarungan sa pagkakapantay-pantay at inklusyon para sa may mga pagkakaiba-iba, pang-edukasyong tagumpay ng estudyante, katatagan ng mga empleyado, at pinansiyal na responsibilidad.

Mga Pag-eendoso:

Tinyenteng Gobernador – Eleni Kounalakis

Mayor – London Breed

Presidente ng Board of Supervisors – Shamman Walton

“Para sa iba pang impormasyon: www.ccsftogether.org”

Murrell Green

DANIEL LANDRY

Ang aking trabaho ay Direktor, Nonprofit sa Sining.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo ako dahil naniniwala akong ang edukasyon ay karapatang pantao para sa lahat ng taga-San Francisco. Ipinanganak ako at pinalaki sa San Francisco, at mahigit 29 taon na akong nagtatrabaho bilang nag-aadbokasiya.

Kasama sa ilan kong naging karanasan ang:

Pagiging katuwang na guro para sa SF Educational Services (Serbisyon Pang-edukasyon) noong 1995; kandidato noong 2020 para sa pagiging superbisor ng Distrito 5, paglikha sa inisyatibang Prop. F para sa Bayview/HP noong 2008, at miyembro ng (RAB) ng US Navy, noon ding 2008. Panghuli, naging tagapag-ugnay ako at miyembro ng NERT ng SF Fire Department noong 2007.

Sa kasalukuyan, miyembro ako ng Reparations Task Force Advisory Committee ng SF Human Rights Commission:

- Political Science (Siyensiyang Politikal) at Communication Studies (Pag-aaral sa Pakikipagkomunikasyon) sa CCSF
- Tagapagtatag ng SF CATS Academy, Inc.
- Miyembro ng Justice for Mario Woods Coalition
- Community Policing Relations Board

Kasama sa aking mga prayoridad ang:

- Pagsuporta sa mga pangangailangan ng mga estudyante at guro
- Pag-uutos sa pangangasiwa sa pinansiya
- Pagpapanatili sa CCSF na walang matrikula
- Pagtitiyak na mapananatili ng CCSF ang akreditasyon nito

Mga Pag-eendoso:

David Campos, California Democratic Party

De'Anthony Jones, SF Human Rights

Leonard Priestley, SF Special Police Officers Association

Ikararangal kong maglingkod bilang inyong katiwala para sa CCSF.

Daniel Landry

www.votedaniellandry.com

Daniel Landry



Mga Kandidato para sa Community College Board o Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad (natitrang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 8, 2025)

ADOLFO VELASQUEZ

Ang aking trabaho ay Retiradong Tagapangulo / Tagapayo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nakuha ko ang aking unang degree, na General Studies (Pangkalahatang Pag-aaral) 30 taon na ang nakararaan sa City College of San Francisco (CCSF.) Isang taon na ang nakararaan, nakakuha ako ng degree sa Critical Middle Eastern Studies (Kritikal na Pag-aaral sa Gitnang Silangan). Bilang panghabambuhay na residente at mag-aaral sa San Francisco, ako ang City College! Sa aking pagkakandidato para sa katungkulan sa CCSF Board of Trustees, ang kasaysayan ko sa CCSF na ang nangungusap para dito, una bilang estudyante, at pagkatapos ay sa pagbabalik sa trabaho bilang Tagapayo sa Karera, Akademikong Tagapayo sa Educational Opportunity Program & Services (Programa at mga Serbisyo para sa Pang-edukasyong mga Oportunidad, EOP&S), bago ako nagretiro bilang Tagapangulo ng EOP&S noong 2021. Habang nagtatrabaho nang part-time sa CCSF, naglingkod ako bilang Akademikong Tagapayo sa San Francisco State University, kung saan nakatrabaho ko ang maraming lumipat nang estudyante mula sa CCSF.

Bilang dating estudyante, tagapayo, at tagapangulo sa CCSF sa loob ng 20 taon, naiintindihan ko ang mga pasikot-sikot sa loob ng paaralan mula sa perspektiba ng estudyante hanggang sa mga tagapamahala. Naipagkaloob na sa akin ng lahat ng aking karanasan sa CCSF ang kinakailangang kaalaman at pananaw na nararapat upang maging epektibong miyembro ng lupon, at nang matugunan ang maraming problema na nakaharap na ng CCSF, simula sa krisis sa akreditasyon noong 2012 hanggang sa kasalukuyang mabigat na suliranin sa pinansiya. Bukod rito, maghahatid ako ng perspektiba ng mula sa loob sa lupon, habang gumagawa ng desisyon sa mga polisiya at badyet, na mga desisyon na gagawing mas malakas at hinahangad na pang-edukasyong institusyon ang CCSF, habang pinananatili ito bilang Community College.

www.adolfov4collegeboardtrustee.com

Adolfo Velasquez



Kandidato para sa Direktor ng BART, Distrito 8

JANICE LI

Ang aking trabaho ay Direktor ng BART Board (Lupon ng BART).

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinararangal kong maging taga-westside o kanlurang bahagi ng San Francisco, na nakatira sa Distrito ng Richmond, at may habambuhay na pagmamahal sa pampublikong transportasyon.

Tulad ng maraming taga-westside, milya-milya ang layo ko mula sa pinakamalapit na estasyon ng BART, pero nag-aambag pa rin ako sa sistemang ito. Nang nahalal ako noong 2018, nangako akong lilinis ang sistema, gagawing ligtas na mga lugar ang ating mga tren at estasyon, at uunahin ang mga sumasakay sa pamamagitan ng serbisyong mataas ang kalidad.

Sa loob ng apat na taon ko sa BART Board, dramatikong naparami namin ang mga tagalinis na kawani at napahusay ang pagkakaroon ng kaligtasan sa BART, lalo na sa loob ng mga tren. Binuksan namin ang mga banyo na deka-dekada nang nakasara. Nilikha namin ang pinaka-unang programa ng BART para sa pamasahang mabababa ang kita, at nang mapanatiling abot-kaya ang napakahalagang serbisyo para sa pinakanangailangan nito. Sa panahon ng pandemya, ibinalik namin ang serbisyo tungo sa halos mga antas nito bago ang pandemya. Titiyakin ng aking patuloy na pamumuno na magpapatuloy ang BART sa paglalagay sa mga sumasakay sa unahan.

Napakarami pang trabaho na kailangang magawa, at patuloy akong makikinig at magtatrabaho nang may pakikipagkolaborasyon upang maipagpatuloy ang pag-unlad na ito.

Ipinagkakapuri akong i-endoso nina:

Senador Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya Matt Haney

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

Presidente ng Board of Education Jenny Lam

Ikararangal kong makuha ang inyong boto.

Janice Li

janiceforbart.com

Janice Li



Kandidato para sa Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala)

JOAQUÍN TORRES

Ang aking trabaho ay Assessor-Recorder.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Magmula noong nahalal ako, masipag na akong nagtrabaho upang matiyak na nagkakaloob ang opisina ng Assessor (Tagatasa) ng mataas ang kalidad na mga serbisyong inaasahan ng mga residente at negosyo, at mabigyan ng seguridad ang pinansiyal na mga rekursong nagpopondo sa mga serbisyo ng ating lungsod.

Upang mapaghusay ang paggamit sa internet, nag-upload kami ng 3.7 milyon na karagdagang rekord, kung kaya't napalawak ang paggamit sa mga dokumento na mula pa noong 1980.

Upang higit na mapaglingkuran ang publiko, makapagkaloob ng kabukasan sa pagsisiyasat, at mabawasan ang pagsasapanganib sa kita, naglunsad ang aming opisina ng mga pagpapahusay sa teknolohiya at portal para sa komunidad upang makita nila ang mga pagtatasa.

Tinitiyak ng aming transfer tax audit program (programa para sa pag-o-audit ng buwis sa paglilipat ng ari-arian) na nagbabayad ang malalaking korporasyon ng kanilang makatwirang bahagi, kung kaya't napanunumbalik ang milyon-milyong dolyar taon-taon.

Upang higit pang magkaroon ng katatagan sa pananalapi ang mga komunidad na mababa at katamtaman ang kita, at ang mga pamilyang iisa ang wikang sinasalita at imigrante, pinalawak namin ang online na pang-edukasyong mga rekurso sa pamamagitan ng Family Wealth Series.

Upang matulungan ang Itim, kayumanggi, at AAPI na mga komunidad na napinsala nang dahil sa kasaysayan ng pagsosona at sa diskriminasyon sa pagpapautang, nilikha ng aming opisina ang Estate Plan Program, na nagkakaloob ng 100 libre hanggang murang plano sa mga komunidad na hindi lubusang napaglilingkuran, at sa gayon, matulungan ang mga residenteng magkaroon ng pag-aari at ari-arian na magtatagal nang hene-henerasyon.

Hinihiling ko ang inyong boto upang patuloy na mapaglingkuran ang mga mamamayan ng San Francisco, matiyak ang de-kalidad na serbisyo sa mga kostumer, at higit pang magkaroon ng kabukasan sa pagsisiyasat, integridad, at katarungan sa pagkakapantay-pantay.

Ineendoso ako nina:

Tagapagsalita Nancy Pelosi

Senador ng U.S. Dianne Feinstein

Gobernador Gavin Newsom

Tesorero ng Estado Fiona Ma

Mayor London Breed

Senador Scott Wiener

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

www.JoaquínTorresSF.com

Joaquín Torres

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito

MAURICE CHENIER

Ang aking trabaho ay Abugado ng Batas.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Natibo akong taga-San Francisco. Nag-aral ako sa St. Ignatius H.S., SFSU, University of San Francisco at sa paaralan ng batas ng Santa Clara University (1992). Habang nasa paaralan ng batas, naglingkod ako bilang klerk ng batas para sa CA DOJ, sa Antitrust (mga gawain sa pagnenegosyo) na dibisyon. Naglingkod din ako bilang klerk ng batas para sa opisina ng Pederal na Pampublikong Tagapagtanggol sa SJ, CA. Nang makapagtapos ako ng pag-aaral, naglingkod ako bilang klerk ng batas sa Pederal na Pandistritong Hukom, kung saan, nanumpa ako bilang abugado sa CA noong 1993. Magmula noong panahong iyon, tuloy-tuloy na akong nag-abugado sa loob ng 29 taon. Isa na ako ngayong 29-taong abugado sa paghahabla at paglilitis. Kasama sa aking trabaho ang pagdedepensa sa mahihirap sa batas kriminal, pagdedepensa sa batas ukol sa seguro, paghahabla sa taga-empleyo, paghahabla para sa mga karapatang sibil, paghahabla sa negosyo, at paghahabla sa pangkalahatang batas sibil. Kung mahahalal ako bilang DA ng SF, plano kong magpatupad ng agresibong pamamaraan sa pagsasakdal sa mga krimen, paguusig sa mga krimen, at pagsesentensiya. Plano kong agresibong ipatupad ang batas bilang pagtugon sa daluyong ng mga krimen na nagpapahirap na sa ating Lungsod nitong nakaraang 20 taon. Plano kong wakasan ang krimen ayon sa pagkakakilala natin dito sa kasalukuyan at ibalik ang batas at kaayusan, at nang magawang ligtas ang Lungsod para sa lahat.

Maurice Chenier

JOHN HAMASAKI

Ang aking trabaho ay Abugado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang dating Komisyoner ng Pulisya ng San Francisco, ang pampublikong kaligtasan ang aking #1 misyon. Bilang Abugado ng Distrito, pananagutin ko ang lahat: mula sa mga nagbebenta ng fentanyl sa Tenderloin hanggang sa mga nagbebenta ng impluwensiya sa City Hall.

Kailangan ng San Francisco ng independiyenteng Abugado ng Distrito, na titindig laban sa mga makapangyarihan at makikipaglaban para sa taumbayan. Magiging independiyente ako mula sa politikal na makinaryang nagpapatakbo sa San Francisco, at mananagot lamang ako sa inyo dahil kayo ang “magtatalaga” sa akin.

Bilang biktima ng karahasan laban sa mga Asyano, nauunawaan ko batay sa personal na karanasan ang mga pinangangambahan ng ating komunidad. Bilang Presidente ng Asian American Bar Association (Asosasyon ng mga Abugadong Asyano Amerikano), hinarap ko ang pagdami ng mga insidente ng karahasan laban sa mga Asyano sa panahon ng pandemya. Bilang Abugado ng Distrito, makikipaglaban ako para sa kaligtasan ng ating matatanda at iba pang bulnerableng biktima.

Magkakaroon ng mga konsekuwensiya, kasama na ang pagkakakulong, ang mga mananakit sa ating mga residente o mang-aabuso sa pagtitiwala ng publiko. Walang hindi masasakop ng batas.

Sa loob ng maraming taon, kinatawan ko na ang mga biktima ng krimen na naghahangad ng katarungan. Alam kong makapagtatrabaho tayo nang magkakasama upang muli nating magawang ligtas at makatarungan ang ating Lungsod, nang hindi bumabalik sa pagsasakdal na nakatuon sa maramihang pagpapakulong, sa pamamagitan ng pagpapanagot sa lahat para sa kanilang mga aksiyon.

Pakisamahan ang aming maagang mga tagasuporta sa pakikipaglaban para sa San Francisco:

- Mark Leno, Dating Senador ng Estado ng California
- Tom Ammiano, dating Miyembro ng Asembleya ng California
- Norman Yee, dating Presidente ng Board of Supervisors
- Matt Gonzalez, dating Presidente ng Board of Supervisors
- Dean Preston, Superbisor ng San Francisco
- Sandra Lee Fewer, dating Superbisor ng San Francisco
- Angela Chan, dating Komisyoner ng Pulisya ng San Francisco
- Petra de Jesus, dating Komisyoner ng Pulisya ng San Francisco

www.JohnHamasaki.com

John Hamasaki



Mga Kandidato para sa Abugado ng Distrito

BROOKE JENKINS

Ang aking trabaho ay Abugado ng Distrito.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bago ako naging Abugado ng Distrito, naglingkod ako sa loob ng pitong taon bilang taga-usig sa Opisina ng Abugado ng Distrito ng San Francisco. Isinakdal ko ang mga krimeng ibinubunsod ng pagkasuklam, seksuwal na pag-atake, at mga kaso ng pagpatay, habang nakikipaglaban para sa katarungan sa mga biktima.

Sa loob ng napakatagal na panahon, hindi narinig ang mga inaalala ng mga taga-San Francisco ukol sa pampublikong kaligtasan. Hindi na mabibiktima ng mararahas at paulit-ulit na lumalabag sa batas ang ating lungsod nang walang konsekuwensiya. Hindi na bibigyan ng dahilan ang krimen laban sa ari-arian bilang bahagi ng “buhay sa malaking lungsod.” Hindi na palalampasin ang mga lantad na merkado ng droga sa labas ng mga gusali. Hindi na dapat mamuhay ang ating komunidad ng mga AAPI nang nangangamba dahil sa pagkasuklam at karahasan.

Bilang Itim at Latinang babae, alam ko kung ano ang maaaring maging hitsura ng tunay na reporma. Hindi teoretikal para sa akin ang kawalan ng katarungan sa pagkakapantay-pantay sa sistema ng criminal justice (pagpapatupad at pagpapanagot sa batas) — naranasan ng aking pamilya ang mga epekto ng karahasan at maling pag-asal ng pulisya.

Naniniwala akong maaaring kapwa magkaroon ng reporma sa criminal justice at ng pampublikong kaligtasan. Magtatrabaho ang aking opisina bilang iisang pangkat na nag-aadbokasiya para sa mga biktima habang isinusulong ang mga reporma at ang kaligtasan.

Makikinig ako sa magkakaibang tinig sa bawat komunidad habang araw-araw na nagtatrabaho upang magawang mas ligtas at mas makatarungang lugar para sa paninirahan ang ating lungsod.

Para sa kaligtasan, reporma, at katarungan, samahan kami: www.BrookeJenkinsSF.com

Inendoso nina:

Mayor London Breed

Senador Scott Wiener

Tesorero ng Estado Fiona Ma

Sheriff Paul Miyamoto

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Ahsha Safaí

Brooke Jenkins

JOE ALIOTO VERONESE

Ang aking trabaho ay Abugado para sa mga Karapatang Sibil.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang inyong susunod na Abugado ng Distrito, gagawin kong mas ligtas na lugar ang San Francisco para sa paninirahan, pagtatrabaho, at pagpapalaki ng pamilya.

Ilang maiiksing taon lamang ang nakalipas, ibinoto ang San Francisco bilang paboritong Lungsod ng Amerika — para sa paninirahan at pagbisita. Ipinagkapuri natin noon ang ating progresibong mga pinahahalagahan, at pakiramdam natin noon ay ligtas tayo sa ating mga tahanan at komunidad.

Ngayon, nagbago na ang San Francisco. Nasangkot na ang mga politiko sa sistema ng hustisya ng San Francisco — kung saan binibiyayaan ang kriminal na pag-asal habang ipinagwawalang-bahala ang mga biktima nito. Dumami na ang walang pinipili at mararahas na krimen. Dumami na ang mga krimen laban sa ari-arian. Hindi na natin nararamdamang ligtas tayo sa San Francisco.

Bilang inyong Abugado ng Distrito, magbabago ito.

Ang aking mga prayoridad ay ang pagtatanggal mula sa mga kalye sa mararahas at paulit-ulit na lumalabag sa batas, habang naghahatid ng pang-ika-21 siglong sistema ng criminal justice na magpapanatili sa ating ligtas habang pinaglilingkuran ang mga biktima ng krimen.

Inaasahan ng mga mamamayan ng San Francisco na marereporma ng Abugado ng Distrito ang sistema ng pagbibigay-katarungan na wala sa proporsiyong naapektuhan na ang mga indibidwal na may kulay at mababa ang kita, habang patuloy pa ring pinananatiling ligtas ang ating mga komunidad.

Tumatakbo ako upang maging abugado ng distrito dahil kuwalipikado akong maghatid ng sistema ng pagbibigay-katarungan na makatwiran, may hustisya sa pagkakapantay-pantay, at may pananagutan sa bawat isa sa atin.

Salamat po sa inyong suporta.

Joe Alioto Veronese



Mga Kandidato para sa sa Pampublikong Tagapagtanggol

MANO RAJU

Ang aking trabaho ay Nanunungkulang Pampublikong Tagapagtanggol.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang inyong inihalal na Pampublikong Tagapagtanggol, ibinigay ko ang aking puso at kaluluwa sa pagkakaloob sa mga taga-San Francisco ng mataas na kalidad na legal na representasyon.

Ikinararangal ko ang lalo pang pagsusulong sa pamana ng dating Pampublikong Tagapagtanggol na si Jeff Adachi sa pamamagitan ng: pagpaparami ng mga kawani sa paglilitis tungo sa mga antas na hindi pa nararanasan, pagbuo ng database ukol sa pananagutan ng pulisya, pagpapalawak ng representasyon sa imigrasyon, at pagpapasimula ng inobatibong mga proyekto na magpapalaya sa mga hindi wasto ang pagkakasentensiya sa kulungan.

Kasama sa aking matatagumpay na inisyatiba ang: pagbabayad sa mga juror o tagahatol na mababa ang kita upang higit na magkaroon ng pagkakaiba-iba sa mga tagahatol; pagtatanggal ng napakahabang panahon para sa probasyon na pumipigil sa lalong integrasyon sa lipunan; at pagtitriples sa ating kapasidad na “linisin” ang kriminal na mga rekord—kung kaya’t magkakaroon ng mga oportunidad sa pabahay, ekonomiya, at edukasyon.

Naiangat ko ang mas maraming kababaihan at indibidwal na may kulay upang makapaglingkod sa mga posisyon ng pamumuno nang higit sa anumang panahon.

Nagmigrante ang aking mga magulang mula sa nayon ng mga magsasaka sa India. Inihanda ako ng kanilang pagmamalasakit at katapangan para sa habambuhay na pagsasakdal sa mahihirap na paglilitis ng lupon ng mga tagahatol at sa pagsasanay sa mga tagapagtanggol upang maprotektahan ng mga konstitusyunal na karapatan ng mga taga-San Francisco.

Mga Pag-eendoso:

- San Francisco Democratic Party
- San Francisco Labor Council
- San Francisco Tenants Union
- San Francisco La Raza Lawyers Association
- South Asian Bar Association of Northern California
- Rose Pak Democratic Club
- Kongresista Nancy Pelosi
- Kongresista Jackie Speier
- Mayor London Breed
- Senador Scott Wiener
- Tesorero ng California Fiona Ma
- Miyembro ng Asembleya Phil Ting
- Miyembro ng Asembleya Matt Haney
- Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano
- Dating Senador Mark Leno
- Mutsuko Adachi

Board of Supervisors:

- Presidente Shamann Walton
- Connie Chan
- Gordon Mar
- Myrna Melgar
- Aaron Peskin
- Dean Preston
- Hillary Ronen

Mga Dating Supervisor:

- Norman Yee
- Jane Kim
- Matt Gonzalez
- John Avalos
- Eric Mar

Mga Tagapamahala ng Pampublikong Tagapagtanggol:

- Patricia Lee
- Dating Komisyoner ng Pulisya Angela Chan
- Jacque Wilson
- Sandy Feinland

Votemano.com

Mano Raju

REBECCA SUSAN FENG YOUNG

Ang aking trabaho ay Abugado ng Batas Kriminal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang anak na babae ng unang henerasyon na Tsinong ama, lumaki ako sa Harlem at sa maliit na bayan sa New York. Ang hindi matwid na pagturing at pagbubukod na naranasan ng aking pamilya ang nagpatibay sa aking dedikasyon sa katarungan at pagkakapantay-pantay para sa iba’t ibang lahi.

Sa pamamagitan ng inyong boto, ako ang magiging unang babae at unang Tsino-Amerikano na mahahalal bilang Pampublikong Tagapagtanggol ng San Francisco. Ikinararangal ko ang pagkakataon na muling pasiglahin ang mga pamantayan para sa kahusayan kung saan karapat-dapat ang San Francisco.

Magmula noong magtapos ako sa Golden Gate University Law School, itinuon ko na ang sarili sa pagtatanggol sa pinakabulnerable sa San Francisco — 16 taon sa pribadong pagtatrabaho, at 19 sa Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol. Nakapaglitis na ako ng 60+ kaso, naging kasamang tagapamahala ng 52 abugado para sa mga krimen, at tumulong sa paggawa ng rebolusyonaryong mga pagbabago sa Opisina ng Pampublikong Tagapagtanggol ng San Francisco sa ilalim ni Jeff Adachi. Inilunsad ko ang Bail & Homicide Units (Mga Unit para sa Pagpipiyansa at Pagpatay) at gumawa ng inobatibong mga programa upang masuportahan ang mga kliyente at malabanan ang kawalan ng katarungan batay sa lahi.

Sa kasalukuyan, ginagawang mga tagapamahala ang nakababatang mga abugado ng beteranong mga abugado para sa paglilitis, na nahihirapan na dahil sa labis na pagtaas ng bilang ng mga kaso. Naglaho na ang kabukasan sa pagsisiyasat at katarungan sa pagkakapantay-pantay. Nagkaroon ng napakalaking hidwaan sa opisina. Ano ang naging resulta nito? Naging demoralisado at hindi na handa ang mga abugado at kawani. Kulang na sa makatwirang representasyon ang mga miyembro ng ating komunidad.

Tumatakbo ako na Pampublikong Tagapagtanggol upang makagawa ng malalim at pangmatagalang pagbabago. Ang malawak kong karanasan sa paglilitis, pamamahala, paggabay, at sa polisiya ang muling magpapanibago sa pagkakaroon ng pagkakaiba-iba sa Opisina, magtitiyak ng katarungan sa pagkakapantay-pantay mula sa loob, at magpapanumbalik sa malakas na representasyon para sa ating komunidad.

Rebeccayoung4publicdefender.com

Inendoso ni:

Geoffrey Francis Brown, Pampublikong Tagapagtanggol ng San Francisco, 1978-2001

Rebecca Susan Feng Young

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 2

CATHERINE STEFANI

Ang aking trabaho ay Superbisor ng Distrito 2.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Catherine Stefani, Superbisor

Noon pa man ay tumitindig na ako para sa ating mga komunidad sa City Hall — nakikipaglaban para sa mas ligtas, mas malinis, at mas may responsibilidad sa pananalapi na lungsod. Hinihingi ko ang inyong suporta upang maipagpatuloy ang laban na ito.

Bilang inyong Superbisor, ako ay:

- Nakipaglaban upang mapanatili ang \$10 milyon para sa mga klase sa akademya ng departamento ng pulisya, at para sa overtime ng foot patrols (mga naglalakad sa paligid na mga pulis) upang maprotektahan ang ating mga komunidad mula sa panloloob ng mga kotse at sa krimen laban sa ari-arian.
- Nakapagtiyak ng pagkakaroon ng mahigit sa \$20 milyon para sa maliliit na negosyong humaharap sa pagsasara sa panahon ng pandemya, at nakapagtaguyod ng pagpapalawak sa outdoor dining o pagkain sa labas ng gusali.
- Lumikha ng lokal na restraining order (kautusang nagbibigay ng proteksiyon) ukol sa karahasan na dulot ng baril, at sa gayon, matanggal ang mga baril mula sa mga indibidwal na may intensiyong saktan ang sarili o ang ibang tao.
- Nag-awtor ng komprehensibong pangkat ng mga batas laban sa korupsiyon, upang mareporma ang mga kontrata at grants (tulong pinansiyal) at ang Behavioral Health Commission (Komisyon para sa Kalusugan ng Isip).
- Lumikha ng bago at may konsolidasyon na Office of Victims Rights (Opisina para sa mga Karapatan ng mga Biktima), at nang mabawasan ang labis-labis na mga patakaran at matiyak na makatatanggap ang lahat ng biktima ng krimen ng mga serbisyo na nagbibigay ng suporta.
- Nagtaguyod sa karapatang magkaroon ng tagapayo sa batas ng mga biktima ng karahasan sa tahanan at nag-awtor ng batas upang mapanagot ang mga ahensiyang bigo na wastong maisakdal ang mga kasong ukol sa karahasan sa tahanan.

Ikinararantal ko na sinusuportahan ako ng marami, kasama na si Mayor London Breed, ang Planned Parenthood, at ang San Francisco Firefighters Lokal 798 at ikinararantal ko rin na maging Kandidato ng Moms Demand Action Gun Sense.

Patuloy akong magtatrabaho upang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad, mabawasan ang krimen sa ari-arian, suportahan ang lokal na mga negosyo, itigil ang korupsiyon sa gobyerno, at wakasan ang karahasang bunga ng baril.

SupervisorStefani.com

Catherine Stefani

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 4

JOEL ENGARDIO

Ang aking trabaho ay Direktor ng Nonprofit / Mamamahayag.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naniniwala pa rin ako sa San Francisco, pero wala na tayo sa tamang landas. Mahigpit ang ating pangangailangan para sa mas ligtas na mga kalye, mas mahuhusay na paaralan, mas maraming pabahay para sa panggitna ang kita, at masisiglang maliliit na negosyo.

Ano ang inihahatid ng City Hall? Awayan sa loob nito at agaw-atensiyong mga palabas.

Karapat-dapat tayong magkaroon ng pamumuno na nakatanaw sa hinaharap at nakatuon sa mga kahihinatnan. Heto ang mga paraan kung paanong nagagawa ko na ang trabaho:

- Edukasyon: Tumulong ako sa pamumuno sa pagre-recall ng walang kakayahan na school board (lupon ng mga paaralan) dahil nahihirapan na ang ating mga anak. Nasabi na ng lokal na media na ang aking trabaho ay “napakahalaga sa lubos na tagumpay ng pagre-recall sa school board.”
- Pampublikong Kaligtasan: Pinamumunuan ko ang Stop Crime SF (Itigil ang mga Krime SF), na pangkat na nagtatrabaho upang matigil ang diskriminasyon laban sa mga Asyano at ang pag-atake sa matatandang Asyano. Mga Tsino ang aking mga biyenang at natatakot silang bumisita sa San Francisco. Sinusuportahan ko ang reporma sa sistema ng pagpapapatupad at pagpapanagot sa batas. Upang magtagumpay ito, kailangang maramdaman ng mga tao na ligtas sila at hindi maaaring ipagwalang-bahala ang mga biktima.
- Pag-aadbokasiya: Bilang mamamahayag sa loob ng mahigit 20 taon, alam ko kung paano papanagutin ang gobyerno at bigyan ng boses ang mga residente.

Nadoble na nitong nakaraang dekada ang badyet ng San Francisco. Kung hindi pa sapat ang \$14 bilyon upang magkaroon ng mga bangketang dalawang beses na mas malinis, at Muni na dalawang beses na mas mabilis, kailangan na nating baguhin kung paano ginagasta ang pera.

Karapat-dapat tayo para sa City Hall na bukas sa pagsisiyasat, malaya mula sa korupsiyon, may responsibilidad sa pananalapi, at niyayakap ang mga inobasyon.

Samahan ako sa paglikha ng pinakamahusay nating San Francisco.

www.engardio.com

Joel Engardio

GORDON MAR

Ang aking trabaho ay Miyembro, Board of Supervisors.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ikinararantal kong katawanin ang Sunset sa Board of Supervisors ng San Francisco.

Sama-sama na tayong nakagawa ng pag-unlad upang mapalawak ang abot-kayang pabahay, mapanatiling ligtas ang mga kalye, mapaghusay ang mga pampublikong paaralan, at matugunan ang mga dahilan ng kawalan ng tahanan, pero marami pa ang dapat magawa.

Ito ang dahilan kung bakit hinihiling ko ang inyong boto para sa pagiging Superbisor ng Distrito 4.

Pangunahing prayoridad ko na, noon pa man, ang pagpapatatag sa pampublikong kaligtasan. Iyan ang dahilan kung bakit nilikha ko ang Five-Point Sunset District Community Safety Plan (Planong may Limang Bahagi para sa Kaligtasan ng Komunidad ng Sunset District) at ang Pagsawata sa Krime sa pamamagitan ng Community Policing Act (Batas ukol sa Pagpapatakbo ng Pulisya nang may Pakikipagtulungan sa Komunidad). Kung mahahalal akong muli, patuloy kong pararamihin ang bilang ng nagpapatrolya nang naglalakad at nagbibisikleta ng SFPD, ng mga embahador para sa kaligtasan sa komunidad, at ng mga taga-agapay sa matatanda.

Itinaguyod ko ang unang mga proyekto sa abot-kayang pabahay sa kasaysayan ng Sunset para sa mga guro at nagtatrabahong pamilya, at binawasan ang labis-labis na mga patakaran, at nang sa gayon, mapalawak ng mga may-ari ng bahay ang kanilang tahanan at makalikha ng bagong pabahay. Tumulong ako sa pagkakaroon ng matutuluyan ng mga beteranong walang tahanan at sa pagpapalawak ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isip, at patuloy akong magtatrabaho upang maalis ang ating mga kapitbahay mula sa kalye at tungo sa permanenteng pabahay.

Pangwakas, palagi kong itataguyod ang de-kalidad na pampublikong edukasyon para sa lahat, nang pina-unlad ang nasimulan nang trabaho, at sa gayon, magarantiyahan ang Libreng City College sa loob ng 10 taon, mapondohan ang mga programang STEAM sa bawat paaralan sa Sunset, at mapalawak ang pangangalaga bago at matapos ang klase, at ang mga programa para sa kahandaan sa kolehiyo sa kabuuan ng lungsod.

Pakisamahan ang San Francisco Fire Fighters Lokal 798, ang California Nurses Association, si Miyembro ng Asembleya Phil Ting, at ang libo-libong magkakapitbahay sa muling paghahalal sa akin bilang inyong Superbisor.

www.GordonMar.com

Gordon Mar



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 6

MS BILLIE COOPER

Ang aking trabaho ay

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ako, si Ms Billie Cooper, ay tumatakbo para sa katungkulan na superbisor ng Distrito 6 ng San Francisco - 35 taon na akong stakeholder o may interes sa komunidad ng Distrito 6 - Isa akong Aktibista at Nag-aadbokasiya para sa komunidad - Tapat ako, at matagal na ring nakaalpas sa HIV+ 20 taon na akong nasa landas tungo sa paggaling Isa akong Beterano ng United States Navy Noon pa man ay tumitindig na ako bilang pakikiisa sa aking komunidad sa Distrito 6, at nagbibigay ng pagmamahal at suporta sa tuwing nagra-rally kami para sa Equity o Katarungan sa Pagpapapantay-pantay at Equality o Pagkakapantay-pantay para sa Lahat Isa rin ako sa mga Nakaalpas sa Kanser.

Ms Billie Cooper

MATT DORSEY

Ang aking trabaho ay Itinalagang Miyembro, Board of Supervisors.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang pagtatagpo ng mga nakabasag ng rekord na mga pagkamatay nang dahil sa overdose sa droga at ang sarili at personal kong paglalakbay upang makabangon mula sa adiksiyon sa droga ang nagtulak sa akin na hilingin kay Mayor London Breed na isaalang-alang ako upang maitalaga niya sa bakanteng posisyon sa Board of Supervisors noong Mayo.

Nananatiling personal na prayoridad para sa akin sa City Hall ang pagtupad ng pangako ng pagbangon para sa lahat ng nangangailangan nito. Naihanda na rin ako ng aking 30+ taong pagtatrabaho sa lokal na gobyerno, pagkakapantay-pantay para sa LGBTQ+, pag-aadbokasiya para sa HIV/AIDS, reporma sa pulisya, at pampublikong kaligtasan, at sa gayon ay patuloy na makapaglingkod bilang walang kinatatakutan at epektibong superbisor para sa Distrito 6.

- Nakikipaglaban ako para sa mas ligtas na lungsod at upang responsableng malutas ang ating problema sa kakulangan ng mga kawani sa pulisya — nang tumitindig sa walang pakundangang panawagan na tanggalan ng pondo ang SFPD, at maging sa pagbubuwag nito.
- Ipinagpapatuloy ko ang trabahong ginawa ko sa loob ng 14 taon habang nasa pangkat ako ng mga namumuno sa City Attorney's Office (Opisina ng Abugado ng Lungsod) ng San Francisco — pagbibigay ng proteksiyon sa mga umuupa at pakikipaglaban para sa mga nagtatrabahong pamilya.
- Ipinaglalaban ko ang pag-amyenda sa tsarter ukol sa Affordable Homes Now (Abot-kayang Pabahay Ngayon) — at nang magawang mas simple ang produksiyon ng pabahay sa lahat ng antas ng kita, sa bawat komunidad ng San Francisco.

Ikinararantal kong ineendoso ako nina Mayor London Breed, Senador ng Estado Scott Wiener, Tesorero ng Estado Fiona Ma, dating Abugado ng Lungsod Dennis Herrera, at ng Nor Cal Carpenters Union, na ilan lamang sa marami pang iba.

Magalang ko pong hinihiling ang inyong boto.

Alamin pa ang tungkol dito sa <https://www.mattdorsey.org>.

Matt Dorsey



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 6

CHERELLE JACKSON

Ang aking trabaho ay Direktor ng Komunikasyon.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato:

Ang aking mga kuwalipikasyon ay: Ang pangalan ko ay Cherelle Jackson. Ang aking misyon, at ang aking pananagutan ay nasa pagkatawan sa boses ng hindi lubusang napaglilingkuran at ng mga walang kapangyarihan. May pananagutan akong katawanin ang walang lakas at walang proteksiyon. Tumanggap ako ng Masters Degree sa Political Science, Public Policy, at Public Administration (Siyensiya ng Politika, Pampublikong Polisiya, at Pampublikong Pamamahala), kasama na ang aking Bachelor of Arts sa Psychology, Concentration Sociology (Sikolohiya na may Pagtutuo sa Sosyolohiya). Nakapaglingkod na ako bilang aktibista ng komunidad para sa walang kapangyarihan at hindi lubusang napaglilingkuran na mga komunidad. Nagkaroon na ako ng pribilehiyong makatrabaho ang matatanda, mga beterano, at mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan. Nakapaglingkod na ako bilang edukador na nakikipagtrabaho sa iba't ibang populasyon ng mga estudyante, kasama na ang mga imigrante. Ehekutibong prodyuser din ako para sa Rose Milk Podcast. Isa akong awtor. Influencer of the Year (Maimpluwensiyang Indibidwal ng Taon) ako noong 2020-2021 para sa International Association of Women (Pandaigdigang Asosasyon ng Kababaihan). Direktor ng Komunikasyon para sa Justice Equity Inclusion Committee (Komite para sa Hustisya, Katarungan sa Pagkakapantay-pantay, at Pagsasama sa Lahat). Kasamang Tagapangulo ng Workers with Disabilities Committee (Komite para sa mga Manggagawang May Kapansanan), miyembro ng komite na LGBTQIA+ Lavendar, at komite ng Kababaihan. Nasa Nangungunang 5 ako sa aking pangkat para sa Jet Set Magazine. Naglingkod ako bilang essential worker (nagtatrabaho sa industriyang mahalaga sa pagpapatuloy ng kritikal na mga gawain) sa panahon ng pandemya, naging pangunahing tagapagsalita, at kasama sa lupon ng mga tagapagsalita, sumusuporta sa maliliit na negosyo, at patuloy na nagtatakda ng kalidad o pakiramdam, at pamantayan para sa umuunlad na kababaihan, at sa lahat ng komunidad. Sama-sama nating ibalik ang ating mga komunidad, magkakaroon ng layunin patungkol sa trabahong gagawin, at mamumuno nang may kaluwagan ng loob.

Cherelle Jackson

HONEY MAHOGANY

Ang aking trabaho ay Social Worker.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

ITIGIL ANG KRIMEN

Lumaki ako sa San Francisco sa pamilya ng mga imigranteng Aprikano, at alam ko kung ano ang pakiramdam ng kawalang kaligtasan sa ating lungsod. Nangangako ako na puspusan akong makikipaglaban upang matiyak na ligtas ang ating mga kalye at harap sa mga konsekuwensiya ang mga indibidwal na gagawa ng krimen.

TOUGH LOVE (paghihikayat ng pagtulong sa sarili)

Mayroon akong Master's sa Social Work mula sa Berkeley, at sa loob ng 20 taon, nakipagtrabaho upang maalís mula sa kalye ang mga indibidwal na walang tahanan, matigil sa bisyo ang mga indibidwal na may adiksiyon, at mapaako ng responsibilidad ang mga indibidwal na nakagawa ng krimen.

PAGTATAYO NG PABAHAY

Itigil na natin ang mga pagtatalo ukol sa pabahay at itayo na lamang natin ang mga ito. May tunay na karanasan ako sa pagtatayo ng pabahay sa lahat ng antas. Bilang Chief of Staff (Pinuno ng mga Kawani) ni Superbisor Matt Haney, pinamahalaan ko ang pag-apruba sa 9000+ yunit ng pabahay sa Distrito 6...na higit pa sa lahat ng pinagsama nang distrito.

PAGIGING INDEPENDIENTE

Maraming taon na ang naging karanasan ko sa City Hall, pero hindi ako bahagi ng anumang paksiyon sa politika. Naniniwala ako sa magalang na pakikipagkomunikasyon, pagkakaroon ng mga tulay, at pag-abot sa nasa kabilang panig. At tumatangi akong maging yes man o tagasunod lamang sa gobyernong hindi ginagawa ang trabaho nito...kung minsan, kailangan din ng mga Departamento ng Lungsod ng tough love.

MGA PAG-EENDOSO

Miyembro ng Asembleya Matt Haney
Presidente ng Board of Supervisors Shammon Walton
Superbisor Myrna Melgar
Superbisor Gordon Mar
Direktor ng Bart Janice Li
Direktor ng Bart Devan Dufty
Katiwala ng Lupon ng City College Shanell Williams
San Francisco Teachers (UESF)

Honey Mahogany



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 8

RAFAEL MANDELMAN

Ang aking trabaho ay Superbisor ng Distrito 8.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Naging karangalan ko sa aking buhay na katawanin ang ating mga komunidad sa Board of Supervisors. Ipinagkakapuri ko ang trabahong nagawa natin, pero napakarami pang dapat gawin.

Sa Board, nagawa kong:

- Mag-awtor ng batas upang maipatupad ang mga conservatorship (pamamahala o paggawa ng desisyon para sa walang kakayahan) para sa walang tahananang mga indibidwal na nakararanas ng hirap nang dahil sa malalang sakit sa isip at sa kapansanang dulot ng pang-aabuso sa droga, alak, at iba pang sangkap
- Ipaglaban ang pagpopondo para sa pagsasanay ng pulisya, mga foot patrol (mga naglalakad sa paligid na mga pulis) ng komunidad, at pagkakaroon ng diversity o pagkakaiba-iba sa pag-eempleyo
- Mag-awtor ng batas upang mapigil ang pagtatayo ng dambuhalang mga bahay habang pinahihintulutan ang mga fourplex (gusaling may apat na yunit), at sa gayon, magawang mas abot-kaya ang pabahay sa karaniwang mga taga-San Francisco

Sa pamamagitan ng inyong boto, makagagawa tayo ng pag-unlad sa susunod na apat na taon sa pamamagitan ng:

- Pagkakaloob ng mas maawain na mga pamamaraan upang makaalis sa kalye ang mga indibidwal na walang tahanan, habang tinitiyak na magagamit ng lahat — at maipagmamalaki — ang mga pampublikong espasyo na nagagamit ng lahat
- Pagreperorma sa ating sistema ng pagpapatupad at pagpapanagot sa batas, at nang mabawasan ang bilang ng hindi makatarungang pagkakakulong samantalang pinananagot ang mga indibidwal na nagsasagawa ng krimen laban sa ari-arian at seryosong paglabag sa batas
- Pagpoprotekta sa karakter ng ating mga komunidad habang lumilikha ng mga oportunidad sa abot-kayang pabahay para sa kasalukuyan at bagong mga residente

Samahan kami sa pagsuporta kay Rafael para sa pagiging Superbisor!

Dating mga Superbisor ng Distrito 8: Mark Leno, Bevan Dufty, at Scott Wiener
San Francisco Labor Council
Sophie Constantinou, College Hill Neighborhood Association*
Meredith Dodson, SF Parent Coalition*
Dave Karraker at Terrance Alan, Castro Merchants Association*
Chris Keene, Friends of Slow Sanchez*

Carolyn Kenady, Dolores Heights Improvement Club*
Debra Niemann, Noe Valley Association*
Dan Slaughter, Mt. Olympus Neighborhood Association*
Janet Tarlov, Glen Park Business Owner*
Frank Tizedes, Duboce Triangle Neighborhood Association*
Stephen Torres, Castro LGBTQ Cultural District*

*Para lamang sa layunin ng identipikasyon

Rafaelmandelman.com

Rafael Mandelman

KATE STOIA

Ang aking trabaho ay Abogado.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Isa akong magulang (2 bayolohikal + 1 foster o nasa aking pangangalaga) at abugado, at ikinararangal ko ang pagiging taga-San Francisco. Mahigit 30 taon na akong nakatira sa D8.

Sa kabila ng mga hamon sa atin, alam nating lahat na espesyal na lugar ang San Francisco. Gusto kong gawing mas mabuting lugar ito. Kailangang paglingkuran tayo ng gobyerno ng lungsod, at hindi magtrabaho nang laban sa atin. Naging napakahirap nang may magawa na kahit ano rito — mula sa pagbubukas ng negosyo, tungo sa paglikha ng pabahay, hanggang sa pagtulong sa walang tahanan at sa may sakit sa isip. Baguhin natin ito. Samahan ninyo ako sa pagbuo ng gobyerno ng lungsod na gumagana para sa lahat.

Mayroon akong mga degree mula sa Law School ng UC Berkeley at sa Goldman School of Public Policy. Gumugol na ako ng 32 taon ng pagtatrabaho upang maging mas mabuting lugar ang SF: mula sa aking unang trabaho, sa Proyektong STOP AIDS, tungo sa paghahabla sa Sheriff ng SF sa ngalan ng kliyenteng transgender, tungo sa paglikha ng matatag na pundasyon at maningning na kinabukasan para sa LGBTQ+ BIPOC na pangkat panteatro, hanggang sa paglikom ng pondo upang masuportahan ang mga social worker sa ating mga pampublikong paaralan.

Ang aking mga prayoridad ay: pagtatanggal sa korupsiyon. Pabahay. Mas maraming pabahay. Malilinis na kalye. Pagpapasimple sa pagkuha ng permit para sa maliliit na negosyo. Pagkakaroon ng mas ligtas at mas nakatutugon na buhay para sa lahat ng taga-San Francisco.

Bilang inyong Superbisor, magtatrabaho ako araw-araw upang magawang mas mabuti ang buhay para sa bawat residente ng D8.

Kate Stoia

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Distrito 10

BRIAN SAM ADAM

Ang aking trabaho ay Manunulat ng Sulating Teknikal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

7 taon na akong nasa larangan ng teknolohiya at halos dalawang taon nang nasa Lungsod at County ng San Francisco. Nakipagtrabaho na ako sa mga pangkat na may pagkakaiba-iba o diverse, at nang masuri at malutas ang mga problema. Kasabay nito, hindi ko nakalimutan ang aking mga katrabaho. Nang magsagawa kami ng mga pagpapahusay, pangunahin sa aming isipan ang kanilang mga pamilya, kalusugan, at kaligtasan.

Ako ang tamang pagsasama ng kaalaman at enerhiya na makapagdadala ng kalinawan sa Distrito 10. Sa pagtatrabaho sa Lungsod, marami na akong nakitang kabutihan, pero marami rin akong natutunan tungkol sa mga kakulangan nito. Sa ulat noong 2008-2009, itinampok ang potensiyal na korupsiyon at kakulangan ng kompetisyon mula sa mga organisasyong nonprofit na nakikipagtrabaho sa Lungsod. Dinetalay ng ulat noong 2016 ang mga panloloob sa kotse sa Embarcadero at sa kabuuan ng Lungsod. Handa na ang mga indibidwal na magturo sa kung sino-sino, ngunit hindi para magharap ng mga solusyon. Itinampok ng ulat noong 2020 ang mga oportunidad upang mabawasan ang krimen sa pamamagitan ng paglilipat sa pulisya sa iba't ibang distrito. Walang pulis na nailipat!

Pakikinggan ng matagumpay na superbisor ang mga residente ng kanyang distrito at lulutasin ang mga problema; tutulong upang higit na maging mas mabuti sa kalikasan at mas magaganda ang mga komunidad; pauunlarin ang San Francisco — bilang lungsod kung saan puwede kang magkaroon ng pamilya! Ibinabasura natin ang hindi na gumagana. Itinatanghal natin ang gumagana. Ako ang siyang makikinig, masipag na magtatrabaho araw-araw, at maghahatid ng mga resulta.

Brian Sam Adam

SHAMANN WALTON

Ang aking trabaho ay Presidente ng Board of Supervisors ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang pinaka-unang Itim na lalaki na naglilingkod bilang Presidente ng Board of Supervisors, puspusan na akong nakikipaglaban upang matiyak na may boses sa City Hall ang ating vulnerable o walang lakas na mga kapitbahay at nagtatrabahong mga pamilya. Bilang inyong Superbisor, patuloy akong maghahatid ng mga rekurso upang mapaghusay ang ating mga komunidad at mapaglingkuran ang bawat taga-San Francisco.

Naniniwala akong karapat-dapat ang bawat isa na magkaroon ng matatag na kita, malinis at ligtas na komunidad, at matitirhan na abot-kaya. Iyan ang dahilan kung bakit namuno na ako sa mahihirap na usapin na makagagawa ng tunay na epekto sa buhay ng mga taga-San Francisco. Natiyak ko ang pagkakaroon ng mahigit \$20 milyon na tulong sa upa sa bahay (rent relief) at abot-kayang pabahay, napamunuan ang paglikha ng Dream Keeper Initiative (Inisyatibang Nakatuon sa Pagsuporta sa mga Aprikano Amerikano) upang muling maipamuhunan ang \$120 milyon sa komunidad ng mga Itim sa ating lungsod, nakipagtunggali upang malabanan ang mga krimeng ibinubunsod ng pagkasuklam sa AAPI, at namagitan sa proseso ng muling pagbubukas ng mga paaralan sa panahon ng pandemya.

Ipinanganak ako sa San Francisco, at lumaki sa pampublikong pabahay sa Bayview at sa Potrero Hill. Nakapagtrabaho na ako sa Distrito 10 sa loob ng ilang dekada, at dati nang naglingkod sa Board of Education ng San Francisco at bilang Ehekutibong Direktor ng Young Community Developers.

Kabilang sa aking mga taga-suporta sina/ang:

Senador Scott Wiener

Mga Miyembro ng

Asembleya: Phil Ting, Matt

Haney

Mga Superbisor: Connie

Chan, Catherine Stefani,

Aaron Peskin, Gordon Mar,

Dean Preston, Myrna Melga,

Rafael Mandelman, Hillary

Ronen, Ahsha Safai

Pampublikong

Tagapagtanggol Mano Raju

Tagatasa-Tagatala Joaquín

Torres

Honey Mahogany

Direktor ng BART Bevan

Dufty

Mga Katiwala ng City

College: Aliya Chisti, Alan

Wong

San Francisco Labor Council

United Educators of

San Francisco

SEIU 1021

IFPTE Lokal 21

<https://shamannwalton.com/>

Shamann Walton



Mga Madalas Itanong ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco

**Sinagot ng Ballot Simplification Committee
(Komite para Gawing mas Simple ang Balota)**

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro

Sino ang kuwalipikadong magparehistro at bumoto sa California? Upang makaboto sa mga eleksyon sa California, kinakailangang kayo ay: 1) mamamayan ng Estados Unidos; 2) residente ng California; 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon; 4) hindi napatunayan ng korte na may pagkukulang sa isip upang makaboto; at 5) hindi kasalukuyang nagsisilbi ng pang-estado o pampederal na sentensiya sa kulungan nang dahil sa hatol na felony.

Pakitandaan na inamyendahan ng pagkakapasa sa Proposisyon 17 noong Nobyembre 2020 na eleksyon ang Konstitusyon ng estado, at nang mapahintulutan ang mga karapat-dapat na residente na naka-parole (paglaya na may kondisyon) na makapagparehistro upang makaboto.

Maaaring magparehistro at bumoto para sa eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ang mga hindi mamamayang residente ng San Francisco kung sila ay isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapagalaga ng batang nakatira sa San Francisco at mas mababa sa 19 taong gulang ang edad ng isa sa mga bata sa Araw ng Eleksyon. Ang susunod na eleksyon para sa Board of Education ay gaganapin sa Nobyembre 8, 2022.

Kailan ang deadline para magparehistro upang makaboto o para baguhin ang impormasyon sa aking rehistrasyon?

Sa Oktubre 24, 2022 ang deadline para magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online para sa Nobyembre 8 na eleksyon. Matapos ang araw na iyon, kinakailangan na ninyong magparehistro at bumoto nang personal gamit ang probisyonal na balota sa Voting Center (Sentro ng Botohan) sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California bago ako maging 18 taong gulang? Kung 16 o 17 na taong gulang na kayo at natutugunan ang iba pang pangangailangan ng estado sa pagpaparehistro ng botante, maaari kayong magpaunang rehistro upang makaboto at magiging aktibo ang inyong rehistrasyon pagsapit ng inyong ika-18 na kaarawan.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California kung bago pa lang akong naging mamamayan?

Kung naging mamamayan kayo ng U.S. matapos ang regular na deadline ng rehistrasyon sa Oktubre 24, maaari kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Voting Center sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako ng tirahan sa lungsod?

Kung lumipat kayo sa loob ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o baguhin ang inyong address sa sfelections.org/voterportal o sa lugar ng botohan kung saan makaboboto kayo nang personal.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa loob ng California?

Kung lumipat kayo sa bagong address sa California na nasa labas ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o makipag-ugnayan sa opisyal ng mga eleksyon ng bago ninyong county.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa ibang estado? Kung lumipat na kayo sa ibang estado, maaari kayong magparehistro sa inyong lokal na opisyal ng mga eleksyon. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kanselahin ang inyong rehistrasyon sa San Francisco.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung kasalukuyan akong nakatira sa ibang bansa?

Kung pansamantala kayong naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o sa fvap.gov at humiling ng balota na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

Kung mayroon kayong mga tanong kung maaari ba kayong makaboto, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310 o mag-email sa SFVote@sfgov.org.



Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Matatanggap ko ba ang aking balota sa koreo? Alinsunod sa batas ng estado, makatatanggap ang lahat ng botante ng balota sa koreo. Maaaring pumili ang sinumang botante na bumoto gamit ang balota na darating sa koreo o bumoto nang personal sa Nobyembre 8, 2022 na eleksyon.

Paano kung hindi dumating sa koreo ang aking balota? Maaari ninyong masubaybayan kung nasaan na ang inyong balota sa proseso ng pagpapadala sa koreo sa sfelections.org/voterportal. Kung nakalipas na ang tatlong araw mula nang ipadala ang inyong balota, maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa sfelections.org/voterportal o sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310.

Paano ako makakukuha ng pamalit na vote-by-mail na balota? Upang humiling ng pamalit na balota bago sumapit ang Nobyembre 2, pumunta sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310. Matapos ang petsang iyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para mapag-usapan ang inyong mga opsiyon.

Maaari ko bang gamitin ang Nagagamit ng Lahat na sistemang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, AVBM) para makuha ang aking balota? Maaaring makuha at mamarkahan ng sinumang botante ang kanyang balota sa sfelections.org/access. Kailangang i-print at ibalik nang personal o sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang AVBM.

Paano ko masusubaybayan ang aking balotang vote-by-mail? Maaari ninyong masubaybayan sa sfelections.org/voterportal ang inyong balotang vote-by-mail mula sa pagbubuo nito hanggang sa pagpapadala, beripikasyon, at pagbilang. O mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa inyong balota. Maaari din kayong tumawag o magpadala ng email sa Department of Elections.

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail

Maaari ko bang ibalik ang aking balota sa pamamagitan ng koreo sa mismong Araw ng Eleksyon? Para mabilang ang inyong balota, kailangan malagyan ng postmark ang pambalik na sobre ng balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Nobyembre 8. Kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong pambalik na sobre ng balota matapos mangyari ang huling oras ng pagkolekta sa koreo sa Araw ng Eleksyon, huli nang malalagyan ng postmark ang inyong balota para ito'y mabilang. Alamin ang lokasyon ng mga United States Post Office box at mga oras ng pagkolekta sa usps.com/locator.

Paano ko pipirmahan ang pambalik na sobre ng aking balota? Lagdaan ang inyong sobre gamit ang huling pirma na ginamit sa inyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Kung nagbago na ang inyong pangalan at pirma, mangyaring muling magparehistro sa registertovote.ca.gov. Kung hindi ninyo pinirmahan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, o hindi nagtugma ang inyong pirma sa sobre sa alinmang pirma sa inyong rekord bilang botante, susubukan ng Departamento na makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng koreo at kailangan ninyong ayusin ang problema bago mabilang ang inyong balota.

Saan ko maaaring ihulog ang aking vote-by-mail na balota? Mula Oktubre 10 hanggang Nobyembre 7, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Voting Center sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Voting Center sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan sa Lungsod nang hindi lalagpas sa 8 p.m. Para mahanap ang lokasyon ng kahon na hulugan ng balota na malapit sa inyo, pumunta sa sfelections.org/balotdropoff o tumawag sa (415) 554-4310.



Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal

Maaari ba akong bumoto nang maaga at nang personal sa Nobyembre 8 na eleksyon?

Bukas ang Voting Center sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Oktubre 11–Nobyembre 7, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.;
- Huling dalawang Sabado at Linggo, Oktubre 29–30 at Nobyembre 5–6, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.; at
- Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. (pareho sa oras ng pagboto sa mga lugar ng botohan)

Maaari ba akong bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco? Magkakaroon ng humigit-kumulang 500 lugar ng botohan na bukas para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Hinihikayat namin ang lahat na bumoto sa inyong nakatalagang lugar ng botohan. Kung boboto kayo sa ibang lugar ng botohan, hindi ninyo makikita ang inyong pangalan sa listahan ng mga botante at hihilingin sa inyo na bumoto gamit ang probisyonal na balota.

Ano-anong uri ng tulong at impormasyon na nasa iba't ibang wika ang makukuha sa mga lugar ng botohan kung saan puwedeng bumoto nang personal? Parehong mag-aalok ang Voting Center sa City Hall at ang lahat ng lugar ng botohan sa San Francisco ng bilingual (nasa dalawang wika) na balota na nasa Ingles at alinman sa Tsino, Espanyol, o Filipino. Dagdag pa rito, mag-aalok din ang ilan sa mga lugar ng botohan ng balotang facsimile (sanggunian) sa wikang Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese. Magbibigay din ng tulong sa iba't ibang wika ang mga bilingual (dalawa ang sinasalitang wika) na kawani sa karamihan ng mga lugar ng botohan sa komunidad.

Ano-anong tulong at impormasyon sa may kapansanan ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal? Mag-aalok ng serbisyo sa curbside voting (pagboto sa gilid ng daan), kagamitang pantulong sa may kapansanan sa pagboto, mga kasangkapan, at personal na tulong ang lahat ng lugar ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal. Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulungan siyang markahan ang kanyang balota, basta't hindi tagapag-employo ng botante o kinatawan ng kanyang unyon ang tutulong, at hindi magtatangkang impluwensiyahan ang botante.

Maaari ko bang dalhin ang aking Sample Ballot (Halimbawang Balota) o sariling listahan sa booth ng botohan?

Opo. Makatutulong kung desidido na kayo kung sino o ano ang inyong iboboto bago pa kayo magpunta sa botohan. Maaari ninyong gamitin ang Sample Ballot na nasa pangunahing Ingles na bersiyon nitong pamplet, o ang Ballot Worksheet sa loob ng pamplet na ito, upang makapag-ensayo sa pagmamarka ng inyong (mga) pinili bago ninyo markahan ang inyong opisyal na balota.

Kailangan ko bang bumoto sa bawat labanan at panukala sa balota? Hindi po. Bibilangin ang inyong mga boto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukala.



Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Alinsunod sa lokal na batas, nilalaman ng pamphlet na ito ang sumusunod na impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas:

- 1.** Pagkilala sa bawat panukalang-batas sa pamamagitan ng letra at titulo,
- 2.** Pahayag o tanong ng City Attorney (Abugado ng Lungsod),
- 3.** Buod o digest ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota),
- 4.** Pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) tungkol sa epekto sa pananalapi,
- 5.** Paliwanag kung paano naging kuwalipikadong mailagay sa balota ang panukalang-batas,
- 6.** Legal na teksto (para sa legal na teksto, tingnan ang Ingles na bersiyon ng pamphlet na ito), at
- 7.** Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng Municipal Elections Code ng San Francisco (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon, SFMEC) §500.

Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa lokal na panukalang-batas:

- 1.** Isang argumento ng may-panukala (pabor sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad,
- 2.** Isang argumento ng katunggali (laban sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad,
- 3.** Isang sagot sa argumento para sa bawat argumento ng may-panukala at katunggali ng panukalang-batas, pinili ayon sa SFMEC §550 at nakalimbag nang walang bayad.
- 4.** Anumang may bayad na argumento na nai-sumite alinsunod sa SFMEC §555-570. (Maililimbag nang magkasama sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamphlet ang lahat ng may bayad na argumento na pabor sa panukalang-batas, kasunod ng mga may bayad na argumento na laban sa panukalang-batas. Lahat ng argumento ay pawang opinyon ng mga may-akda at inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type, spelling, o grammar).



Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Abot-kayang Pabahay: Binibigyang-depinisyon ang pabahay bilang abot-kaya para sa mga kabahayan na may natukoy na ilang antas ng kita. Sa pangkalahatan ay layunin ng halaga o presyo ng mga pabahay na ito na magbayad ang mga kabahayan ng humigit-kumulang sa 30% ng kanilang kita tungo sa gastos sa pabahay.

Aprentis: Indibidwal na nag-aaral ng trabaho mula sa may kakahayang taga-empleyo.

Area Median Income (Panggitnang Kita ng Lugar, AMI): Panukat ng antas ng kita sa San Francisco. May makukuhang detalyadong impormasyon sa: sfmohcd.org/ami-levels.

City College (Kolehiyo ng Lungsod): Ang City College of San Francisco (Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco), na pampubliko at pandalawang taon na kolehiyo ng komunidad.

Discretionary Approvals (Pag-apruba ng Batay sa Pagpapasya): Pag-apruba na nangangailangan ng paggamit ng paghuhusga o paglilimi, na salungat sa mga pag-aruba na inaalam kung natugunan ang hindi nagbabagong mga pamantayan.

Discretionary Revenues (Pinagpapasyahang Kita): Mga kita na walang restriksiyon at maaaring gamitin ng Lungsod para sa anumang layunin na walang nilalabag na bats.

Fiscal Year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet): Ang 12-buwan na panahon ng pagbabadyet ng Lungsod, na nagsisimula sa Hulyo 1 at nagtatapos sa Hunyo 30 ng susunod na taon na nakabatay sa kalendaryo.

General Fund (Pangkalahatang Pondo): Ang bahagi ng taunang badyet ng Lungsod na maaaring magamit para sa anumang layunin ng Lungsod. Taon-taon, pinagpapasyahan ng mayor at ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Supervisor) kung paano gagamitin ang General Fund. Nanggagaling ang pera para sa General Fund sa buwis at bayarin sa mga ari-arian, pagnenegosyo, pagbebenta at sa iba pang buwis at bayarin.

Great Highway: Ang may apat na lane na pampublikong daanang tumatakbo sa may Ocean Beach, at nagsisimula sa Point Lobos Avenue at nagtatapos sa Skyline Boulevard.

Gross Receipts (Kabuuang Kita): Ang kabuuang halaga ng pera na natatanggap ng negosyo, sa anumang anyo, para sa mga produkto at serbisyo nito.

Guaranteed Income Program (Programa para sa Garantisadong Kita): Nagkakaloob ang garantisadong kita ng direkta at madalas ay ibinibigay muli na tulong na pera sa mga indibidwal o kabahayan, nang walang kondisyon o restriksiyon. Nabibigyang-lakas at pinagkakatiwalaan ang mga tumatanggap upang makagawa ng kanilang pagpapasya kung paano pinakamainam na magagamit ang kanilang pera.

Inisyatiba: Ang proposisyon na inilalagay sa balota ng mga botante. Maaaring maglagay ang sinumang botante ng inisyatiba sa balota sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda ng rehistradong botante sa petisyon.

John F. Kennedy Drive: Pampublikong kalye na tumatakbo sa kabuuan ng Golden Gate Park simula sa kanang bahagi ng Stanyan Street, nang dumaraan sa Conservatory of Flowers, sa de Young Museum, sa Speedway Meadow, sa Bison Paddock, at nagtatapos sa Great Highway.



May Kakayahan at Pagsasanay na mga Nagtatrabaho: Mga nagtatrabaho na nag-eempleyo, para sa pagtatayo ng gusali at konstruksiyon, ng mga manggagawa na nakapaloob sa aprubado ng lungsod na programa sa pag-aaprentis, o nakapagtapos mula rito.

Mga Kita: Mga halagang natatanggap ng Lungsod, kasama na ang kita mula sa karamihan sa mga buwis na para sa Lungsod.

Music Concourse (Liwasang Pangmusika): Plaza na nasa labas ng gusali at nasa loob ng Golden Gate Park. Nasa pagitan ng de Young Museum at ng California Academy of Sciences ang hugis itlog na liwasan.

Namamayaning Pasahod: Mga sahod na sinasalamín ang pasahod na pangkaraniwan nang nakukuha ng lokal na mga nagtatrabaho at itinatakda ng Board of Supervisors.

Ordinansa: Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors o ng mga botante.

Pagpapawalang-bisa: Ginagawa upang matanggal ang batas, at nang hindi na ito magkaroon ng anumang epekto.

Pampaaralang Distrito: Ang San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) ay pampublikong ahensiya na hiwalay sa Lungsod at pinatatakbo nito ang sistema ng mga pampublikong paaralan sa San Francisco nang hanggang sa ika-12 grado.

Pangangasiwa: Pagsubaybay sa mga aktibidad upang matiyak na nasusunod ang mga layunin ng programa.

Parcel Tax (Buwis sa Parsela): Buwis sa lupa at mga istruktura sa Lungsod.

Programa para sa Pag-aaprentis: Programa na nagsasanay sa indibidwal na magkaroon ng kakayahan sa partikular na trabaho, at maaaring kasama rito ang pagsasanay na hands-on (ang nagsasanay mismo ang gumagawa) at pag-aaral sa klasrum.

SFERS: Ang San Francisco Employees' Retirement System (Sistema sa Pagreretiro ng mga Empleyado sa San Francisco), na namamahala sa mga plano para sa pagreretiro at ipinagpapalibang bayad para sa mga empleyado ng Lungsod.



Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto, na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian) tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

Mga Uri ng Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond (Bond na Kumikita)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na \$1.74 para sa bawat dolyar na inutang — \$1 para sa halagang inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na \$1.18 para sa bawat \$1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2021–2022, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na \$579 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayaranang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond debt (utang na bond para sa pangkalahatang obligasyon), (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis sa ari-arian para sa taon upang makasunod sa mga itinatakdang para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo ay tinataya na magiging 18.25 sentimo kada \$100 ng tinatayang halaga, o \$1,082 sa bahay na natasang \$600,000, na sumasalamain sa eksemplaryong \$7,000 ng may-ari ng bahay.

Legal na Limitasyon sa Pag-utang. Ipinag-uutos ng Tsarter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na \$9.86 bilyon. Ang mga

botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Hulyo 1, 2022, mayroong \$2.63 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.80% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang \$1.50 bilyon na mga bond na nabigyan na ng *awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas*. Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga ng utang ay 1.25% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakdang ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniuulong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

Matipid na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamumuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang “direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari),” na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.25% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang direct debt ratio na ito na pasaning utang na “katamtaman (moderate)” kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)



A

Karagdagang Pera para sa Retirado upang Umayon sa Halaga ng Pamumuhay; Kontrata ng Retirement Board sa Ehekutibong Direktor

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapahintulutan ang mga empleyado ng Lungsod, na nagretiro bago ang Nobyembre 6, 1996, na makatanggap ng karagdagang pera sa kanilang pensiyon at nang makaayon sa halaga ng pamumuhay, kahit na hindi lubusang napopondohan ang sistema para sa pagreretiro, at pahintulutan ang Retirement Board na magkaroon ng pang-indibidwal na kontrata sa pag-eempleyo sa ehekutibong direktor nito?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagkakaloob ang Lungsod sa mga empleyado nito ng benepisyo sa pensiyon sa pamamagitan ng San Francisco Employees' Retirement System (Sistema sa Pagreretiro ng mga Empleyado sa San Francisco, SFERS). Sa eleksyon noong Nobyembre 6, 1996, inaprubahan ng mga botante ang cost of living adjustment (karagdagang pera at nang makaayon sa halaga ng pamumuhay, COLA) para sa mga retirado. Kuwalipikado ang mga empleyado ng lungsod na nagretiro bago ang Nobyembre 6, 1996 para sa karagdagang COLA na ito kung natutugunan ng pamumuhunan sa SFERS ang inaasahang porsiyento ng kita sa mga ito, at mababayaran ang lahat ng naipong benepisyo sa pensiyon, na utang sa mga retirado at empleyado ng Lungsod (lubusang napopondohan).

Pinangangasiwaan ang SFERS ng Retirement Board o Lupon para sa Pagreretiro (Board o Lupon) ng Lungsod, at ito ang nagtatalaga at nagtatanggal ng sariling ehekutibong direktor. Kapag nag-eempleyo ng ehekutibong direktor, hindi maaaring pumasok ang Lupon sa pang-indibidwal na kontrata sa empleyado. Sa halip, kailangang sundin ng Lupon ang mga patakaran sa pag-eempleyo ng serbisyo sibil ng Lungsod, na nililimitahan ang suweldo at benepisyo na maaaring ialok ng Lupon.

Ang Mungkahi: Gagawing kuwalipikado ng Proposisyon A ang mga empleyado ng Lungsod na nagretiro bago ang Nobyembre 6, 1996 para sa karagdagang COLA, kahit na hindi lubusang napopondohan ang SFERS. Sa mga taon na hindi napopondohan nang buo ang SFERS, limitado ang karagdagang COLA sa \$200 kada buwan para sa mga retirado na may taunang pensiyon mula sa Lungsod na hihigit sa \$50,000.

Pahihintulutan din ng Proposisyon A ang Lupon na pumasok sa pang-indibidwal na kontrata sa pag-eempleyo sa sinumang

ehekutibong direktor na i-eempleyo sa Enero 1, 2023, o matapos ang petsang ito, nang hindi isinasaalang-alang ang suweldo, benepisyo, at iba pang limitasyon sa serbisyo sibil sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong mapahintulutan ang mga empleyado ng Lungsod, na nagretiro bago ang Nobyembre 6, 1996, na makatanggap ng karagdagang pera sa kanilang pensiyon at nang makaayon sa halaga ng pamumuhay, kahit na hindi lubusang napopondohan ang sistema para sa pagreretiro, at pahintulutan ang Retirement Board na magkaroon ng pang-indibidwal na kontrata sa pag-eempleyo sa ehekutibong direktor nito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno. Batay sa kasalukuyang actuarial, o gamit ang mga istatistika, na mga ipinagpapalagay at polisiya ng Sistema ng Pagreretiro, magreresulta ang panukalang-batas sa inaasahang gastos ng Lungsod na humigit-kumulang \$8 milyon taon-taon sa loob ng sampung taon, kung saan \$5 milyon ang babayaran mula sa General Fund (Pangkalahatang Pondo).

Idinidikta ng kasalukuyang Tsarter na babayaran lamang ang bahagi ng karagdagang pera para makaayon sa halaga ng pamumuhay (COLA) sa mga miyembro ng San Francisco Employee Retirement System (SFERS), na nagretiro bago ang Nobyembre 1996, kung natutugunan ang ilang kondisyon at kung lubusang

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



napopondohan ang sistema ng pagbibigay ng mga pensiyon. Tatanggalin ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang itinatakda na lubusang pagpopondo para sa mga miyembrong ito at sa kuwalipikado nilang mga naiwanan at benipisyaryo sa mga taon sa hinaharap. Bukod rito, tataasan ng panukalang-batas ang buwanang COLA sa pagsulong sa kinabukasan at nang maisaalang-alang ang nakaraang limang taon, kung saan nadagdag sana ang mga ito sa batayang bayad sa pensiyon ng mga miyembro, kundi lamang sa itinatakda na lubusang pagpopondo. Lilimitahan sa \$200 kada buwan (o \$2,400 taon-taon) ang anumang taunan na pag-aayon sa COLA na ipatutupad nang dahil sa panukalang-batas.

Pahihintulutan din ng pag-amyenda ang Retirement Board na pumasok sa pang-indibidwal na kontrata sa mga ehekutibong direktor ng SFERS na i-eempleyo sa Enero 1, 2023, o matapos ang petsang ito. Sa kasalukuyan, kailangang sundin ng Retirement Board ang mga patakarang itinakda ng Civil Service Commission (Komisyon sa Serbisyon Sibil), ng San Francisco Charter and Administrative Code (Tsarter at Kodigo sa Administrasyon ng San Francisco), at ng Memorandum of Understanding with the Municipal Executives Association (Tala ukol sa Pakikipagkasunduan sa Asosasyon ng mga Munisipal na Ehekutibo).

Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Hulyo 19, 2022, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Dorsey, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Protektahan Natin ang mga Retirado ng San Francisco

Oo sa Proposisyon A Upang Matiyak ang Seguridad sa Pagreretiro

Tumataas na ang mga gastusin, at noon pa man ay mahal na ang paninirahan sa San Francisco. Ito ang dahilan kung bakit pinagkalooban ang mga retirado ng Lungsod at County ng San Francisco ng cost of living adjustment (pag-aayon sa halaga ng pamumuhay, COLA) sa kanilang taunang pensiyon. Para sa mga retiradong may pinakamababang sahod, nangangahulugan ang maliit na pagtataas na ito ng kakayahan upang makapagbayad para sa pabahay at batayang mga pangangailangan, na tulad ng pagkain at transportasyon.

Noong 1996, inaprubahan ng mga botante ang panukalang-batas na Proposisyon C, at nang makapagbigay ng maliit na COLA na ito sa mga retiradong natukoy. Noong 2011, tinanggal ang COLA sa mga taon na pinakakinakailangan ito ng matatanda. Ngayon, humigit-kumulang 4,400 retirado ang hindi na malaman kung mula sa isang taon tungo sa isa pa ay makakukuha sila ng maliit na pagtaas habang pinaplano ang kanilang kinabukasan.

Sa pangkalahatan ay mas matatanda ang mga retiradong naapektuhan ng ganitong sitwasyon, kasama na ang maraming mas matanda pa sa 75 taong gulang ang edad. Napakalaking mayorya sa kanila ang kumikita ng mas mababa pa sa \$50,000 kada taon. Titiyakin ng pagpapanumbalik ng benepisyong nauukol sa halaga ng pamumuhay ang katarungan sa pagkakapantay-pantay para sa mababa ang kita na mga manggagawang naglingkod sa Lungsod at County ng San Francisco.

Maaari ninyong matulungan ang mga retirado upang hindi na nila kailangang pumili sa pagitan ng pagbabayad sa pagkain, pabahay, o inireresetang gamot nang dahil sa maliit na pensiyong tinatanggap nila at sa mataas na gastos sa pamumuhay. Iyan ang dahilan kung bakit bumoto ang lahat ng nasa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) upang mailagay ang panukalang-batas na ito sa balota.

Ang pagboto ng Oo sa Prop A ay mangangahulugan ng pagpapanumbalik sa benepisyo na karapat-dapat sa matatanda na retiradong mga manggagawa ng lungsod na karapat-dapat sa kanila dahil sa mga taon nila ng pagseserbisyo. Ito ang tamang dapat gawin!

Pakisamahan kami sa pagboto ng Oo sa Prop A.

Superbisor Ahsha Safai

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

Superbisor Connie Chan

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Shamann Walton

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**B**

Public Works Department and Commission, Sanitation and Streets Department and Commission

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang tanggalin na ang Department of Sanitation and Streets at ilipat ang mga tungkulin nito pabalik sa Department of Public Works, at panatilihin ang Sanitation and Streets Commission at ang Public Works Commission?

OO**HINDI**

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang Department of Public Works (Departamento ng mga Pampublikong Gawain, DPW) ang may pangkalahatang responsibilidad para sa pagdidisenyo, pagpapanatili sa maayos na kondisyon, at paglilinis sa imprastruktura ng Lungsod, kasama na ang mga gusali, kalye, bangketa, tulay, at pampublikong pasilidad.

Noong Nobyembre 2020, inaprubahan ng mga botante ang pag-amyenda sa Tsarter na nagbigay-awtorisasyon sa paglikha ng Department of Sanitation and Streets (Departamento para sa Kalinisan at mga Kalye).

Itinakda rin ng pag-amyenda sa Tsarter sa Lungsod na lumikha ng dalawang komisyon: ang Sanitation and Streets Commission (Komisyon para sa Kalinisan at mga Kalye) upang mapangasiwaan ang Department of Sanitation and Streets at ang Public Works Commission (Komisyon para sa mga Pampublikong Gawain) upang mapangasiwaan ang DPW.

Ang Mungkahi: Tatanggalin na ng Proposisyon B ang Department of Sanitation and Streets at ililipat ang mga tungkulin nito pabalik sa Department of Public Works.

Panatilihin ng Proposisyon B kapwa ang Public Works Commission at ang Sanitation and Streets Commission. Magsasagawa ang Sanitation and Streets Commission ng mga pampublikong pagdinig at magtatakda ng mga polisiya ukol sa mga usapin sa kalinisan sa Department of Public Works.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong tanggalin ang Department of Sanitation and Streets at ilipat ang mga tungkulin nito pabalik sa Department of Public Works. Gusto rin ninyong panatilihin ang dalawang komisyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “B”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking pagbabawas sa gastos ng gobyerno.

Simula sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet) na 2022–23 (FY23), magsisimula ang tinatayang matitipid sa humigit-kumulang \$3.5 milyon at bababa ito tungo sa \$2.5 milyon sa FY24. Malamang na tataas ang matitipid sa gastos sa ilalim ng pag-amyendang ito sa mga taon sa hinaharap, kung bibigyan ng Board (Lupon) ng awtorisasyon ang independiyenteng suportang administratibo sa Department of Sanitation and Streets (SAS).

Gagawa ng mga pagbabago ang pag-amyendang ito sa Proposisyon B, na pag-amyenda sa Tsarter na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 2020, at nang mabuwag ang Department of Public Works (DPW) tungo sa dalawang magkahiwalay na departamento at makapagtatag ng komisyon para sa bawat isa.

Ililipat ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang mga responsibilidad ng SAS pabalik sa DPW, kung kaya’t mawawala na ang bagong likhang SAS.

Humigit-kumulang 765 full-time na empleyadong may katumbas na katungkulan ang ililipat mula sa SAS tungo sa DPW. Gagawing mas kaunti ng pagsasama sa mga departamento ang bilang ng mga kawaning kinakailangan upang maipatupad ang mga administratibong gawain para sa dalawang departamento, kung kaya’t magiging 9.7 ang full-time na katumbas na empleyado sa FY23 at 12 full-time na katumbas na empleyado sa FY24. Hindi na mangangailangan ang DPW ng karagdagang pag-a-accounting, at

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



kawani para sa kontrata at impormasyong panteknolohiya, at hindi na mangangailangan ang SAS ng pinuno ng departamento o administratibong kawani. Bukod rito, lilikha ang mungkahing pag-amyenda ng iba pang minsanan at nagpapatuloy na pagtitipid sa gastos, kasama na ang pagbabawas sa administratibong mga serbisyo, kagamitan, at propesyonal na pagseserbisyo.

Tatanggalin din ng pag-amyenda ang itinatakda para sa Controller na pagsasagawa ng taunang pag-o-audit ukol sa pagwawaldas at kawalan ng kahusayan sa dalawang departamento; gayon pa man, mananatili sa Controller ang awtoridad na i-audit ang DPW. Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Controller's Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya), na siyang naghanda ng pahayag na ito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Hulyo 19, 2022, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng 8 sa 3 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Dorsey, Mandelman, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Stefani.

Hindi: Mar, Safai, Walton.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Ipinag-uutos ng Proposisyon B ang Pagtutuon sa mas Malilinis na Kalye, Hindi sa Mas Maraming Burukrasya sa Gobyerno.

Dahil mas mahal na ang lahat ng bagay sa panahong ito, kailangang mas masipag na magtrabaho ang gobyerno ng lungsod upang magamit nito ang pera mula sa mga nagbabayad ng buwis para sa mga bagay na may pinakamabuti itong magagawa. Pinaghuhusay ng inisyatibang ito ang panukalang-batas na inaprubahan ng mga botante dalawang taon na ang nakararaan upang hatiin ang Department of Public Works (Departamento ng mga Pampublikong Gawain) at lumikha ng Department of Sanitation and Streets (Departamento para sa Kalinisan at mga Kalye), nang may pangako na bibigyan ng prayoridad ang paglilinis sa mga kalye. Ano ang problema sa planong iyon? Sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri ng Administrador ng Lungsod, napag-alamang magkakahalaga ito ng \$6 milyon sa unang dalawang taon, at humigit-kumulang \$10 milyon taon-taon pagkatapos upang magpatakbo ng bagong burukrasya nang zero ang karagdagan ng dolyar na mapupunta sa paglilinis ng mga kalye. Bakit tayo gagasta ng pera sa mas maraming panggitnang tagapamahala, klerk, at accountant sa halip na sa mga indibidwal na nagpa-power wash at nagwawalis sa ating mga bangketa, nagpipintura upang matakpan ang graffiti, at pumupulot sa ilegal na mga itinapon?

Ang Proposisyon B ay Pangangasiwang Tama ang Pagpapatupad.

Ngayon, may pagkakataon na ang mga botante na gawin ang tama. Pananatilihin ng Proposisyon B ang Public Works bilang isang departamento, kung kaya't **makatitipid ng milyon-milyong dolyar taon-taon** — pera na sa halip ay magagamit upang mapalawak ang mga serbisyo sa paglilinis ng kalye sa mga komunidad sa kabuuan ng San Francisco. Mananatili ang pagkakaroon ng pananagutan ng mahigpit na hiningi ng mga botante noong Nobyembre at mas magiging mahigpit ito. **Pananatilihin ng Proposisyon B ang dalawang oversight commission (komisyon para sa pangangasiwa):** Magtatakda ang Sanitation ang Streets

Commission (Komisyon para sa Kalinisan at mga Kalye) ng polisiya ukol sa paglilinis ng mga kalye, samantalang magkakaloob naman ang Public Works Commission (Komisyon para sa Pampublikong mga Gawain) ng pagiging bukas sa pagsisiyasat at kritikal na mga proteksiyon laban sa korupsiyon at maling pag-asal.

Pananatilihin ng Proposisyon B ang Nariryan nang Magagandang Naka-union na Trabaho.

Walang tatanggalin ang Proposisyon B na kahit na isang trabaho sa lungsod. Pahihintulutan nito ang Public Works na lubusang ilaan ang pinakamahaba nang maaaring ilaan na panahon at pinakamarami nang maaaring magamit na mga rekurso sa paglilinis ng kalye at pagpapatupad sa mga reporma, nang hindi naglulustay ng oras at pera sa mas maraming burukrasya. May ikalawang pagkakataon na tayo upang mapaghusay ang napakahalagang departamento nang hindi gumagasta ng pera sa labis-labis na mga patakarang hindi naman kinakailangan.

Alamin pa ang tungkol dito sa: OversightDoneRight.com

Bumoto ng Oo sa Proposisyon B upang malinis ang ating mga kalye, mapahigpit ang pananagutan ng gobyerno, at mailigtas ang mga trabaho!

Mayor London Breed
Administrador ng Lungsod Carmen Chu
Mga Superbisor Connie Chan
Catherine Stefani
Aaron Peskin
Dean Preston
Matt Dorsey
Rafael Mandelman
Hillary Ronen
Dating Superbisor Norman Yee
San Francisco Democratic Party

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Kami ang mga manggagawang naglilinis ng inyong mga kalye... sa karamihan sa araw, gumigising kami bago magmadaling-araw upang kolektahin ang inyong basura, mapower-wash ang mga bangketa, at pulutin ang mga itinapon. Hindi kami sumasang-ayon sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) at naniniwala kami na magiging kapinsa-pinsala ang Prop B sa ating mga kalye at bangketa.

Noong 2020, bumoto ang mga botanteng suka-suka na sa maruruming kalye upang lumikha ng Department of Sanitation na independiyente mula sa politikal na pakikialam ng Mayor o ng Board of Supervisors. Dalawang taon pa lamang ang nakararaan, sinusubukan na ng Mayor at ng Board of Supervisors na patayin ang Department of Sanitation at bawiin ang mga kapangyarihang ito.

Papatayin ng Prop B ang Department of Sanitation at ibabalik ang paglilinis ng kalye sa Department of Public Works na kasalukuyan nang iniimbestigahan ng FBI. At naaresto na ang dating direktor

nitong si Mohammed Nuru dahil sa pagtanggap niya ng suhol para sa mga kontratang nagkakahalaga ng \$900,000 dolyar. Tatanggalin ng panukalang-batas na ito ang mga repormang ipinatupad ng mga botante dalawang taon pa lamang ang nakararaan, at muling bubuksan ang departamento sa korupsiyon.

Mawalang-galang na sa Board of Supervisors na naglagay sa Prop B sa balota... masamang polisiya ang panukalang-batas na ito na gagawin lamang mas marumi ang ating lungsod. Mangyaring makinig sa mga eksperto sa paglilinis ng kalye at hindi sa mga politikong may adyenda. Bumoto ng Hindi sa B.

DeShelia Mixon

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

HUWAG NINYONG PATAYIN ANG DEPT. OF SANITATION

Oo, tunay ngang hindi kapani-paniwala ang panukalang-batas na ito...

Kasama ang mga kalye ng San Francisco sa pinakamaruruming kalye sa Amerika. Ginagawa ng panukalang-batas na ito ang walang saysay na hakbang na pagtatanggal sa bagong-bagong Department of Sanitation na literal na kaboboto pa lamang ng mga residente ang pagkakalikha.

Ang panukalang-batas ang pinakamasama nang maling pagganap ng tungkulin ng City Hall, at hahantong lamang ito sa mas maraming basura at dumi ng tao sa inyong mga bangketa.

Huwag magpalinlang tungo sa paniniwala na tungkol ito sa pagtitipid ng pera... tayo ang ikalawa nang pinakamayamang lungsod sa Amerika, at gagastos lamang ang Departamento ng napakaliit na porsiyento ng ating \$14 bilyong badyet. Walang dahilan kung bakit hindi tayo dapat magkaroon ng Department of Sanitation gayong halos lahat ng malalaking lungsod sa bansa ay mayroon nito.

Tungkol ito sa mga politiko na gusto ng kapangyarihan at gustong panatilihin ang kalakaran. Dalawang taon na ang nakalilipas, matapos ang dalawa o higit pang pag-aresto ng FBI sa mga indibidwal sa Department of Public Works, sinabi ng mga botante sa City Hall na punong-puno na sila sa korupsiyong nagaganap. Bumoto kayo upang makuha mula sa kamay ng mga politiko ang may lamat nang sistema, at lumikha ng independiyenteng Department of Sanitation upang malinis ang mga kalye.

Ngayon, sa halip na gawin ng mga politiko ang kanilang trabaho, gusto nilang baguhin ito. Bumabalik sila sa balota upang patayin ang

Department of Sanitation at bawiin ang kapangyarihang magdesisyon kung aling mga kalye ang lilinisin at kung ano ang mananatiling puno ng basura. Hindi tayo dapat paurong.

Hayaan natin ang independiyenteng Department of Sanitation na gawin kung ano ang itinakdang dapat nitong gawin nang malikha: I-power wash ang inyong mga bangketa, linisin ang inyong mga kalye, at magbukas ng bagong mga pampublikong banyo... nang may tunay na pagtutuon at pagkakaroon ng pananagutan, at nang walang panghihimasok ng mga politiko.

Pakisamahan ako at ang frontline workers (mga nagtatrabaho sa mahahalagang industriya) na naglilinis sa inyong mga kalye at bumoto:

HINDI SA PROP B

Miyembro ng Asembleya Matt Haney

Ang Ating Frontline Workers para sa Sanitasyon ng Lungsod - Laborers Lokal 261

Mga Nangongolekta ng Basura

Mga Naglilinis ng Kalye

Mga Nagpapower Wash ng Bangketa

Mga Nagkokontrol sa Daga at Peste

Tagapamahala ng Pagkakampo ng mga Walang Tahanan

Mga Manggagawang Nagtatanggal ng Graffiti

Mga Hardinero at Landscaper

Mga Nagtatrabaho sa mga Alkantariya

Pamamahala sa Pampublikong mga Gusali

Konstruksiyon at Pagkukumpuni ng mga Bangketa

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Gusto nating lahat ng mas malilinis na kalye, pero nakabatay ito sa simpleng tanong — gusto ba nating maglulustay ng minimum na \$60 milyon sa bawat dekada o hindi?

Hindi kakaiba para sa politiko na makipagtalo upang magkaroon ng dagdag na burukrasya — na siyang eksaktong hinihingi rito ng mga katunggali. Gayon pa man, walang nakakamit ang pag-eempleyo sa mas maraming burukrata kundi ang paglulustay ng pera at sa dulo, ay mangangailangan ito ng mas matataas na buwis. Ito ang dahilan kung bakit naniniwala ang koalisyon ng mga sibikong lider, na may mga pagkakaiba-iba, na may oportunidad tayo para sa Oversight Done Right (Pangangasiwang Tama ang Pagpapatupad).

Kailangan natin ng Oversight Done Right. Napahiya na ang gobyerno ng lungsod ng San Francisco nang dahil sa serye ng mga iskandalo sa korupsiyon. Ang sagot dito ay ang nakatuon na pangangasiwa upang matiyak na hindi malulustay o mananakaw ang inyong mga ibinabayad na buwis, hindi ang isa pang bagong departamento ng lungsod.

Tinataya ng independiyenteng auditor (hindi ng mga politiko!) na maglulustay ang paglikha ng isa na namang departamento ng hindi bababa sa \$60 milyong dolyar sa bawat dekada kung hindi natin gagawin ang pagbabagong ito.

Napakarami ninyong malilinis na kalye para sa \$60 milyon. At iyan ang mga mapagpipilian natin dito — gusto ba natin ng mga

nagtutulak ng papel o ng mga nagtutulak ng walis? Gusto ba natin na mapunta ang ating pinaghirapang mga dolyar sa mga indibidwal na nagtatrabaho sa mesa o sa mga indibidwal na nagtatrabaho upang malinis ang San Francisco?

Sinasabi ng mga katunggali na halos lahat ng malalaking lungsod ay may Sanitation Department—hindi ito totoo. Sa pinakamalalaking lungsod sa bansa, iilan lamang ang may Sanitation Department at kung saan mayroon nito, ang pangongolekta ng basura ang kanilang pangunahing papel—hindi ang paglilinis sa kalye.

Kailangang gumawa ng mas mabuting trabaho ang gobyerno ng ating lungsod sa pamumulot ng basura sa ating mga kalye - hindi sa paglulustay ng ating pera. Ito ang dahilan kung bakit hinihikayat namin kayong sumama sa hindi pangkaraniwang koalisyon ng mga pangkat at lider ng komunidad na sumusuporta sa Proposisyon B.

Dating Controller ng Lungsod Ed Harrington

Administrador ng Lungsod Carmen Chu

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Connie Chan

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Rafael Mandelman

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**C****Homelessness Oversight Commission**

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagtatag ng Homelessness Oversight Commission at nang mapangasiwaan ang Department of Homelessness and Supportive Housing, at itakda sa Controller ng Lungsod na magsagawa ng pag-o-audit ng mga serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan?

OO**HINDI**

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Noong 2016, itinatag ng Lungsod ang Department of Homelessness and Supportive Housing o Departamento para sa Kawalan ng Tahanan at Pabahay na Nagbibigay ng Suporta (ang Department o Departamento). Ang Departamento ang namamahala at nagkakaloob ng direksiyon sa pabahay, mga programa, at serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan, kasama na ang pag-abot sa mas nakararami na nasa kalye, mga shelter o masisilungan para sa walang tahanan, transisyonal na pabahay, at permanenteng pabahay na nagbibigay ng suporta.

Ang mayor ang nagtatalaga at maaari ding magtanggali ng direktor ng Departamento. Hindi itinatakda ng Tsarter ng Lungsod ang pag-o-audit sa mga serbisyo para sa kawalan ng tahanan at hindi pinangangasiwaan ng isang komisyong ng Lungsod ang Departamento.

Gumagawa ng mga rekomendasyon ang Local Homeless Coordinating Board (Lokal na Tagapag-ugnay na Lupon para sa Walang Tahanan) ng Lungsod at ang iba pang tagapayong pangkat ukol sa polisiya sa kawalan ng tahanan at mga alokasyon sa badyet. Ang mayor, ang Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (ang Board o Lupon) at ang controller (tagapamahala ng pinansiya) ang nagtatalaga ng mga miyembro sa mga tagapayong pangkat.

Ang Mungkahi: Lilikha ang Proposisyon C ng Homelessness Oversight Commission o Komisyong para sa Pangangasiwa sa Kawalan ng Tahanan (ang Commission o Komisyong) upang pangasiwaan ang Department.

Magkakaroon ng pitong miyembro ang Komisyong na maglilingkod sa loob ng tig-aapat na taong termino. Magtatalaga ang mayor ng apat na miyembro, at magtatalaga ang Board of Supervisors ng tatlo. Kailangang maaprubahan muna ng Lupon ang mga itatalaga ng mayor.

Kailangang magkaroon ng mga sumusunod na kuwalipikasyon ang apat na itatalaga ng mayor:

- isang katungkulan na para sa indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan;
- isang katungkulan na para sa indibidwal na marami nang karanasan sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan, o nakalahok na sa pag-aadbokasiya sa kanilang ngalan;
- isang katungkulan para sa indibidwal na may kahusayan sa pagkakaloob ng mga serbisyo para sa kalusugan ng isip o paggamot sa pang-aabuso sa alak, droga, o iba pang sangkap; at
- isang katungkulan para sa indibidwal na nakalahok na sa asosasyon ng mga negosyante o maliliit na negosyo, o sa asosasyong pangkomunidad.

Bukod sa mga kuwalipikasyong ito, kailangang isa o higit pa sa mga itinalaga ng mayor ang may karanasan sa pagbabadyet, pinansiya, at pag-o-audit.

Kailangang magkaroon ng mga sumusunod na kuwalipikasyon ang apat na itatalaga ng Board:

- isang katungkulan na para sa indibidwal na personal na nakararanas ng kawalan ng tahanan;
- isang katungkulan para sa indibidwal na marami nang karanasan sa pakikipagtrabaho sa mga pamilyang walang tahanan at may mga anak o walang tahananang kabataan; at
- isang katungkulan na para sa indibidwal na marami nang karanasan sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan, o sa pag-aadbokasiya sa kanilang ngalan.

Itatakdang ng Proposisyon C sa controller ng Lungsod na magsagawa ng pag-o-audit ng mga serbisyong kaugnay ng kawalan ng tahanan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong makapagtatag ng Homelessness Oversight

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Commission at nang mapangasiwaan ang Department of Homelessness and Supportive Housing at itakda sa controller ng Lungsod na magsagawa ng pag-o-audit ng mga serbisyo para sa mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “C”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Lilikha ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng Homelessness Oversight Commission upang mapangasiwaan ang Department of Homelessness and Supportive Housing (HSH). Magtatalaga ang Komisyon ng mga miyembro ng Local Homeless Coordinating Board at Shelter Monitoring Committee (Tagasubaybay na Komite sa mga Masisilungan). Ang Oversight Committee (Tagapangasiwang Komite) ng Our City, Our Home (Ang Ating Lungsod, Ang Ating Tahanan) ang magpapayo sa Komisyon ukol sa pamamahala ng pondo ng Our City, Our Home.

Kasama sa mga tungkulin ng Komisyon ang pagrerepaso at pag-aaprubang sa badyet ng HSH, pagbuo ng mga tunguhing naaayon sa mga layunin ng Lungsod at ng County, at pagdaraos ng mga pagdinig at pagkuha ng mga testimonya. Maaaring magsagawa ang Komisyon ng pampublikong edukasyon at pag-abot sa nakararami ukol sa mga programa at usaping kaugnay ng kawalan ng tahanan. Ang taunang suweldo at gastos para sa mga operasyon ng Komisyon ay humigit-kumulang \$350,000.

Tutukuyin ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter na kailangang mai-audit ng Controller ang mga serbisyon may kaugnayan sa kawalan ng tahanan. Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Controller’s Office (Opisina ng Tagapamahala ng Pinansiya), na siyang naghanda ng pahayag na ito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “C”

Noong Hulyo 19, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon C sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Dorsey, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Ang Pagkakaroon ng Pananagutan ukol sa Kawalan ng Tahanan ay Nagsisimula na Ngayon!

Noong 2016, nilikha ng gobyerno ng lungsod ang Department of Homelessness and Supportive Housing (Departamento para sa Kawalan ng Tahanan at Pabahay na Nagbibigay ng Suporta) upang matulungan ang mga tao na walang tahanan na makahanap ng permanenteng pabahay at makonekta ang mga indibidwal at pamilya sa kritikal na mga serbisyong nagbibigay ng suporta.

Noong 2017, may nabilang na 6,858 indibidwal na walang tahanan sa Point-in-Time Count (Hindi Nauulit na Pagbibilang sa lisang Gabi). Ngayon, sinasabi ng parehong ulat na mayroon nang 7,754—na pagtaas na 13%.

Higit pa sa doble ang naging badyet ng departamento, mula \$250 milyon sa Fiscal Year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet) 2017-2018 tungo sa \$672 milyon ngayong 2022-2023, kasama na ang pagpopondong Proposisyon C na mula noong 2018. Gayon pa man, naging mas malala pa ang mga kondisyon para sa maraming indibidwal.

Noong 2022, isinaad ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukom Sibil) ng San Francisco na “hindi nag-iisa ang Hukom Sibil sa pag-aalala nito na kulang ang ika-walong pinakamalaking departamento ng gobyerno ng komprehensibong pamamahala mula sa labas.”

Walang itinatakda ang Tsarter ukol sa pag-o-audit ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) sa paggasta o pagganap ng departamento. Maraming desisyon ang ginagawa nang walang pagbibigay-opinyon ng komunidad, ng pampublikong pagdinig, o ng independiyenteng pagrerepaso.

Upang mawakasan ang kawalan ng tahanan, kailangan nating matiyak na epektibong naggagasta ang bawat dolyar mula sa pederal, pang-estado, at lokal na mga gobyerno. Iyan mismo ang gagawin ng Proposisyon C. Ang panukalang-batas ang:

Magtitiyak na i-o-audit ng Controller ng Lungsod ang mga serbisyo para sa walang tahanan;

Magtatatag ng Komisyon na magsasagawa ng mga pampublikong pagdinig at mag-iimbestiga sa mga aktibidad ng departamento; at

Magtatakda sa Komisyon na magkaroon ng malilinaw na tunguhin para sa tagumpay.

Titiyakin ng Komisyon na ang mahahalagang desisyon ukol sa polisiya, badyet, at pangongontrata ay ibinubunsod ng datos at ginagawa nang nakikita ng lahat.

Magtatalaga ang Mayor at ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng mga komisioner na kailangang matugunan ang mahihigpit na kuwalipikasyon at maaaprubahan lamang sila matapos ang pampublikong pagdinig at pagboto.

Ang pagboto ng Oo sa Proposisyon C ay makabuluhang hakbang upang makapagbigay ng napakahalagang pangangasiwa at pananagutan sa kasalukuyang pederal, pang-estado, at lokal na mga programa para sa walang tahanan, nang hindi nagtataas ng buwis.

Pakisamahan kami sa pagboto ng Oo sa Proposisyon C.

Superbisor Ahsha Safai

Miyembro ng Asembleya Matt Haney

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hillary Ronen

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



D

Abot-kayang Pabahay – Inisyatibang Petisyon

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang gawing mas simple ang pag-apruba sa abot-kayang pabahay na nagkakaloob ng (1) pabahay sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 140% ng area median income (AMI), pero kung saan ang karaniwang kita ng kabahayan ay hindi hihigit sa 120% ng AMI, (2) karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay na katumbas ng 15% ng itinatakdang bilang ng abot-kayang unit sa lugar, o (3) pabahay para sa mga kabahayan kung saan may kasamang isa o higit pang empleyado ng Pampaaralang Distrito o City College, nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan; at huwag nang itakda ang pag-apruba ng Board of Supervisors para sa gayong uri ng mga proyekto kung ginagamit na ng mga ito ang ari-arian o pagpipinansiya ng Lungsod?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Sa ilalim ng batas ng Lungsod, sa pangkalahatan ay kailangang rebyuhin ng iba't ibang lupon, komisyon, at opisyal ang development ng bagong pabahay, at gumawa ng pagpapasya kung aaprubahan o tatanggihan ang mga ito. Kailangang sundin ng development ng bagong pabahay ang mga kodigo sa Planning and Building (Pagpapalano at Pagtatayo ng Gusali) ng Lungsod. Sa pangkalahatan ay itinatakda ng batas ng estado na gawan ng ebalwasyon ang proyekto para malaman ang mga epekto nito sa kapaligiran.

May mga programa sa abot-kayang pabahay ang Lungsod, na naghahandog ng ibinibenta o pinauupahang pabahay nang mas mababa ang halaga kaysa sa halaga sa merkado. May mga restriksiyon ang abot-kayang pabahay ukol sa pagiging kuwalipikado ng mga kabahayan, tulad ng pinakamataas nang katanggap-tanggap na kita ng kabahayan.

Sa petsang Hulyo 2022, ang area median income (panggitnang kita ng lugar, AMI) batay sa laki ng kabahayan ay:

Antas ng Kita	1 Katao	2 Katao	3 Katao	4 Katao
80% ng AMI	\$77,600	\$88,700	\$99,750	\$110,850
100% ng AMI	\$97,000	\$110,850	\$124,700	\$138,550
120% ng AMI	\$116,400	\$133,000	\$149,650	\$166,250
140% ng AMI	\$135,800	\$155,200	\$174,600	\$193,950

Ang Mungkahi: Gagawing mas simple ng Proposisyon D ang proseso ng pag-apruba sa pamamagitan ng pagbibigay ng pahintulot na huwag nang maisama ang matutukoy na mga development para sa abot-kayang pabahay mula sa ilang pag-aapruba ng Lungsod, kung susundin ng mga development na ito ang Planning and Building codes (mga kodigo sa Pagpapalano at Pagtatayo ng mga Gusali). Kapag pinauupahan ng Lungsod ang ari-arian nito, o kung nagkakaloob ito ng pagpipinansiya para sa mga pabahay na proyektong ito, hindi na

kakailanganin ang pag-apruba ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Supervisor).

Gagawing mas simple ng Proposisyon D ang pag-apruba sa tatlong uri ng abot-kayang pabahay na multifamily o para sa mahigit sa isang pamilya:

- Pabahay na multifamily kung saan lahat ng residensiyal na unit ay abot-kaya para sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 140% ng AMI. Hindi maaaring mahigit sa 120% ng AMI ang karaniwang kita ng kabahayan ng lahat ng residensiyal na unit.
- Pabahay na multifamily na may 10 o higit pang residensiyal na unit at nagkakaloob ng itinatakda ng batas ng Lungsod na abot-kayang unit sa mismong lugar, pati na rin ng abot-kayang pabahay na unit na katumbas ng hindi bababa sa 15% ng bilang ng itinatakdang abot-kayang unit na nasa lugar. Halimbawa, magmula noong petsang Hulyo 2022, kung may 100 residensiyal na paupahang unit ang proyekto, kailangang magsama ang proyekto ng 22 abot-kayang unit sa lugar. Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, kailangang magkaloob ang proyekto ng 3 karagdagang unit ng abot-kayang pabahay sa lugar, na 15% ng 22 abot-kayang unit sa lugar, para sa kabuuang bilang na 25 abot-kayang unit.
- Pabahay na multifamily, o development na may kasamang pabahay at iba pang komersiyal na paggamit, at kung saan ang lahat ng residensiyal na unit ay para sa mga kabahayan na mayroong isa o higit pang empleyado ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) o ng City College (Kolehiyo ng Lungsod), nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan.

Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, mayroong lima hanggang walong buwan ang Lungsod upang maaprubahan ang mga development na ito, batay sa bilang ng mga unit.

Maaari ding pahintulutan ng panukalang-batas na ito na magpatuloy ang mga development na ito nang walang pag-aaral ukol sa epekto sa kapaligiran sa ilalim ng batas ng estado.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.

Sa ilalim ng proposisyong ito, maaaring amyendahan ng Board of Supervisors ang batas ng Lungsod at nang maipatupad ang pinasimple nang pag-aprubang ito sa karagdagang mga uri ng proyektong pabahay.

Kailangang bayaran ng mga kontratistang magtatayo ng mga proyekto sa ilalim ng panukalang- batas na ito ang kanilang mga empleyado ng namamayang pasahod. Kailangan ding magkaloob ng mga benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan at maghandog ng mga oportunidad sa pag-aaprentis ang mga kontratistang magtatayo ng mga proyektong may 40 o higit pang unit.

Kapag ipinasa ang Proposisyon D nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon E, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon E.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong gawing mas simple ang pag-apruba sa mga proyekto para sa abot-kayang pabahay na nagkakaloob ng:

- pabahay na multifamily kung saan lahat ng unit ay para sa mga kabahayan na may kita na hanggang sa 140% ng area median income, at hindi maaaring mahigit sa 120% ng AMI ang karaniwang kita ng kabahayan ng lahat ng residensiyal na unit;
- karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay, na katumbas ng hindi bababa sa 15% ng bilang ng itinatakdaang abot-kayang pabahay na nasa lugar; o
- na lahat ng residensiyal na unit ay para sa mga kabahayan na mayroong isa o higit pang empleyado ng San Francisco Unified School District o ng City College, at may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan.

Hindi na mangangailangan ng pag-apruba ng Board of Supervisors ang mga proyektong gagamit ng ari-arian ng Lungsod o pagpipinansiya ng Lungsod.

Maaaring amyendahan ng Board of Supervisors ang batas ng Lungsod at nang maipatupad ang pinasimple nang mga pag-aprubang ito sa karagdagang mga uri ng proyektong pabahay.

Sa ilang proyekto, kailangang magkaloob ang mga kontratista ng mga benepisyo para sa pangangalaga ng kalusugan at maghandog ng mga oportunidad para sa pag-aaprentis.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “D”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng maliit na epekto sa gastos ng gobyerno.

Pabibilisin ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ang pag-apruba sa pabahay na multi-family sa tatlong kaso: kung 100 porsiyento ng residensiyal na mga unit ay abot-kaya; may 10 o higit pang residensiyal na unit at hindi bababa sa 15 porsiyentong mahigit pa sa itinatakda ng

batas ng Lungsod ang abot-kayang pabahay na nasa lugar; at kung 100 porsiyento ng residensiyal na unit ay para sa mga kabahayan kung saan may isa o higit pang empleyado ng San Francisco Unified School District o City College; at kung saan abot-kaya ang hindi bababa sa 80 porsiyento ng mga residensiyal na unit.

Sa panukalang pag-amyenda sa Tsarter, hindi na isasama ang mga development para sa abot-kayang pabahay mula sa anumang pinagpapasyahang pag-apruba kung susunod ang mga ito sa Planning Code (Kodigo sa Pagpapalano), at pahihintulutan magpatuloy ang mga development nang walang pag-aaral sa epekto sa kapaligiran sa ilalim ng batas ng Estado. Mayroong lima hanggang walong buwan ang Lungsod upang maaprubahan ang mga development na ito, batay sa bilang ng mga unit.

Sa hangganang pinaiksi ang proseso ng pag-apruba ng pag-amyenda sa Tsarter na ito, makakakita ang mga proyekto sa abot-kayang pabahay ng Lungsod ng pagtitipid sa gastos sa proyekto nang dahil sa mas maikling iskedyul ng mga gawain sa development at konstruksiyon. Sa hangganang magrerresulta ang pag-amyenda sa Tsarter sa pagdami ng abot-kayang pabahay kung ihahambing sa produksiyon ng pabahay na may presyong batay sa merkado, maaaring ang mas mababang pagtatasa sa halaga man, o ang hindi pagpapabayad ng buwis sa ilang ari-arian, ay magresulta sa pagkawala ng kita mula sa property tax (amilyar) sa kinabukasan. Itinuturing namin na malamang na katamtaman ang dalawang epekto na ito kapag isinaisip ang malamang na saklaw ng mga proyekto na magiging kuwalipikado para sa pinabilis na pagrerepaso na nasa panukalang-batas.

Itinatakda rin ng pag-amyenda sa Tsarter sa mga nagtataguyod ng proyekto na may 10 o higit pang residensiyal na unit na magbayad ng namamayang pasahod. Para sa mga proyektong may 40 o higit pang residensiyal na unit, kailangang bayaran ng mga tagapagtaguyod ng proyekto ang seguro sa kalusugan at kailangang magkaroon ng programa para sa pag-aaprentis. Itatakda nito sa Lungsod na magpatibay ng ordinansa upang mapahintulutan ang Office of Labor Standards Enforcement (Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa) na ipatupad ang mga itinatakdaang ito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “D”

Noong Hulyo 13, 2022, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na sapat na ang bilang ng may bisang lagda, na nasa inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon D sa balota, upang maging kuwalipikado ang panukalang-batas para sa balota.

Kinakailangan ng 49,794 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang Charter Amendment (Pag-amyenda sa Tsarter) sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 10% ng rehistradong botante sa panahong nalathala ang “Notice of Intent to Circulate Petition (Abiso ukol sa Intensiyong Palaganapin ang Petisyon).” Ipinakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagusumite na Hulyo 11, 2022, na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdaang bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang [sfelections.org](https://www.sfelections.org) o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Gagawing mas mabilis at mas madali ng Prop D, ang Affordable Homes Now (Abot-kayang Pabahay Ngayon), ang pagtatayo ng bagong mga tahanan sa San Francisco, na abot-kaya sa mababa hanggang panggitna ang kita na mga taga-San Francisco at guro sa pampublikong paaralan.

Naniniwala kami na dapat ay may kakayahan ang mas maraming taga-San Francisco na nasa lahat ng antas ng kita upang makatira sa abot-kayang tahanan at kumita ng sahod na nakasusuporta sa pamilya. Lubos naming sinusuportahan ang Prop D, ang natatanging panukalang-batas sa balota sa Nobyembre na tunay na makapagpapabilis ng konstruksiyon ng kailangang-kailangan na abot-kayang mga tahanan.

May malalang kakulangan sa abot-kayang pabahay ang San Francisco dahil kinakailangan ng apat hanggang pitong taon ng Lungsod bago maaprubahan ang mga permit para sa bagong tahanan. Ang bukrasya at politika ang siyang nagpapataas sa pangkalahatang gastos ng pabahay at nagpapaantala sa bagong konstruksiyon, kung kaya't mas lalong nagiging hindi abot-kaya ang pamumuhay sa Lungsod.

Ang Prop D lamang ang panukalang-batas na nagtatanggal ng bukratikong mga hadlang at pamumulitika.

Ang Prop D lamang ang panukalang-batas sa balota na aktuwal na magpapadali sa pagtatayo ng pabahay sa pamamagitan ng pagtatanggal sa bukratikong mga hadlang, na nagagamit na ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) upang patigilin ang bagong konstruksiyon ng mga proyektong tulad ng 469 Stevenson, na dapat sanang nakapagdagdag ng 100 bagong abot-kayang pabahay sa

pamamagitan ng pagre-redevelop ng bakanteng paradahan sa downtown na gumagamit ng valet o taga-parada.

Pinasisimple ng Prop D ang abot-kaya at panggitna ang kita na pabahay para sa mga nagtatrabahong mababa ang kita at panggitna ang kita.

Sa pamamagitan ng pagpapasimple sa proseso ng pagkuha at pag-aaprubang sa mga permit, lumilikha ang Prop D ng abot-kaya at panggitna ang kita na pabahay para sa mga nagtatrabahong mas mababa at panggitna ang kita, na tulad ng mga guro, nars, bumbero, may-ari ng maliit na negosyo, at nagtatrabaho sa non-profit.

Itinatakdang ng Prop D ang namamayanang pasahod at ang pangangalaga sa kalusugan.

Itinatakdang ng Prop D sa mga nagtatayo ng pabahay na bayaran ang mga manggagawa sa konstruksiyon ng namamayanang sahod upang masuportahan ang pamilya, at itinatakdang ring sakupin ang gastos para sa pangangalaga sa kalusugan ng mga manggagawa at kanilang mga pamilya. Itinatakdang nito sa mga kontratista na lumikha ng mga oportunidad para sa mga aprentis, at nang makabuo ng malakas, matatag, at inklusibong hanay ng mga nagtatrabaho.

Samahan kami sa pagsuporta sa Prop D — ang tanging panukalang-batas sa balota na tunay na mabilis na makapagtatayo ng abot-kayang pabahay.

www.AffordableHomesNow.org

*Habitat for Humanity Greater San Francisco
Nor Cal Carpenters Union*

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Kinakatawan ng Prop D ang Panlilinlang, Kawalang Katapatan, at Libreng Pamimigay sa mga Developer.

KATUNAYAN O FACT: Mapanlinlang ang Prop D.

Muling binibigyang-depinisyon ng Prop D ang “pagiging abot-kaya” bilang pabahay na nagkakahalaga ng **MAS MATAAS** kaysa sa presyo sa merkado. Sa loob ng nakaraang walong taon, nakapagtayo na ang San Francisco ng **mas marami** pa kaysa sa mga tunguhin nito sa mga development na pabahay. Gayon pa man, patuloy ang labis na pagtaas ng presyo ng pabahay dahil halos lahat ng bagong pabahay na ito ay **batay sa presyo ng merkado**.

KATUNAYAN: Hindi Tapat ang Prop D.

Ang proyektong itinatampok nila, ang 469 Stevenson, ay hindi talaga kuwalipikado para sa mabilis na pagrerepaso ng Prop D! At, ang mga unit nito ay **batay sa presyo ng merkado**, at HINDI abot-kaya. Kawalang katapatan ang magpanggap na maiiba ang kahihinatnan ng proyektong ito sa ilalim ng Prop D — hindi ito maiiba.

KATUNAYAN: Nagbibigay nang Libre sa Developer ang Prop D.

Nagkakaloob ang Prop D sa mga developer ng milyon-milyon sa pamamagitan ng mga pakinabang na nagmumula sa pinabilis na pagrerepaso, pero wala itong itinatakdang ukol sa pabahay para sa mga pamilya, pagiging abot-kaya, o kahit na para sa pagtatayo ng pabahay. Wala itong nagagawa upang malutas ang ating krisis sa pabahay, pero nalalagyan nito ng suhol ang mga bulsa ng mga bilyonaryong namumuhunan.

Huwag Magpaloko sa mga Developer!

Sinasabi ng **Prop D** na nagkakaloob ito ng abot-kayang pabahay, pero **tinututulan** ito ng mga non-profit na developer ng abot-kayang pabahay. Sinasabi ng **Prop D** na nagkakaloob ito ng “pang-edukador na pabahay,” pero **tinututulan** ito ng mga guro.

Tinututulan ang **Prop D** kahit na ng Building Trades (Mga Nagtatrabaho sa mga Gawain sa Pagtatayo ng Gusali) — ang mga indibidwal mismo na magtatayo ng pabahay na ito.

Hindi itinatakdang ng Prop D sa mga developer na magtayo ng kahit na ano at WALA itong maihahatid na pabahay na abot-kaya ng nagtatrabahong mga indibidwal at pamilya.

Ihinto ang Panlilinlang, Kawalang Katapatan, at Libreng Pamimigay sa mga Developer!

Bumoto ng HINDI sa Prop D!

*Race & Equity in All Planning Coalition
San Francisco Building Trades
San Francisco Labor Council
United Educators of San Francisco
San Francisco Anti-Displacement Coalition
Council of Community Housing Organizations*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Umuunlad tayong lahat kapag nagtatayo ang San Francisco ng mga komunidad kung saan may mga pagkaka-iba-iba, abot-kayang pamamahay, at may katarungan sa pagkakapantay na pamamaraan tungo sa mga rekurso at oportunidad. Direktang sinasalungat ng Proposisyon D ang bisyon na ito.

Mapanlinlang ang Proposisyon D at gagawin nitong MAS mahal ang pabahay. Kailangan nating magtayo ng mas maraming **abot-kayang** pabahay upang matugunan ang ating krisis sa pabahay. Sa loob ng nakaraang walong taon, nakapagtayo na ang San Francisco ng mas maraming unit na batay sa presyo ng merkado kaysa sa itinatakda ng Estado, pero kalunos-lunos na kulang ito sa abot-kayang mga unit. Dahil umaasa lamang ito sa pabahay na batay sa presyo ng merkado, nagbunga ito ng mas maraming pagpapaalis sa tirahan, kawalan ng tahanan, at kawalan ng pagkakapantay-pantay.

Gagawing mas malala ang ating krisis sa pabahay ng Proposisyon D. Sa pamamagitan ng pagtataas ng mga kuwalipikasyon sa kita para sa “abot-kayang pabahay” **MAS** mataas pa ang gastos sa pag-upa o pagmamay-ari ng “abot-kayang” unit kaysa sa batay sa presyo ng merkado. Ituturing ang apartment na may isang kuwarta at nagkakahalaga ng halos \$4,000 kada buwan na “abot-kayang pabahay”, kahit na ang presyo sa merkado sa kasalukuyan ay \$3,095 kada buwan.

Ang Proposisyon D ay libreng pamimigay sa mga developer na nagpapanggap na “abot-kayang pabahay”. Sa ilalim ng proposisyong ito, kapag nakatanggap na ang developer ng pag-apruba ng proyekto, hindi na itatakda sa kanya na aktuwal na magtayo ng abot-kayang mga pabahay na talagang kailangang-kailangan na. Maaari na niyang ibenta na lamang ang lupa at magkaroon ng milyon-milyong dolyar na tubo.

Walang itinatakda ang Proposisyon na pagtatayo ng mga unit na may dalawa o tatlong kuwarta, na ang ibig sabihin, hindi magtatayo ang mga developer ng pabahay na kailangang-kailangan ng mga pamilya ng San Francisco. Sinisira ng Proposisyon D ang pampublikong pangangasiwa at ang pagiging bukas sa pagsisiyasat, kung kaya’t magiging mas mahirap para sa mga residente na maging bahagi ng proseso sa paggawa ng mga desisyon kung paano magbabago at uunlad ang kanilang mga komunidad. Hindi na kayo makapagsasalita sa pampublikong pagdinig ukol sa development at nang mahiling ang totoong abot-kayang pabahay o iba pang pangangailangan ng komunidad.

Nangangahulugan ang Proposisyon D ng mas maraming mamahaling condo sa kabuuan ng San Francisco. Kikita ang mayayamang developer ng real estate at ang mga namumuhunan, at patuloy na hindi makakayanan ng mga nagtatrabahong pamilya ang presyo ng mga tahanan. **Kung gusto na ninyo ng abot-kayang pabahay ngayon, bumoto ng HINDI sa Proposisyon D.**

*Race & Equity in All Planning Coalition
San Francisco Building Trades
San Francisco Labor Council
United Educators of San Francisco
San Francisco Democratic Party
San Francisco Tenants Union
Anti-Displacement Coalition
Council of Community Housing Organizations (CCHO)*

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Paulit-ulit nang tinutulan ng mga miyembro ng Board of Supervisors na laban sa Prop D, ang Affordable Homes Now, ang mga pagsusumikap na pabilisin ang konstruksiyon ng bagong mga tahanan upang matugunan ang napakalaking pangangailangan ng mga taga-San Francisco.

Hindi na nakakagulat na tinututulan nila ang Prop D, na panukalang batas na pabor sa pabahay at sinusuportahan ng mga matitibay na pabor sa pabahay at inihalal na lider at non-profit, kasama na ang Habitat for Humanity Greater San Francisco at ang Nor Cal Carpenters Union, na ang misyon ay ang pagtatayo ng pabahay para sa nagtatrabahong mga pamilya.

Humaharap ang San Francisco sa mahirap na realidad na kailangan nating magtayo ng mahigit sa 82,000 bagong bahay bago ang 2031. Kailangan nating ipakita sa estado na tinatanggal na natin ang mga hadlang sa konstruksiyon, at kung hindi, nanganganib na mawala sa atin ang daan-daang milyong dolyar na tulong-pinansiyal ng estado at pederal na gobyerno para sa abot-kayang pabahay at transportasyon. Hindi na tayo makakaasang magkaroon ng mas magandang kinabukasan, maliban na lamang kung handa tayong gumawa ng mga pagbabago at nang mas mabilis na makapagtayo ng mas maraming pabahay.

Lilikha ang Prop D ng mas maraming pabahay sa San Francisco sa halip na ang kakompetensiyang panukalang-batas, kasama na ang mas maraming abot-kayang pabahay. Sa pamamagitan ng pagtatanggal ng hindi kinakailangang mga pagdinig na nagdudulot ng pagkaantala sa mga proyekto, maaari nang magtuon ang mga lider ng lungsod sa pagtatayo ng pabahay na kinakailangan ng ating lungsod. Mahalaga ring maintindihan na iyon lamang mga proyektong susunod sa lokal na mga patakarang itatakda ng Mayor at ng Board of Supervisors ang pabilisin sa ilalim ng panukalang-batas na ito.

Titiyakin ng Prop D ang matibay na hanay ng mga nagtatrabaho na babayaran nang sapat upang aktuwal na makapanirahan sa pabahay na itinatayo nila. **Sa pamamagitan ng pagtatakda ng pasahod na nakasusuporta sa pamilya, pagkakasakop ng pangangalaga sa kalusugan, at mga oportunidad sa pag-aaprentis, makababalik na sa trabaho ang ating organisadong puwersa ng mga manggagawa, at makalilikha para sa kinabukasan.**

Tanggalin ang burukrasya na pumipigil sa mas maraming abot-kayang pabahay. Bumoto ng Oo sa Prop D.

*Senador Scott Wiener
Mayor London Breed
Superbisor Matt Dorsey*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



E

Abot-kayang Pabahay – Board of Supervisors

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang gawing mas simple ang pag-apruba sa abot-kayang pabahay na nagkakaloob ng (1) pabahay sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 120% ng area median income (AMI), pero kung saan ang karaniwang kita ng kabahayan ay hindi hihigit sa 80% ng AMI, (2) karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay na katumbas ng 8% ng itinatakda na kabuuang bilang ng mga unit sa buong proyekto, o (3) pabahay para sa mga kabahayan kung saan may kasamang isa o higit pang empleyado ng Pampaaralang Distrito o City College, nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan; at patuloy na itakda ang pag-apruba ng Board of Supervisors para sa gayong uri ng mga proyekto kung ginagamit na ng mga ito ang ari-arian o pagpipinansiya ng Lungsod?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Sa ilalim ng batas ng Lungsod, sa pangkalahatan ay kailangang rebyuhin ng iba't ibang lupon, komisyon, at opisyal ang development ng bagong pabahay, at gumawa ng pagpapasya kung aaprubahan o tatanggihan ang mga ito. Kailangang sundin ng development ng bagong pabahay ang mga kodigo sa Planning and Building (Pagpapalano at Pagtatayo ng Gusali) ng Lungsod. Sa pangkalahatan ay itinatakda ng batas ng estado na gawan ng ebalwasyon ang proyekto para malaman ang mga epekto nito sa kapaligiran.

May mga programa sa abot-kayang pabahay ang Lungsod, na naghahandog ng ibinibenta o pinauupahang pabahay nang mas mababa ang halaga kaysa sa halaga sa merkado. May mga restriksiyon ang abot-kayang pabahay ukol sa pagiging kuwalipikado ng mga kabahayan, tulad ng pinakamataas nang katanggap-tanggap na kita ng kabahayan.

Sa petsang Hulyo 2022, ang area median income (panggitnang kita ng lugar, AMI) batay sa laki ng kabahayan ay:

Antas ng Kita	1 Katao	2 Katao	3 Katao	4 Katao
80% ng AMI	\$77,600	\$88,700	\$99,750	\$110,850
100% ng AMI	\$97,000	\$110,850	\$124,700	\$138,550
120% ng AMI	\$116,400	\$133,000	\$149,650	\$166,250
140% ng AMI	\$135,800	\$155,200	\$174,600	\$193,950

Ang Mungkahi: Gagawing mas simple ng Proposisyon E ang proseso ng pag-apruba sa pamamagitan ng pagbibigay ng pahintulot na huwag nang maisama ang matutukoy na mga development para sa abot-kayang pabahay mula sa ilang pag-aaprubang Lungsod, kung susundin ng mga development na ito ang Planning and Building codes (mga kodigo sa Pagpapalano at Pagtatayo ng mga Gusali). Kapag pinauupahan ng Lungsod ang ari-arian nito, o kung nagkakaloob ito ng pagpipinansiya para sa mga pabahay na proyektong ito, maaari pa ring kailanganin ang pag-apruba ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Supervisor).

Gagawing mas simple ng Proposisyon E ang pag-apruba sa tatlong uri ng abot-kayang pabahay na multifamily o para sa mahigit sa isang pamilya:

- Pabahay na multifamily kung saan lahat ng residensiyal na unit ay abot-kaya para sa mga kabahayang may kita na hanggang sa 120% ng AMI. Hindi maaaring mahigit sa 80% ng AMI ang karaniwang kita ng kabahayan ng lahat ng residensiyal na unit.
- Pabahay na multifamily na may 10 o higit pang residensiyal na unit at nagkakaloob ng itinatakda ng batas ng Lungsod na abot-kayang unit sa mismong lugar, pati na rin ng abot-kayang pabahay na unit na katumbas ng hindi bababa sa 8% ng kabuuang bilang ng mga unit para sa buong proyekto. Kasama sa 8% na ito ang mga itinatakdang pangangailangan para sa mga unit na may dalawa at tatlong kuwarto. Halimbawa, magmula noong petsang Hulyo 2022, kung may 100 residensiyal na paupahang unit ang proyekto, kailangang magsama ang proyekto ng 22 abot-kayang unit sa lugar. Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, kailangang magkaloob ang proyekto ng 8 karagdagang unit ng abot-kayang pabahay sa lugar, na 8% ng kabuuang bilang ng mga unit para sa buong proyekto na may kabuuang bilang na 30 abot-kayang unit. Bukod rito, mawawalan ng bisa ang pag-apruba ng Planning Department (Departamento sa Pagpapalano) kung hindi magsisimula ang developer ng konstruksiyon sa loob ng 24 buwan.
- Pabahay na multifamily, o development na may kasamang pabahay at iba pang komersiyal na paggamit, at kung saan ang lahat ng residensiyal na unit ay para sa mga kabahayan na mayroong isa o higit pang empleyado ng San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) o ng City College (Kolehiyo ng Lungsod), nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan

Sa ilalim ng panukalang-batas na ito, mayroong anim na buwan ang Lungsod upang maaprubahan ang mga development na ito, bukod pa sa panahong itinatakda para sa anumang pag-apruba ng Board of Supervisors, kung kinakailangan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.

Maaari ding pahintulutan ng panukalang-batas na ito na magpatuloy ang mga development na ito nang walang pag-aaral ukol sa epekto sa kapaligiran sa ilalim ng batas ng estado.

Itinatakda ng panukalang-batas na ito na magkaloob ang mayor ng tau-nang ulat ukol sa abot-kayang pabahay nang kasama ang mungkahing badyet ng mayor.

Sa ilalim ng proposisyong ito, hindi maaaring amyendahan ng Board of Supervisors ang batas ng Lungsod at nang maipatupad ang pinasimple nang pag-apruba ng ito sa karagdagang mga uri ng proyektong pabahay.

Kailangang bayaran ng mga kontratistang magtatayo ng mga proyekto sa ilalim ng panukalang-batas na ito ang kanilang mga empleyado ng namamayaning pasahod. Ang mga kontratista na magtatayo ng mga proyekto para sa mga edukador, o ng mga proyektong may 25 unit o higit pa na nagkakaloob ng karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay ay kailangan ding gumamit ng may kakayahan at pagsasanay na mga nagtatrabaho, kung saan kasama ang tiyak na porsiyento ng mga manggagawa na nakapagtapos mula sa mga programa ng pag-aaprentis.

Kapag ipinasa ang Proposisyon E nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon D, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon D.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong gawing mas simple ang pag-apruba sa mga proyekto para sa abot-kayang pabahay na nagkakaloob ng:

- pabahay na multifamily kung saan lahat ng unit ay para sa mga kabahayan na may kita na hanggang sa 120% ng area median income, at hindi maaaring mahigit sa 80% ng AMI ang karaniwang kita ng kabahayan ng lahat ng residensiyal na unit;
- karagdagang mga unit ng abot-kayang pabahay, na katumbas ng 8% ng kabuuang bilang ng mga unit para sa buong proyekto; o
- na lahat ng residensiyal na unit ay para sa mga kabahayan na mayroong isa o higit pang empleyado ng San Francisco Unified School District o ng City College, nang may ilang restriksiyon sa kita ng kabahayan.

Patuloy pa ring mangangailangan ng pag-apruba ng Board of Supervisors ang mga proyektong gagamit ng ari-arian ng Lungsod o ng pagpipinansiya ng Lungsod.

Hindi maaaring amyendahan ng Board of Supervisors ang batas ng Lungsod at nang maipatupad ang pinasimple nang mga pag-apruba ng ito sa karagdagang mga uri ng proyektong pabahay.

Sa ilang proyekto, kailangang gumamit ang mga kontratista ng may kakayahan at pagsasanay na mga nagtatrabaho, kung saan kasama ang mga manggagawa na nakapagtapos mula sa mga programa ng pag-aaprentis.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "E"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng maliit na epekto sa gastos ng gobyerno.

Magkakaloob ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng mas mabilis na pagrerepaso at pag-apruba sa kuwalipikadong proyekto para sa 100% abot-kayang pabahay, proyekto para sa pabahay ng mga edukador, at proyektong may presyo ng merkado na nagkakaloob ng higit na abot-kayang halaga. Magkakaloob ang Planning Department ng ministerial review (hindi batay sa personal na pagpapasya) para sa mga proyektong ito sa halip na tiyak na pag-apruba, na kasalukuyang itinatakda ng Planning Commission (Komisyon sa Pagpapalano), Historic Preservation Commission (Komisyon para sa Preserbasyon ng Makasaysayang mga Gusali at Lugar), Arts commission (Komisyon sa Sining), Boards of Supervisors, at Board of Appeals (Lupon para sa mga Pag-aapela).

Sa hangganang pinaiksi ang proseso ng pag-apruba ng pag-amyenda sa Tsarter na ito, makakakita ang mga proyekto sa abot-kayang pabahay ng Lungsod ng pagtitipid sa gastos sa proyekto nang dahil sa mas maikling iskedyul ng mga gawain sa development at konstruksiyon. Sa hangganang magresulta ang pag-amyenda sa Tsarter sa pagdami ng abot-kayang pabahay kung ihahambing sa produksiyon ng pabahay na may presyong batay sa merkado, maaaring ang mas mababang pagtatasa sa halaga man, o ang hindi pagpapabayad ng buwis sa ilang ari-arian, ay magresulta sa pagkawala ng kita mula sa property tax (amilyar) sa kinabukasan. Itinuturing namin na malamang na katamtaman ang dalawang epekto ito kapag isinaisip ang malamang na saklaw ng mga proyekto na magiging kuwalipikado para sa pinabilis na pagrerepaso na nasa panukalang-batas.

Itinatakda rin ng pag-amyenda sa mga nagtataguyod ng proyekto na magbayad ng namamayaning pasahod sa panahon ng konstruksiyon para sa Mga Proyekto para sa 100% Abot-kayang Pabahay, Mga Proyekto para sa Pabahay sa mga Edukador, Mga Proyekto para sa Pabahay na Mas Abot-kaya at may 10 o higit pang unit. Itinatakda rin sa Mga Proyekto para sa Pabahay sa mga Edukador at sa Mga Proyekto para sa Pabahay na Mas Abot-kaya at may 25 o higit pang unit na gumamit ng may kakayahan at pagsasanay na mga nagtatrabaho. Itinatakda nito sa Lungsod na magpatibay ng ordinansa upang mapahintulutan ang Office of Labor Standards Enforcement (Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa) na ipatupad ang mga itinatakdang ito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Hulyo 26, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 7 sa 4 upang mailagay ang Proposisyon E sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Walton.

Hindi: Dorsey, Mandelman, Melgar, Stefani.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

May krisis sa pabahay ang San Francisco. Matutulungan tayo ng Proposisyon E na makapagtayo ng mas maraming bahay na abot-kaya.

Ang kakulangan sa abot-kayang pabahay ang siyang pumipigil sa ating lungsod sa pagsulong. Nahhirapan na ang mga manggagawa na manatili rito. Umaalis na ang mga pamilya sa lungsod na mahal nila. At may ilang residenteng natutulak tungo sa kawalan ng tahanan.

Bibigyan tayo ng Proposisyon E ng mga kasangkapan upang maharap ang hamong ito.

Pabibilisin ng Proposisyon E ang pag-aaprubang mga development na pabahay, na may kasamang mas maraming abot-kayang pabahay para sa mga taga-San Francisco na napakababa ang kita, mababa ang kita, at panggitna ang kita. Magkakaloob ang Proposisyon E ng mas maraming pampamilyang pabahay, kasama na ang abot-kayang mga unit na may dalawa at tatlong kuwarto at nasa mga bagong gusali. Susuportahan din ng Proposisyon E ang mga nagtatrabaho sa pamamagitan ng pagtatakda ng pag-eempleyo sa may kakayahan at pagsasanay, at sa pagtatakda na bayaran ang mga manggagawa ng namamayaning pasahod upang maging-abot kaya ang pabahay sa mga nagtatayo nito.

Maghahatid rin ang Proposisyon E ng higit na kabukasan sa pagsisiyasat at pagkakaroon ng pananagutan sa paraan ng paggasta ng lungsod sa mga pondong para sa abot-kayang pabahay, dahil itatakda nito ang taunang pag-uulat sa pamamagitan ng proseso ng pagbabadyet. At magkakaloob din ito ng mga insentibo upang agad na magsimula ang konstruksiyon dahil kailangan natin ng mas maraming abot-kayang pabahay.

Hindi binibigyan ng bagong depinisyon ang pagiging abot-kaya, kung kaya't matitiyak nito na makakakuha ng abot-kayang pabahay ang pinakanangangailangan.

*Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton
Superbisor Connie Chan
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Dean Preston
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Gordon Mar
San Francisco Building Trades
San Francisco Labor Council
United Educators of San Francisco
Unite HERE Lokal 2
San Francisco Democratic Party
Council of Community Housing Organizations*

Sagot sa Argumento ng may Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Hindi Malulutas ng Proposisyon E ang Ating Krisis sa Pabahay

May krisis tayo sa pabahay.

Malaking bahagi ng dahilan ng pagkakaroon natin ng krisis sa pabahay ang mga miyembro ng Board of Supervisors na naglagay sa Prop E sa balota.

Paulit-ulit na silang bumoto laban sa mga proyekto na nakapagpasimple na sana ng pabahay na abot-kaya at para sa mga guro, na inihiharap sa kanila sa Board of Supervisors.

Ang kanilang mga aksiyon laban sa pabahay ang dahilan kung bakit inilagay sa balota ang Prop D - ang Panukalang-Batas na Pabor sa Pabahay na sinusuportahan ng Habitat for Humanity, ni Mayor London Breed, at ni Senador Scott Wiener - sa pamamagitan ng mga lagda ng mahigit **80,000 taga-San Francisco na gusto ng mas maraming pabahay.**

Inilagay lamang ang Prop E sa balota ng mga kontra sa pabahay na Superbisor upang lituhin ang mga botante. Huwag paloko - hindi pasisimplehin ng Prop E ang abot-kayang pabahay dahil magkakaroon PA RIN ang Board of Supervisors ng kapangyarihan upang ihinto ang mga proyektong nauukol sa abot-kayang pabahay, tulad ng 469 Stevenson na proyektong pinatay nila, na dapat sanang nakapagtayo ng 495 unit ng pabahay sa paradahang may valet o taga-parada ng Nordstrom.

Inilagay sa balota ang Prop E, na panukalang-batas na kontra sa pabahay, ng mga Superbisor na palagian nang hinaharangan ang bagong pabahay, at sa gayon ay malito kayo, ang botante. Huwag silang pagkatiwalaan, at pagkatiwalaan ang Prop D, ang tunay na Panukalang Batas para sa Abot-kayang Pabahay Ngayon, na tutulong upang malutas ang krisis natin sa pabahay sa pamamagitan ng pagpapasimple ng mga proseso para sa bagong pabahay.

*Nor Cal Carpenters Union
Housing Action Coalition
SPUR
YIMBY Action
GrowSF*



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Hinaharangan ang Abot-kayang Pabahay ng Poison Pills (taktika upang hindi maging kanais-nais ang isang bagay) ng Proposisyon E

Ang Prop E, na inilagay sa balota nina Superbisor Connie Chan at Aaron Peskin, ay puno ng mga probisyon na poison pills, kung kaya't napipigilan ang bagong konstruksiyon. Naglalaman ang Prop E ng malulusutan, kung saan pahihintulutan ang Board of Supervisors na patuloy na patayin ang mga pabahay sa pamamagitan ng pag-aantala sa mga proyektong ayaw nila.

Ipinapakita ng poison pills ng Prop E na patuloy na gumagamit sina Superbisor Chan at Peskin ng pagkontrol at panghaharang sa kailangang-kailangan na bagong pabahay para sa mga taga-San Francisco.

Poison Pill #1 — Burukratikong mga Pangharang

Ang Prop E, na Chan-Peskin na panukalang-batas, ay nagtatakda ng pagrerepaso at paghaharap sa hukuman batay sa CEQA sa 100% abot-kayang mga proyekto, na karagdagan pa sa katulad nitong burukratang mga hadlang, kung kaya't napigilan ang abot-kayang pabahay tulad ng 469 Stevenson Project na nakapagtayo sana ng 495 unit ng pabahay sa paradahang may valet, pero tinutulan ng mga Superbisor ding ito.

Poison Pill #2 — Hindi Praktikal na Magagawa

Batay sa Housing Affordability Strategies Feasibility Study (Pag-aaral ukol sa mga Stratehiyang Maisasagawa ukol sa Pabahay) ng Planning Department (Departamento sa Pagpapalano), hindi praktikal na magagawa ang bilang ng abot-kayang pabahay na itinatakda sa

ilalim ng Prop E. Malay sina Superbisor Chan at Peskin na mapipigilan ng itinatakdang bilang sa kanilang panukalang-batas ang pagkakatatayo ng pabahay.

Poison Pill #3 — Hadlang sa Pabahay ang mga Pamantayan sa Hindi Maisasamang mga Nagtatrabaho

Itinatakda ng Prop E sa mga kontratista ang pagpapatupad ng mga pamantayan sa mga nagtatrabaho sa mga proyektong pabahay na magkahalo ang kita. Kailangang makakompleto ng pag-aaprentis ang malalaking porsiyento ng mga manggagawa. Sa kabuuan ng estado, mas kaunti pa sa 1 sa 10 manggagawa sa residensiyal na konstruksiyon ang kuwalipikado. Halos 5 taon nang ipinatutupad ang batas ng estado sa pagpapasimple ng mga patakaran na nagtataglay ng pangangailangang ito para sa magkahalo ang kitang pabahay, at wala pang kahit isang unit na natayo hanggang sa kasalukuyan.

Pangmatagalan na kaming nag-aadbokasiya para sa abot-kayang pabahay, at tinututulan namin ang Prop E, ang Chan-Peskin na panukalang-batas na laban sa pabahay.

Pakisamahan kami sa pagtutol sa mapanlinlang na panukalang-batas na ito.

GrowSF

Housing Action Coalition

Nor Cal Carpenters Union

SPUR

YIMBY Action

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Para sa Lahat ang Proposisyon E

Pinamumunuan ang Proposisyon E ng komunidad — mga umuupa, guro, bumbero, at manggagawa sa konstruksiyon — dahil sila ang pinakanangangailangan ng abot-kayang pabahay. **Inilalagay sa unahan ng mga katunggali ng Proposisyon E ang kita ng mga developer nang higit pa sa pabahay na gumagana para sa mga taga-San Francisco na uring manggagawa.**

Gusto ng mga katunggali ng Proposisyon E na bigyan ang pribadong mga developer ng milyon-milyon sa pamamagitan ng mga benepisyo, nang WALANG garantiya ng pangangasiwa, WALANG garantiya ng pagiging abot-kaya, WALANG garantiya ng konstruksiyon, at WALANG hinihinging kinakailangan sa mga manggagawa.

Nakita na ng ating lungsod ang ilang bagong proyekto na nasimulan na at naghahandog ng 30% abot-kayang pabahay — tulad ng 681 Florida, kung saan may kasamang 42% abot-kayang mga unit (kasama na ang mga unit na may dalawang kuwarto) at ang 5M, na nagtatampok sa 33% abot-kayang mga unit (kasama na ang pabahay na para sa mga senior at pamilya).

Puwede rin tayong mas mabilis na makapagtayo ng mas maraming abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng magaganda ang pasahod na naka-unyong mga trabaho. Magkakaloob ang 1629 Market Street ng 500 unit ng pabahay at 100 abot-kayang unit, habang lumilikha ng

1,800 na naka-unyong trabaho. Magtatayo ang Proposisyon E ng mas maraming abot-kayang pabahay, at mag-eempleyo ng libo-libo na naka-unyong manggagawa.

Paulit-ulit nang sinubukan ng mga katunggali ng Proposisyon E na hadlangan ang mga proyekto sa pabahay sa pamamagitan ng mga CEQA na apela. Gayon pa man, sinisisi nila ang iba para sa mga pagkaantala sa pabahay. Inilalarawan ng dalawang uri ng pamantayang ito na ang pangunahin nilang tunguhin ay hindi ang paglikha ng pabahay, kundi ang pagkakaroon ng pinakamalaki nang posibleng kita.

Sinusuportahan ng mga manggagawa ng Proposisyon E dahil sinusuportahan ng Proposisyon E ang mga manggagawa, hindi ang bilyonaryong mga namumuhunan.

Superbisor Connie Chan

Presidente ng Lupon Shamann Walton

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hillary Ronen

San Francisco Labor Council

San Francisco Building Trades

San Francisco Fire Fighters Lokal 798

United Educators of San Francisco

Unite HERE Lokal 2

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



F

Pondo para sa Preserbasyon ng Aklatan

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mapanumbalik ang Pondo para sa Preserbasyon ng Aklatan sa loob ng 25 taon, pahintulutan ang Lungsod na pansamantalang itigil ang taunan na minimum na pagpopondo sa Aklatan, kung inaasahan ng Lungsod na magkakaroon ng kakulangan sa badyet na mahigit sa \$300 milyon, at itakda sa Aklatan na dagdagan ang minimum na oras na kailangang bukas ang Pangunahing Aklatan at ang mga sangay nito linggo-linggo?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagtatatag ang Tsarter ng Lungsod ng Library Preservation Fund o Pondo para sa Preserbasyon ng Aklatan (Fund o Pondo), na nakatakdang mawalan ng bisa sa Hunyo 30, 2023. Binabayaran ng Pondo ang mga serbisyo ng aklatan at ang konstruksiyon at pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng mga pasilidad ng aklatan sa Main Library (Pangunahing Aklatan) at sa 27 sangay nito (Library o Aklatan). Naglalaan ang Lungsod ng bahagi ng taunang mga property tax (amilyar) nito sa Pondo, na may halagang $2\frac{1}{2}$ sentimo kada \$100 ng natasang halaga ng ari-arian.

Sinusuportahan ng Pondo ang Aklatan, bukod pa sa minimum na pagpopondo na pinahihintulutan ng Tsarter na ipagkaloob ng Lungsod taon-taon. Orihinal na itinakda ang minimum na pagpopondong ito bilang halaga na ipinagkaloob ng Lungsod noong fiscal year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet) 2006–07, at magmula noon ay inaayon na batay sa mga pagbabago sa discretionary revenue (nagagamit ayon sa pagpapasya na kita) ng Lungsod.

Itinatakda ng Tsarter sa Aklatan na maging bukas sa publiko nang hindi bababa sa 1,211 oras kada linggo. Upang mabago ang kabuuang bilang ng mga oras na kailangang bukas ang mga aklatan, kailangang magsagawa ang Library Commission (Komisyon para sa mga Aklatan) ng pampublikong mga pagdinig sa distrito ng bawat miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon F ang pag-amyenda sa Tsarter na muling magpapanumbalik sa Pondo para sa 25 taon, na hanggang sa Hunyo 2048. Manggagaling pa rin ang pera sa Pondo mula sa parehong taunan na property tax, nang walang pagtataas sa porsiyento ng buwis. Patuloy na babayaran ng pondo ang mga serbisyo ng aklatan, at ang konstruksiyon at pagpapanatili sa maayos na kondisyon ng mga pasilidad ng Aklatan.

Ang Proposisyon F din ay:

- magpapahintulot sa Lungsod na pansamantalang itigil ang pagtataas sa taunang minimum na pagpopondo kung inaasahan ng Lungsod ang kakulangan sa badyet na mahigit sa \$300 milyon; at
- magtatakda sa Main Library at sa mga sangay nito na maging bukas nang hindi bababa sa 1,400 oras kada linggo. Matapos ang Hulyo 1, 2028, maaaring baguhin ng Library Commission ang mga oras na ito tuwing ika-limang taon, matapos magsagawa ng mga pampublikong pagdinig sa distrito ng bawat miyembro ng Board of Supervisors.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kung boboto kayo ng “oo,” gusto ninyong mapanumbalik ang Library Preservation Fund sa loob ng 25 taon, pahintulutan ang Lungsod na pansamantalang itigil ang taunan na minimum na pagpopondo sa Aklatan kung inaasahan ng Lungsod ang kakulangan sa badyet na mahigit sa \$300 milyon, at itakda sa Aklatan na dagdagan ang minimum na oras na kailangang bukas ang Main Library at ang mga sangay nito linggo-linggo.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “F”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno. Ipanunumbalik nito ang kasalukuyang mga paggamit sa mga pondong mula sa property tax at iba pang kita ng lungsod para sa Library.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Ipanunumbalik ng pag-amyenda ang naaprubahan na ng mga botanta na itinatakda ng Tsarter, kung saan eksklusibong ginagamit ng Library para sa mga serbisyo at materyales ang kita mula sa property tax, na nagkakahalaga ng 2.5 sentimo sa bawat \$100 na natasang halaga. Pinahahaba ng pag-amyenda ang panahon ng pagsasantabi sa property tax nang dalawampu't limang taon, na hanggang sa fiscal year (FY) 2047–48. Nagkaloob ang kita mula sa property tax sa Library ng humigit-kumulang sa \$83.1 milyon taon-taon noong FY 2022–23.

Bukod rito, pinahahaba ng pag-amyenda ang kasalukuyang batayang pangangailangan na magpanatili ang Lungsod ng nagagamit ayon sa pagpapasya na kitang nakalaan para sa mga serbisyo ng aklatan, at taasan pa ito. Ang batayang halaga ay humigit-kumulang sa \$112.8 milyon taon-taon noong FY 2022–23, at magbabago ito sa mga taon sa hinaharap kung isasaalang-alang ang mga pagbabago sa pangkalahatang kita na nagagamit ayon sa pagpapasya. Pahihintulutan ng pag-amyenda ang Lungsod na pansamantalang itigil ang pagtataas sa batayang pagpopondo sa mga taon na inaasahan ng Lungsod ang kakulangan sa badyet na mahigit sa \$300 milyon para sa susunod na taon.

Itatakda rin ng pag-amyenda sa Tsarter sa Library na patuloy na magkaloob ng hindi bababa sa 1,400 na permanenteng oras ng pagseserbisyo sa kabuuan ng sistema nito at ng kasalukuyan nang ipinatutupad na permanentang mga oras sa mga sangay, hanggang sa 2028.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "F"

Noong Hulyo 19, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon F sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Dorsey, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

PROTEKTAHAN ANG ATING MGA AKLATAN, BUMOTO UPANG MAIPANUMBALIK ANG LIBRARY PRESERVATION FUND (PONDO PARA SA PRESERBASYON NG AKLATAN)

Kritikal na bahagi ng ating lungsod ang mga pampublikong aklatan. Napakahalaga ng mga ito sa mga pamilya, kabataan, at lahat ng taga-San Francisco na umaasa sa libreng mga rekurso ng aklatan. Mayroon tayong sistema ng mga aklatan, na kabilang sa pinakamahuhusay sa mundo, nang dahil sa Library Preservation Fund, na orihinal na ipinasa ng mga botante noong 1994 at ipinanumbalik noong 2007.

Napahintulutan na ng Library Preservation Fund ang sistema ng mga aklatan na:

- Makapagpalawak at magkaroon ng 27 sangay sa mga komunidad at mapanatili ang mga aklatan na bukas nang pitong araw sa isang linggo
- Matriple ang koleksiyon nito ng mga librong nakalimbag at online
- Makalikha ng pinakamalaki na libreng WIFI network sa lungsod at magkaloob ng 1,000 computer stations
- Makapagpanatili ng kawanihan ng mga Librarian sa bawat lokasyon
- Makapagpalawak ng suporta sa pagbasa at pagsulat at sa pag-aaral para sa mga estudyanteng nasa K-12, nasa sapat na gulang, at sa mga hindi nagsasalita ng Ingles
- Makatulong sa mga residente sa paghahanap ng trabaho at sa pagbubukas ng maliliit na negosyo

Ang Library Preservation Fund ang bumubuo sa 97% ng taunang badyet ng Aklatan at mawawalan na ito ng bisa sa 2023. Ang pagboto ng Oo sa Proposisyon F ang makapagpapanumbalik sa Library Preservation Fund sa loob ng 25 taon nang walang bagong buwis. Pahihintulutan nito ang Aklatan na paramihin pa ang malawak nang hanay nito ng mga serbisyo at tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad. Kung wala ang Proposisyon F, mababawasan ang mga oras ng aklatan at ang mga rekurso, at magsasara ang mga sangay.

Ang pagboto ng Oo sa Proposisyon F ay:

- Makapagtatakda sa Main Library (Pangunahing Aklatan) at sa lahat ng 27 sangay na aklatan na manatiling bukas at makapagpaparami sa minimum na bilang ng mga oras.
- Makapagtitiyak na mapananatili natin sa maayos na kondisyon ang imprastruktura ng aklatan sa pamamagitan ng mga renobasyon, masusuportahan ang bagong konstruksiyon, at matutugunan ang mga pampublikong emergency.
- Makapagkakaloob ng hindi pabago-bagong pinagkukunan ng pondo para sa ating mga aklatan sa loob ng 25 taon **nang hindi nagtataas ng buwis.**

Bumoto ng Oo sa Proposisyon F at nang patuloy na makapagbigay ang San Francisco Public Library ng napakahahalagang serbisyo sa edukasyon at sa pagbasa at pagsulat, mga rekurso sa pag-eempleyo, at mga pamamaraan sa paggamit ng kompyuter para sa lahat ng taga-San Francisco hanggang sa susunod pang mga henerasyon.

Mayor London Breed

Superbisor Shamann Walton, Presidente ng Lupon

Superbisor Connie Chan

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hilary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**G**

Pondo para sa Tagumpay ng Estudyante – Tulong-Pinansiyal sa San Francisco Unified School District

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagbigay ng karagdagang pondo para sa grants sa San Francisco Unified School District sa loob ng 15 taon, at nang mapaghusay ang nakakamit na akademikong tagumpay ng mga estudyante at ang kanilang sosyo/emosyonal na kagalingan?

OO**HINDI**

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang San Francisco Unified School District o Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco (School District o Pampaaralang Distrito) ay pampublikong ahensiya na hiwalay sa Lungsod, at pinatatakbo nito ang sistema ng mga pampublikong paaralan sa San Francisco nang hanggang sa ika-12 grado.

Ang Tsarter ng Lungsod ang nagtatatag ng Public Education Enrichment Fund (Pondo para sa Pagpapahusay sa Pampublikong Edukasyon). Taon-taon, kailangang magbigay ng Lungsod sa School District ng takdang halaga ng perang kontribusyon nito mula sa pangkalahatang pondo, at nang magamit para sa mga programa sa preschool at pangkalahatang edukasyon, pati na rin sa mga programa para sa sining, musika, sports, at mga aklatan. Sa kasalukuyang fiscal year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet), nagbigay ng kontribusyon ang Lungsod na nagkakahalaga ng humigit-kumulang sa \$101 milyon.

Maaaring magkaloob ang mayor at ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng karagdagang pagpopondo sa School District, batay sa kanilang sariling pagpapasya.

Sa ilalim ng batas ng estado, tatanggap ang School District at ang City College of San Francisco o Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco (City College) ng bahagi ng lokal na kita sa property tax (amilyar) na mula sa Educational Revenue Augmentation Fund (Pondo na Pandagdag sa Pang-edukasyong Kita). Kung may matitirang pera matapos matanggap ng School District at ng City College ang kanilang pondo, matatanggap ng Lungsod ang karamihan sa matitirang pera. Sa kasalukuyang fiscal year, nakatanggap ang Lungsod ng humigit-kumulang sa \$329 milyon. Magbabago ang halagang ito sa mga taon sa hinaharap.

Ang Mungkahi: Amyendahan ng Proposisyon G ang Tsarter upang magkaloob ng karagdagang pera para sa School District mula sa naririyang pondo ng Lungsod, na ilalagay sa bagong Student Success Fund o Pondo para sa Tagumpay ng mga Estudyante (Fund).

Magkakaloob ang Fund ng tulong-pinansiyal sa indi-indibidwal na paaralan para sa mga programang nakapagpapahusay sa natatamang akademikong tagumpay ng mga estudyante at sa sosyo/emosyonal na kagalingan. Maaaring kasama sa mga programa ang akademikong paggabay, mga espesyalista sa matematika at pagbasa at pagsulat, karagdagang social worker, pagpoprograma para sa sining at siyensiya, o sa afterschool at sa pagpapayaman ng kaalaman sa tag-araw.

Maaaring magsumite ng aplikasyon ang mga paaralan para sa tulong-pinansiyal na hanggang \$1 milyon kada taon. Upang maging kuwalipikado para sa tulong-pinansiyal na ito, kailangang magkaroon ang paaralan ng school site council (konseho ng paaralan) kung saan itinatagda ang paglahok mula sa mga magulang, estudyante, miyembro ng komunidad, at mga kawani ng paaralan, pati na rin ang pangako na mag-eempleyo ng full-time na tagapag-ugnay. Maaaring lalo pang bigyan ng depinisyon ng Lungsod sa susunod na panahon kung aling mga paaralan ang magiging kuwalipikado para sa tulong-pinansiyal na ito, tukuyin ang mga prayoridad para sa pamamahagi ng tulong-pinansiyal, at magtakda ng proseso ng aplikasyon para sa tulong-pinansiyal.

Babayaran din ng Fund ang potensiyal na tulong-pinansiyal sa School District upang makapagtatag ng mga programa na magpapahusay sa natatamang akademikong tagumpay ng mga estudyante at sa kagalingang sosyo/emosyonal sa paaralan o sa pangkat ng mga paaralan.

Sa ilalim ng Proposisyon G, maglalagay bawat taon ang Lungsod ng pera sa Fund, ayon sa mga sumusunod:

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Fiscal Year	Halaga
2023–2024	\$11 milyon
2024–2025	\$35 milyon
2025–2026	\$45 milyon
2026–2027	\$60 milyon

Gagawa ang Lungsod ng mga kontribusyon sa Fund hanggang sa fiscal year 2037–38 at iaaayon taon-taon ang mga halaga.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagbigay ng karagdagang pondo para sa tulong-pinansiyal sa San Francisco Unified School District sa loob ng 15 taon, at nang mapaghusay ang nakakamit na akademikong tagumpay ng mga estudyante at ang kanilang sosyo/emosyonal na kagalingan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “G”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ng mga botante ang iminumungkahing pag-amyenda sa Tsarter, magkakaroon ito ng malaking epekto sa gastos ng gobyerno dahil babaguhin nito ang alokasyon ng mga pondo na kung hindi sana ay magagamit sa General Fund.

Magtatatag ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng bagong set-aside fund (may pinaglalaanang pondo) sa Tsarter na tatawaging Student Success Fund (Fund). Ang Student Success Fund ang magbabayad para sa tulong-pinansiyal mula sa Lungsod sa mga magsusumite ng aplikasyon na kuwalipikadong paaralan ng San Francisco Unified School District. Susuportahan ng tulong-pinansiyal ang akademikong tagumpay at ang sosyo/emosyonal na kagalingan ng mga estudyante sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng pangkomunidad na paaralan, kung saan maaaring magkaroon ng mga pampaaralang nars, tutor o gabay sa loob ng klasrum, espesyalista sa pagbasa at pagsulat at sa matematika, akademikong gabay, social worker, espesyalisadong kurikulum, at mga pampaaralang sikologo.

Itatakda ng pag-amyenda sa Tsarter ng Lungsod na maglaan ng espesipikong halaga ng pera sa Fund taon-taon. Sa Fiscal Year (FY) 2023–2024, maglalaan ang Lungsod ng \$11 milyon sa Fund, \$35 milyon sa FY 2024–25, at \$45 milyon sa FY2025–26. Patuloy na maglalaan ang Lungsod ng \$60 milyon sa pondo sa kabuuan ng FY2037–38, nang inaayon ang mga alokasyon sa bawat taon kung

magkakaroon ng mga pagbabago sa pangkalahatang pinagpapasyahang kita nang hindi hihigit sa 3% kada fiscal year. Kasama sa panukalang-batas na ito ang pagluluwag para sa pagbabawas ng Mayor at ng Board sa mga inilalaan sa pondo nang hindi bababa sa \$35 milyon sa mga taon kung kailan inaasahan ng Lungsod ang kakulangan sa badyet na mahigit pa sa \$200 milyon, o kung ang sobra sa perang mula sa Educational Reserve Augmentation ay 50% na mas mababa kaysa sa nakaraang fiscal year, o sa fiscal year tatlong taon na ang nakararaan.

Itatakda ng mungkahing pag-amyenda na ideposito ang anumang hindi pa naipapangakong pera na nakalaan sa pondo sa pagtatapos ng bawat fiscal year, tungo sa espesyal na reserve account (pondo para sa paggamit sa hinaharap) na hindi maaaring magkaroon ng mahigit sa \$40 milyon sa anumang panahon. Sa pagtatapos ng bawat fiscal year, ibabalik sa General Fund ang pondong nasa espesyal na reserve account na sobra sa \$40 milyon. Sa mga taon na kulang ang pondo na gaya ng pagkakalarawan sa itaas, kukuha ang Lungsod mula sa espesyal na reserve account, sa Reserve account ng Lungsod para sa Budget Stabilization (Pagpapatatag ng Badyet), o sa iba pang pang-budget na reserve account tungo sa Fund, at nang matugunan ang kinakailangang \$35 milyon na inilalaan para dito kada taon.

Hindi sinusunod ng mungkahing pag-amyenda ang polisiya ng lungsod, na hindi nagagawang batas at pinagtibay ng mga botante, ukol sa set-asides (inirereserbang pondo). Hangad ng polisiyang ito na limitahan ang set-asides na nagpapabawas sa pera ng General Fund, na kung hindi gagawin, ay gagawan ng alokasyon ng Mayor at ng Board of Supervisors sa taunang proseso ng pagbababdyet.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “G”

Noong Hulyo 26, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon G sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Dorsey, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang [sfelections.org](https://www.sfelections.org) o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

Ang Proposisyon G ay oportunidad para magkasama-sama ang mga nasa San Francisco at magkaisa sa likod ng inisyatibang magkakaloob sa ating mga estudyante ng pagsulong at tutulong sa kanilang makahanap ng landas tungo sa tagumpay.

Nagdurusa ang mga paaralan ng San Francisco nang dahil sa pagpopondong mas mababa sa kinakailangan at pangmatagalan nang kawalan ng pagkakapantay-pantay. Napakaraming estudyante na ang nakararanas ng hindi natutugunang hamon sa kalusugan ng isip at iba pang hadlang sa pagkatuto; hirap sa batayang mga larangan ng asignaturang akademiko, at pag-eeksamen na mas mababa kaysa sa antas ng grado. Nagawa lamang mas malala ang sitwasyong ito ng pandemya.

Ang Student Success fund (pondo para sa Tagumpay ng Estudyante) ay inisyatibang nakatuon sa mga resulta, at sa gayon ay matulungan ang nahihirapang mga estudyante nang hindi nagtataas ng buwis:

- Naglalaan ito ng hanggang sa \$60 milyon kada taon mula sa nariryan nang pondo ng lungsod para sa mga programang nagpapahusay ng akademikong tagumpay at ng sosyo/emosyonal na kagalingan.
- Pinahihintulutan nito ang indi-indibidwal na mga paaralan na mag-apply para sa tulong-pinansiyal na hanggang sa \$1 milyon, habang itinatakda ang pakikilahok ng mga magulang, guro, miyembro ng komunidad, at mga kawani ng paaralan.
- Maaaring kasama sa mga programa ang akademikong paggabay, mga gabay sa matematika at pagbasa at pagsulat, programa sa sining at siyensiya, mga nars at social worker, programa para sa kalusugan ng isip, at pakikipag-partner sa nonprofit.

Hindi magtataas ng buwis ang Proposisyon G. Babayaran ito ng nariryan nang mga pondo ng lungsod. Nakapaloob na ang mga garantiya upang matiyak na hindi magkakaroon ng negatibong epekto sa napakahahalagang serbisyo ng lungsod sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya, o kung mayroong kakulangan sa badyet.

Titiyakin ng programa para sa tulong-pinansiyal sa espesipikong mga paaralan na matutugunan ng mga programa ang mga pangangailangan ng bawat pampaaralang komunidad.

Magdudulot ng napakalaking pagbabago ang Student Success Fund sa mga estudyante ng mga pampublikong paaralan ng San Francisco. Ito ang dahilan kung bakit nakuha nito ang suporta ng nagkakaisang komunidad sa edukasyon, ang lahat ng nasa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), mga nag-aadbokasiya para sa kalusugan ng isip, propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan, guro, pangkat ng mga magulang, at mga organisasyon sa komunidad.

Pakisamahan kami sa pagtulong sa mga estudyante na magtagumpay. Bumoto ng OO sa G.

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Myrna Melgar

Presidente ng School Board Jenny Lam

San Francisco Democratic Party

United Educators of San Francisco

National Union of Healthcare Workers

San Francisco Beacon Initiative

Coleman Advocates for Children and Youth

Faith in Action Bay Area

sfstudentsuccess.com

Walang Isinuniteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G



H

Mga Eleksyon sa Lungsod sa mga Taon na May Bilang na Even

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagsagawa ng mga eleksyon para sa Mayor, Sheriff, Abugado ng Distrito, Abugado ng Lungsod, at Tesorero sa Nobyembre sa mga taon ng eleksyon para sa pagkapresidente, pahabain ang kasalukuyang termino ng mga opisyal na ito nang isang taon hanggang sa Enero 2025, itakda na hindi na magkakaroon ng regular na naka-iskedyul na eleksyon sa 2023, magsagawa lamang ng eleksyon para sa lokal na mga panukala sa balota sa mga taon na may bilang na even o sa mga espesyal na eleksyon, at baguhin ang minimum na bilang ng kinakailangang lagda upang makapaglagay ang mga botante ng mga ordinansa at deklarasyon ng polisiya sa balota?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagsasagawa ang Lungsod ng eleksyon para sa mga lokal na katungkulan sa mga taon na even at odd. Inihahalal ang mayor, sheriff, abugado ng distrito, abugado ng lungsod at ang tesorero tuwing ika-apat na taon sa buwan ng Nobyembre sa taong may bilang na odd. Huling nagkaroon ng regular na eleksyon para sa mga katungkulan ito noong Nobyembre 2019, at ang susunod na naka-iskedyul na eleksyon para sa mga katungkulan ito ay gagawin sa Nobyembre 2023.

Nagsasagawa ang Lungsod ng eleksyon para sa tagatasa-tagatala, pampublikong tagapagtanggol, mga miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), School Board (Lupon ng mga Paaralan), at City College Board (Lupon ng Kolehiyo ng Lungsod) tuwing ika-apat na taon sa Nobyembre ng mga taon na even. Isinasagawa rin ang eleksyon para sa mga pang-estado at pederal na katungkulan sa mga taon na even.

Maaaring mailagay sa balota ang mga lokal na pambalotang panukalang-batas kapwa sa mga taon na even at odd. Maaari namang maglagay ang mga botante ng ordinansa ng Lungsod o deklarasyon ng polisiya sa balota sa pamamagitan ng pagsusumite ng sapat na lagda mula sa mga botante ng San Francisco sa inisyatibang petisyon. Upang maging kuwalipikado para sa balota, ang petisyon ay kailangang may kasamang lagda mula sa mga botante ng San Francisco na katumbas ng hindi bababa sa 5% ng mga botong ibinigay sa lahat ng kandidato para sa pagka-mayor noong nakaraang eleksyon. Noong Hulyo 2022, nangailangan ang mga petisyon na ito ng minimum na 8,979 lagda.

Ang Mungkahi: Itatakda ng Proposisyon H na magsagawa ang Lungsod ng mga eleksyon para sa mayor, sheriff, abugado ng distrito, abugado ng lungsod, at tesorero sa Nobyembre ng mga taon para sa pagkapresidente. Dahil dito, magsasagawa ang Lungsod ng eleksyon para sa lahat ng lokal na katungkulan sa mga taon na may bilang na even lamang.

Kapag naaprubahan ang mungkahi, hindi magkakaroon ng regular na nakatakdang eleksyon sa 2023. Pahahabain nang isang taon ang kasalukuyang mga termino ng mayor, sheriff, abugado ng distrito, abugado ng lungsod, at tesorero. Isasagawa ang susunod na eleksyon para sa mga katungkulan ito sa Nobyembre 2024. Pagkatapos nito, isasagawa na ng Lungsod ang eleksyon para sa mga katungkulan ito tuwing ika-apat na taon.

Sa ilalim ng Proposisyon H, maglalagay lamang ang Lungsod ng mga panukalang-batas sa balota sa mga taon na even o sa espesyal na mga eleksyon.

Papalitan din ng Proposisyon H ang minimum na bilang ng kinakailangang lagda para sa inisyatibang ordinansa at deklarasyon ng polisiya ng Lungsod, mula sa 5% ng ibinigay na boto noong nakaraang eleksyon sa pagka-mayor tungo sa 2% ng rehistradong mga botante sa San Francisco, na 9,948 noong Hulyo 2022.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang makapagsagawa ng mga eleksyon para sa mayor, sheriff, abugado ng distrito, abugado ng lungsod, at tesorero sa Nobyembre sa mga taon ng eleksyon para sa pagkapresidente, magsagawa lamang ng eleksyon para sa lokal na panukala sa balota sa mga taon na may bilang na even o sa mga espesyal na eleksyon, at baguhin ang minimum na bilang ng kinakailangang lagda upang makapaglagay ang mga botante ng ordinansa at

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



deklarasyon ng polisiya sa balota. Hindi na magkakaroon ng regular na nakatakdang eleksyon sa 2023, at pahahabain nang isang taon ang kasalukuyang mga termino ng mayor, sheriff, abugado ng distrito, abugado ng lungsod, at tesorero.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “H”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon H:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng mga botante, bababa ang gastos ng gobyernong nang humigit-kumulang sa \$6.9 milyon sa Fiscal Year (taon batay sa pag-uulat ng pinansiya, FY) 2023–2024, at sa kasunod na mga taon na may bilang na odd, sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa mga eleksyon at sa pagtatanggal sa munisipal na eleksyon sa mga taon na may bilang na odd. Gayon pa man, magiging mas maliit o matatanggal ang matitipid na ito kung magtatakda ng espesyal na eleksyon sa taon na may bilang na odd.

Itatakda ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter na magsagawa ng mga eleksyon para sa Mayor, Sheriff, Abugado ng Distrito, Abugado ng Lungsod, at Tesorero sa mga taon na may bilang na even. Upang magawa ito, itatakda ng mga pag-amyenda na maglingkod ang mga indibidwal na nahalal sa mga katungkulang ito noong 2019 ng terminong tig-limang taon. Ang susunod na eleksyon para sa mga katungkulang ito ay isasagawa sa Nobyembre 2024, at kasunod nito, magkakaroon ng eleksyon para sa mga katungkulang ito tuwing ika-apat na taon sa taon na may bilang na even.

Magdudulot ang mga pagbabagong ito sa Lungsod ng pagtitipid na humigit-kumulang \$9 milyon para sa gastos ng pagpapatakbo ng pangkalahatang munisipal na eleksyon sa mga taon na may bilang na odd, na mababawi nang dahil sa humigit-kumulang sa \$2.1 milyon para sa halaga ng pagpi-print at pagpapadala sa koreo ng mga balotang card at pamphlet na nagbibigay-impormasyon sa botante, gastos para sa pansamantalang kawani, at iba pang materyales at serbisyo na ililipat mula sa isang taon tungo sa isa pa, kung kaya’t magkakaroon ng netong matitipid na \$6.9 milyon sa loob ng dalawang taon, simula sa FY 2023–24.

Babaguhin din ng pag-amyendang ito ang minimum na lagda para sa inisyatibang ordinansa tungo sa dalawang porsiyento ng huling bilang ng rehistradong mga botante sa San Francisco, sa halip na limang porsiyento ng nagsiboto noong huling eleksyon para sa pagka-mayor.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “H”

Noong Hulyo 19, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 7 sa 4 upang mailagay ang Proposisyon H sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani.

Hindi: Dorsey, Mandelman, Mar, Walton.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

May potensiyal ang Prop H na madoble ang partisipasyon ng mga botante sa San Francisco para sa mahahalagang lokal na katungkulan at makatipid ng milyon-milyong dolyar ang lungsod.

Sa panahon na inaatake ang mga karapatan sa pagboto at ang demokrasya, ang Prop H ay simpleng solusyon upang matiyak na mas maraming taga-San Francisco ang magkakaroon ng boses sa ating demokrasya.

Ang panukalang-batas na ito, na hindi makapartido at para sa mabuting pamahalaan, ay maglilipat sa mga eleksyon para sa Mayor, Sheriff, Abugado ng Distrito, Abugado ng Lungsod, at Tesorero—na kasalukuyang isinasagawa sa mga taon na odd ang bilang—tungo sa mga taon na even ang bilang.

Ang Oo sa H ang magbabago sa Tsarter ng lungsod at nang makaayon ito sa batas ng estado na nagbabawal sa mga lungsod sa pagsasagawa ng mga eleksyong wala sa siklo, kung sa pagsasagawa nito ay malaki ang pagbaba ng bilang ng bumoboto. Mayroon nang 50+ lungsod ang nakagawa ng ganitong pagbabago sa California, kasama na ang Los Angeles, San Bruno, Modesto, at San Mateo. Panahon na upang isabatas ng San Francisco ang demokratikong mga ideyal ng ating estado at lungsod!

Nitong nakaraang dekada, karaniwan nang 43% ang porsiyento ng bumoboto sa San Francisco sa mga odd na taon ng eleksyon, at 80% sa mga presidensiyal na siklo, kung saan pinakamababa ang partisipasyon ng botante sa odd na taon sa mga komunidad ng may kulay, uring manggagawa, at batang botante. Ang Prop H ay hindi lamang tungkol sa pagpapataas ng bilang ng bumoboto, kundi

pagtitiyak din na mas maraming botante ang magkakaroon ng pagpapasya sa mga eleksyon ng lungsod.

Magdudulot ang pagsasama ng eleksyon para sa susunod na taon sa 2024 na balota ng pagtitipid na humigit-kumulang \$7 milyong dolyar, na maaaring magasta kapalit nito sa agarang mga pangangailangan, tulad ng kawalan ng tahanan, pabahay, at pampublikong kaligtasan.

Nakikini-kinita na ba na ninyo kung ano ang magiging hitsura ng ating lokal na mga eleksyon kung mas maraming botante ang lalahok? Panahon na upang makasama tayo sa iba pang lungsod sa California na nagawa na ang mahalagang pagbabagong ito upang magkaroon ng higit na paglahok ang mga botante.

Pakisamahan kami sa pagboto ng Oo sa Prop H.

California Common Cause

League of Women Voters of San Francisco

San Francisco Democratic Party

RepresentUs

Asian Americans Advancing Justice- Asian Law Caucus

Sierra Club

upthevotesf.com

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon H

Sa kabuuan ng ating kasaysayan, kinondena na ng San Francisco ang mga pagsubok ng mga ekstremista, o sukdulan ang paniniwala, sa buong mundo na makapang-agaw ng kapangyarihan, maisantabi ang boses na mga may pagkakaiba-iba, at mapigilan ang karapatang bumoto. Pero ang kanselahin ang mga eleksyon dito mismo? Hindi pa ito nangyayari kailanman!

Nilikha ang Proposisyon H ng mga nasa pinakamaka-kaliwang kilusan ng mga sosyalista. Tumitindig laban sa panukalang-batas na ito sa balota si Mayor London Breed, kasama ang mga nag-aadbokasiya at lider sa kabuuan ng mga organisasyong pangkomunidad, pang-edukasyon, pangnegosyo, nonprofit, at grassroots, o naniniwala sa kolektibong pagkilos. Nakikita namin na mapanganib na plano ito ni Superbisor Dean Preston upang maitulak ang kanyang radikal na mga kaalyado at katulad niyang mag-isip sa pagkakaroon ng katungkulan, anuman ang gagustuhan ng mga botante.

Tatanggalin lamang ng Proposisyon H ang eleksyon sa 2023 para sa ilang inihahalal na katungkulan. Mananatili sa katungkulan ang lahat. Ayaw ba ninyo ang mga napagpasyahan apat na taon na ang nakalilipas? Pasensiya na! Hindi na iyan pagpapasyahan ng mga botante. Paano na ang ating mga karapatan? Panunupil ito sa mga botante!

Sa unang bahagi ng taon na ito, ipinagdiwang ng San Francisco ang demokrasya sa pamamagitan ng pagre-recall (pagpapaaalis sa katungkulan) sa School Board (Lupon ng mga Paaralan) at sa Abugado ng Distrito (kung saan masigasig akong nag-aadbokasiya). Mahigpit na tinutulan ni Dean Preston at ng kanyang mga kaalyado ang mga recall - at nabigyan na sana si Chesa Boudin ng limang taon na termino kung hindi siya napatalsik!

Sa San Francisco, mas maraming Tsino, Filipino, Latino, at mababa ang kita na mga botante ang maghuhulog ng balota sa 2022 kaysa sa anumang taon sa ating kasaysayan, nang dahil sa ehekutibong kautusan ni gobernador Gavin Newsom ukol sa balatang maipadadala sa koreo. Muli na namang mababago ang mga rekord sa 2023 kung ipagpapatuloy natin ang politikal na pakikilahok ng mga magkakaiba-ibang boses -- Gayon pa man, gusto ni Dean Preston na matigil ang tuloy-tuloy na pagkilos na ito, at sa aktuwal, ay pigilan ang pagboto.

Mahalagang demokratikong tradisyon sa San Francisco ang taunang eleksyon, at pinararami nito ang mga pagkakataon upang makaboto ang mga mamamayan. Bumoto ng HINDI sa H dahil pinahihina nito ang ating karaniwang mga gawaing demokratiko.

Richie Greenberg

RichieGreenberg.org

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

Kanselahin ang mga eleksyon sa 2023? Seryoso ba kayo?

Ang nabibigong mga politiko sa buong mundo ang nagpapakana upang mapahaba ang paghawak nila sa kapangyarihan sa pamamagitan ng paghamon, pagkansela, pagwawalang-bisa, o pag-aantala, sa mga eleksyon. Ito ang isa na sa pinakamakalaglag-panga na pananda ng tiraniko at hindi demokratikong rehimen. Binibigyang-katwiran ng mga mapaniil ang kanilang pagtanggap magtransisyon ang kapangyarihan tungo sa susunod na tunay na mahahalal na opisyal ng gobyerno.

Sinubukan na ito ni Trump noong 2020. Nakita na rin natin ang ganitong kabalastugan noon.

Nitong nakaraang eleksyon noong Hunyo 2022, sinabi ng mga propagandista na katapusan na ng Demokrasya ang pagre-recall kay Chesa Boudin. Sinabi nilang nakakuha si Chesa ng apat na taon ng panunungkulan, kung kaya't dapat hintayin ang eleksyon! Ngayon, gustong kanselahin ng parehong mga indibidwal na ito ang mga eleksyon sa 2023 sa kabuuan nito. Malaking pagkukunwari ito!

Ang mga tiranong nagsasagawa ng korupsiyon, si Putin, at ang iba pang rehimen may ugnayan sa mga terorista ang nagkakansela sa mga eleksyon. Ang mga insurekto ang pumipigil sa lehitimong mga eleksyon.

Ang awtor ng kasuklam-suklam at hindi demokratikong pang-aagaw ng kapangyarihan na ito ay si Dean Preston, na napakalaking kabiguan mismo bilang superbisor (konsehal ng lungsod) at na hindi binigyang-pansin ang papel ng droga at sakit sa isipan sa krisis sa kawalan ng tahanan sa San Francisco. Gusto niyang ilipat ang mas maraming pera na mula sa mga nagbabayad ng buwis tungo sa mapang-aksayang proyekto at kontrata na kapaki-pakinabang para sa kanyang kilusang Democratic Socialists for America (Demokratikong mga Sosyalista para sa Amerika) - iyan ang dahilan kung bakit gusto niyang pahabain ang termino sa katungkulan ng kanyang mga kaalyado, at paramihin ang pagboto ng radikal na kaliwa sa susunod na eleksyon para sa Mayor at sa Abugado ng Distrito. Ito ang mga bagay-bagay kung saan tanyag ang mga banana republic o bansang puno ng korupsiyon, at ang mga diktador na may pamumunong militar sa ika-3 daigdig. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon H.

Richie Greenberg
RichieGreenberg.org

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon H

Ang Prop H ay tungkol sa pagdodoble ng partisipasyon ng mga botante sa paghahalal sa mahahalagang lokal na opisyal, kasama na ang Mayor. **Isa itong panukalang-batas na hindi makapartido at nagtataguyod sa demokrasya, at sinusupportahan ito kapwa ng California Common Cause at ng San Francisco League of Women Voters.**

Sa ngayon, nagsasagawa ang San Francisco ng iisang eleksyon sa taon na odd ang bilang, kung saan may karaniwang porsiyento na 43% ang bumoboto, tuwing 4 taon, upang makapagahalal ng 5 lamang sa pinakamahahalagang posisyon sa ating lungsod: ang Mayor, ang Abugado ng Distrito, ang Abugado ng Lungsod, ang Sheriff, at ang Tesorero.

Bibigyan ng bagong iskedyul ng Prop H ang eleksyong ito nang minsanan sa 2023 upang ilipat ito sa 2024, na taon na may bilang na even. Tinatayang magdudulot ang permanenteng paglilipat sa taon na may bilang na even ng PAGDOBLE ng mga boboto, at magtitiyak ng mas malawak na pagkatawan sa buong populasyon ng mga botanteng lalahok sa bawat eleksyon pagkatapos—sa pamamagitan ng simpleng paglilipat sa siklo ng eleksyon tuwing pinagbobotohan ang pangulo, kung kailan mas marami ang bumoboto.

Gusto kayong papaniwalain ng mga katunggali ng Proposisyon H na mas mabuti para sa San Francisco kung MAS KAUNTING indibidwal ang boboto. Titiyakin ng Prop H na mas maraming botante, lalo na iyong mula sa naisasantabing mga komunidad ang makapagpaparinig sa kanilang boses sa ating politikal na proseso. **Bilang lungsod na pinamumunuan ang estado at ang bansa sa mapangahas na mga ideya, kailangan nating gawin ang ating bahagi upang matiyak na hangga't sa magagawa natin, magiging madali at magkakaroon ng maraming pamamaraan ang pagboto. Samahan kami at bumoto ng OO sa H.**

Dating Mayor Art Agnos
San Francisco Democratic Party
RepresentUs
Harvey Milk LGBTQ Democratic Club
San Francisco Latinx Democratic Club
San Francisco Women's Political Committee
San Francisco Labor Council
Sierra Club



Mga Sasakyan sa JFK Drive sa Golden Gate Park at sa Great Highway

Dapat bang pahintulutan ng Lungsod ang pribadong mga sasakyan sa John F. Kennedy Drive at tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park sa lahat ng panahon, maliban na lamang mula 6 a.m. hanggang 6 p.m. tuwing Linggo at legal na holiday sa kabuuan ng taon, pati na rin tuwing Sabado mula Abril hanggang Setyembre, pahintulutan ang mga sasakyan sa magkabilang direksiyon sa lahat ng panahon sa Great Highway, at hindi pahintulutan ang Lungsod na tanggalin ang Great Highway sa pagitan ng Sloat at Skyline boulevards, ayon sa iminumungkahi?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Isinara na ng Lungsod ang ilang pampublikong kalye sa pribadong mga sasakyan, at nang mareserba ang mga kalye bilang bukas na espasyo para sa paglilibang. Isinagawa ang mga pagsasarang ito bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19.

Noong Mayo 2022, pinagtibay ng Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) ang Golden Gate Park Access and Safety Program (Programa para sa Paggamit at Kaligtasan sa Golden Gate Park), na nagsara sa mga bahagi ng John F. Kennedy Drive (JFK Drive) at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park nang pitong araw sa isang linggo sa pribadong mga sasakyan, at sa gayon, mareserba ang mga kalye bilang bukas na espasyo para sa paglilibang. Hindi ipinatutupad ang mga pagsasarang ito sa mga pang-emergency na sasakyan, opisyal na sasakyan ng gobyerno, pampublikong bus na umiikot sa parke at katulad na mga sasakyang awtorisadong magamit ng mga tao, at sa mga sasakyang naggdedeliber sa de Young Museum.

Sarado ang Great Highway na nasa pagitan ng Lincoln Way at Sloat Boulevard sa mga sasakyan, nang may limitadong eksepsiyon, mula tanghali ng Biyernes hanggang 6 a.m. ng Lunes at sa mga holiday. Iminumungkahi ng Lungsod na tanggalin ang Great Highway na nasa pagitan ng Sloat Boulevard at Skyline Boulevard upang maprotektahan ang imprastruktura ng Lungsod mula sa pinsalang dulot ng pagtaas ng antas ng tubig-dagat. Kapalit nito, papupuntahin ng Lungsod ang mga sasakyan sa may Skyline, Sunset, at Sloat boulevards.

Ang Mungkahi: Lalagyan ng mga restriksiyon ng Proposisyon I ang kakayahan ng Lungsod na limitahan ang paggamit ng pribadong mga sasakyan ng JFK Drive at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park at sa Great Highway.

Mapapawalang-bisa ng Proposisyon I ang ordinansa ng Lupon noong Mayo 2022, at itatakda sa Lungsod na pahintulutan ang

pribadong mga sasakyan na gamitin ang JFK Drive at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park sa lahat ng panahon, maliban na lamang mula 6 a.m. hanggang 6 p.m. tuwing Linggo at legal na holiday sa kabuuan ng taon, pati na rin tuwing Sabado mula Abril hanggang Setyembre.

Itatakda ng Proposisyon I sa Lungsod na pahintulutan ang paggamit ng mga sasakyan sa magkabilaang direksiyon sa lahat ng panahon sa Great Highway, at hindi pahihintulutan ang Lungsod na tanggalin ang Great Highway na nasa pagitan ng Sloat at Skyline boulevards ayon sa naimungkahi.

Nauukol kapwa sa Great Highway at sa JFK Drive, at sa iba pang apektadong kalye sa Golden Gate Park, maaaring pansamantalang limitahan ng Lungsod ang paggamit sa mga kalyeng ito bilang pagtugon sa mga emergency, pagkumpuni sa kalye, at para sa mga pagtitipon ng komunidad.

Kapag naipasa ang Proposisyon I, maaaring amyendahan ng Lupon sa ibang panahon ang ordinansang ito sa pamamagitan ng pagbotong two-thirds (dalawa sa tatlo), ngunit magagawa lamang ito kung naaayon ang pag-amyenda sa mga layunin ng panukalang-batas o kung itinatakdang ng hukuman.

Kapag ipinasa ang Proposisyon I nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon J, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon J.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong itakda sa Lungsod na pahintulutan ang pribadong mga sasakyan na gamitin ang JFK Drive at ang mga tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park sa lahat ng panahon, maliban na lamang mula 6 a.m. hanggang 6 p.m. tuwing Linggo at legal na holiday sa kabuuan ng taon, pati na rin tuwing Sabado mula Abril hanggang Setyembre. Gusto rin ninyong itakda sa Lungsod na pahintulutan ang paggamit ng mga sasakyan sa magkabilaang direksiyon sa lahat ng panahon sa Great Highway at hindi pahintulutan ang Lungsod na tanggalin ang Great Highway na nasa pagitan ng Sloat at Skyline boulevards ayon sa naimungkahi.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang [sfelections.org](https://www.sfelections.org) o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “I”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon I:

Sakaling maaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, nakabatay ang gastos dito sa mga desisyon na isasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors sa proseso ng pagbabadyet, dahil hindi maitatagda ng ordinansa sa mga Mayor at Board of Supervisors sa hinaharap na magkaloob ng pagpopondo para dito at sa anumang iba pang layunin. Sa aking opinyon, malamang na magiging malaki ang gastos sa pagpapatupad sa iminumungkahing panukalang-batas, sakaling ipatupad ito ng mga tagagawa ng polisiya sa hinaharap. Kapag naaprubahan at napondohan ito, itatakda ng ordinansa na magkaroon ng pagbabago sa kasalukuyang mga plano ng Lungsod upang matugunan ang mga epekto ng unti-unting pagguho ng lupa at pagbabago ng klima sa Great Highway. Bagamat malamang na magsagawa ng pansamantalang mga hakbang kung saan mas mababa ang gastos, at sa gayon ay mapanatili ang paggamit ng daanan para sa daloy ng sasakyan sa mas maikling panahon, malamang din na mangangailangan ng mas malalaking pamumuhunan sa hinaharap kapag nagkaroon ng unti-unting pagguho ng lupa. Kasalukuyan nang gumagawa ng pagtatasa ang Lungsod sa ilang alternatibong proyekto na ito, na may tinatayang gastos na maaaring umabot sa hanggang \$80 milyon, na bunga ng mas mataas na gastusin sa proyekto sa loob ng susunod na 20 taon.

Itatakda ng mungkahing ordinansa ang pagdaloy ng pribadong mga sasakyan kapwa sa ilang bahagi ng John F. Kennedy Drive (“JFK Drive”) sa Golden Gate Park at sa Great Highway sa may Ocean Beach sa ilang espesipikong oras, at ipagbabawal ang paggamit sa Great Highway bilang bukas na espasyo para sa paglilibang.

Ang Ocean Beach Climate Change Adaptation Project o Proyekto para sa Pag-angkop ng Ocean Beach sa Pagbabago ng Klima (“Project”) ay inisyatiba ng dalawa o higit pang ahensiya na pinamumunuan ng San Francisco Public Utilities Commission (Komisyon para sa mga Pamublikong Serbisyo sa Koryente, Gas at Tubig) upang makapagpatupad ng komprehensibong plano para sa pamamahala at proteksiyon ng baybayin, at nang matugunan ang pagtaas ng tubig-dagat, matanggal ang shoreline armoring (mga istruktura para sa proteksiyon ng baybayin), mapaghusay ang pamublikong paggamit at paglilibang, at makapagpatayo ng mababang seawall upang maprotektahan ang kritikal na imprastruktura para sa nagamit nang tubig. Itinatakda ng kasalukuyang mas gustong Proyekto ng Lungsod para sa pagpapatupad ng mga tunguhing ito, na mangangailangan pa ng karagdagang pagrerepaso at pag-apruba, ang pagsasara ng bahagi ng Great Highway sa pagdaloy ng mga sasakyan.

Malamang na mangangailangan ang mungkahing ordinansa ng ibang pamamaraan para sa proyekto, at nang mapahintulutan ang pangmatagalang paggamit ng daanan para sa pagdaloy ng mga sasakyan. Bagamat may ilan nang alternatiba na kasalukuyang pinag-aaralan, mangangailangan ang pinakamalamang na alternatiba ng pagtatayo ng kumbensiyonal na seawall sa baybayin ng South Ocean Beach. Tinatayang gagastos para sa alternatibong ito ng humigit-kumulang \$80 milyon na mas malaki kaysa sa kasalukuyang mas gustong Proyekto. Nakabatay ang pagtatayang ito sa kasalukuyang mga ipinapapalagay sa pagpapalano, at posibleng magbago pa dahil sa magiging polisiya at mga desisyon sa pagpopondo ng mga Mayor at Board of Supervisors sa kinabukasan.

Kasalukuyang pinamamahalaan ng San Francisco Recreation and Park Department (Paglilibang at mga Parke ng San Francisco) ang Great Highway, at pinananatili nito sa maayos na kondisyon ang panlibangang daanan na marami ang gamit sa may Upper Great Highway. Itatakda ng mungkahing ordinansa sa Department of Public Works na pamahalaan ang Great Highway. Depende sa mga desisyon sa pagpapatupad nito ng Department of Public Works, maaaring tumaas ang gastos sa pagpapanatili sa maayos na kondisyon sa Great Highway; gayon pa man, pagpapasyahan ng Mayor at ng Board of Supervisors ang anumang pagtataas ng gastos sa pamamagitan ng normal na proseso sa pagbabadyet.

Maaaring mangailangan ang mungkahing ordinansa ng mga pagbabago sa mga proyektong capital improvement (pagpapahusay sa mga ari-arian) na nakaplano para sa JFK Drive, kasama na ang mga pagpapahusay sa paggamit, pangmatagalang pagpapalano, at mga pagpapahusay sa pag-iinhinyero para sa trapiko, na maaaring magresulta sa katamtamang pagtitipid sa gastos, na magsisimula sa humigit-kumulang \$400,000 para sa minsanang gastusin. Bukod rito, malamang na babawasan ng mungkahing ordinansa ang dalas ng serbisyo ng Golden Gate Park Free Shuttle (Libreng Sasakyan) mula sa 7 araw tungo sa 1 araw kada linggo, na magresulta sa kasalukuyan nang natitipid na gastos na humigit-kumulang \$250,000 taon-taon.

Kung Paano Napunta sa Balota ang “I”

Noong Hulyo 15, 2022, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na may sapat na bilang ng may bisang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon I sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang batas para sa balota.

Kinailangan ng 8,979 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga indibidwal na bumoto para sa Mayor noong 2019. Ipinakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagsusumite na Hulyo 11, 2022 na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdang bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

Ang Prop I ang tanging panukalang-batas na magtitiyak na magagamit ng lahat ang Golden Gate Park at pumipigil sa permanenteng pagsasara ng Great Highway.

Isinara ng lungsod ang JFK Drive at ang Great Highway sa mga kotse noong pandemya bilang pansamantalang hakbang, pero napinsala ng mga pagsasarang ito ang mga indibidwal na may kapansanan, matatanda, at mga pamilya. Itinulak din ng mga pagsasarang ito ang trapiko papunta sa ating mga komunidad, kung kaya't ang maliliit na lokal na kalye ay naging mga daanang masikip ang trapiko.

Ililipat ng Prop I ang mga kotse pabalik sa mas malalaking daanan at tatanggalin ang mga ito mula sa lokal na mga kalye na hindi dinisenyo para sa trapiko kung saan napakarami ng sasakyan, at dahil dito, mababawasan ang mga aksidente at polusyon, at mapaghuusay ang kaligtasan ng naglalakad at nagbibisikleta.

Titiyakin ng Prop I na mapupuntahan ang Golden Gate Park at ang Ocean Beach ng mga indibidwal na may kapansanan, matatanda, mga pamilya, at hindi malalapit ang tirahan.

Pinahihintulutan ng Prop I ang magkakasama at may katarungan sa pagkakapantay-pantay na paggamit sa Golden Gate Park, samantalang mananatiling nakasara sa mga kotse ang JFK Drive tuwing Linggo, holiday, at ilang Sabado, na tulad ng panahon bago magpandemya.

Tinanggal ng pagkakasara ng JFK Drive ang halos 1,000 libreng pampubliko na paradahang espasyo sa Golden Gate Park, kasama na ang ADA na mga paradahan na pinakamalapit sa minamahal na mga destinasyon, tulad ng Conservatory of Flowers, de Young Museum, at ng California Academy of Sciences.

Ang pagmamaneho lamang ang realistikong mapipili ng mga taga-San Francisco para sa mas malalayong komunidad, tulad ng Bayview, Hunters Point, Excelsior, at Crocker-Amazon, lalo na para sa mga pamilyang may matatanda, indibidwal na may kapansanan, at mga bata. Epektibo nang nahadlangan ng pagbabawal sa mga sasakyang ito ang kanilang pagpunta sa Golden Gate Park nang walang nagagamit na alternatibo.

Humaharap din ang Great Highway sa panganib na permanente nang magsara ito, bagay na hindi kailanman sinang-ayunan ng mga botante. Halos 20,000 nagmamaneho kada araw ang gumagamit noon sa Great Highway upang magbiyahe papunta at mula sa trabaho, paaralan, VA Hospital, at marami pang iba. Ginagarantiya ng Prop I na mananatili itong bukas bilang mahalagang daanan sa San Francisco.

Panahon na para ibalik ang paggamit na para sa lahat. Muling bubuksan ng Prop I ang Great Highway at ibalik ang pagsasara tuwing Linggo, holiday, at bahagi ng Sabado sa JFK Drive, at nang mapahintulutan ang paggamit na may katarungan sa pagkakapantay-pantay sa Golden Gate Park.

Howard Chabner, Nag-aadbokasiya para sa mga Karapatan ng May Kapansanan

Richard Corriea, Retiradong Komandante ng Pulisya ng SF San Francisco Labor Council

Coalition for San Francisco Neighborhoods

*Anni Chung, Presidente, Self-Help for the Elderly**

*Frank Noto, Presidente, SHARP**

Fiona Ma, Tesorero ng Estado ng California

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon I

Gagastos ang mga Nagbabayad ng Buwis sa San Francisco ng \$80 milyon para sa Prop I.

Hinaharangan ng Prop I, na panukalang-batas na pinopondohan ni Dede Wilsey, ang Ocean Beach Climate Change Adaptation Plan (Plano para sa Pag-angkop ng Ocean Beach sa Pagbabago ng Klima) na pinagtibay ng Lungsod sampung taon na ang nakaraan upang maprotektahan ang mga pasilidad para sa pagtatanggal ng nakalalasong sangkap mula sa tubig na galing imburnal, na may panganib ng mapunta sa dagat dahil sa unti-unting pagguho ng lupa sa tabing-dagat bunga ng mga pagbabago sa klima.

Ayon sa ulat ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod ukol sa epekto sa pinansiya ng Proposisyon I, kailangang panagutan ng mga nagbabayad ng buwis ang \$80 milyon para sa karagdagang gastusin sa loob ng 20 taon, at nang mabayaran ang bagong plano upang mahinto ang unti-unting pagguho ng lupa sa tabing-dagat.

Pupuwersahin ng Prop I ang Lungsod na baguhin ang plano para sa pamamahala at pagprotekta ng baybayin na isinasagawa ng dalawa o higit pang ahensiya upang matugunan ang pagtaas ng tubig-dagat, mapaghuusay ang paggamit at paglilibang ng publiko, at pagtatayo ng seawall upang maprotektahan ang kritikal na mga imprastruktura para sa nagamit nang tubig.

Iresponsableng pinawawalang-saysay ng hindi mahusay na napag-isipang panukalang-batas ni Dede Wilsey ang kritikal at mahahalagang pagpapahusay sa imprastruktura, na ibinubunsod ng pagbabago sa klima, at layunin sanang maprotektahan ang mga residente at bisita sa kanlurang bahagi ng lungsod mula sa unti-unting pagguho ng lupa sa tabing-dagat.

Ipawawalang-saysay din ng Prop I ang kasalukuyang kompromiso sa Great Highway, na nagkakaloob sa mga kotse ng paggamit sa daanan mula Lunes hanggang Biyernes, at ang ligtas at protektadong paggamit ng mga indibidwal tuwing Sabado at Linggo, kung saan itinatakd sa lungsod na magbigay ng pahintulot sa mga sasakyan sa bawat araw ng linggo. Kailangan ng ating Lungsod ng mas maraming ligtas at protektadong bukas na espasyo, at hindi ng mas kaunti nito.

Hinihikayat namin kayong bumoto ng HINDI sa Prop I, HINDI sa karagdagang \$80 milyon na pagbubuwis.

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Hilary Ronen

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

Bumoto ng Hindi sa I — Panatiliing Ligas at Nagagamit ng Lahat ang JFK Promenade!

Ang JFK Promenade ang sinang-ayunan ng lahat na panukalang-batas, na iniharap ni Mayor London Breed at ipinasa ng pitong miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) noong Abril 2022.

Pinondohan ng iisang indibidwal, si Dede Wilsey, ang pagkakaroon ng mga lagda upang mailagay sa balota ang panukalang-batas na magpapawalang-saysay sa batas na lumikha sa JFK Promenade na nasa Golden Gate Park, bilang protektado at ligas na bukas na espasyong nagagamit sa paglilibang ng lahat ng bisita. Hindi kapani-paniwala kung gaano kapopular na espasyo ang Promenade para sa mga naglalakad, tumatakbo, naglalakad ng aso, nagro-roller skate —lalo na ang Simbahan na may 8 gulong! — pagta-tai chi, at para sa mga bata na nag-aaral ng pagbibisikleta.

Ibabalik ng Prop I, na panukalang-batas na pinopondohan ni Wilsey, ang ngayo'y permanente nang ligas at bukas na espasyo para sa lahat ng edad at kakayahan, ang De Young Museum, ang Academy of Sciences, ang Japanese Tea Garden, at iba pang sibikong institusyon, upang muling maging mapanganib na daanan na masikip ang trapiko.

Nagtataglay din ang Prop I, na panukalang-batas na pinopondohan ni Wilsey, ng seryosong depekto na magbubunga ng pagsingil sa mga nagbabayad ng buwis ng milyon-milyon, at magsasapanganib sa kritikal na imprastruktura ng lungsod dahil ipatitigil nito ang Ocean Beach Climate Change Adaptation Plan na pinagtibay isang dekada na ang nakaraan upang maprotektahan ang mga pasilidad para sa pagtatanggal ng nakalalasong sangkap mula sa tubig galing imburnal, na may

panganib na mapunta sa dagat dahil sa unti-unting pagguho ng lupa sa tabing-dagat bunga ng mga pagbabago sa klima. Pupuwersahin ng Prop I ang Lungsod na magpalit ng tinatahak nitong landas sa ika-11 oras, kung kaya't magkakaroon ng banta sa kritikal na imprastruktura, na magdudulot ng napakalaking gastusin sa mga nagbabayad ng buwis, sa halip na sundin ang matagal nang naitakdang plano para sa ating katatagan sa pagtugon sa mga epekto ng pagbabago sa klima.

Ipagwawalang-saysay din ng Prop I ang kasalukuyang kompromiso sa Great Highway, na nagkakaloob sa mga kotse ng paggamit sa daanan mula Lunes hanggang Biyernes, at ang ligas at protektadong paggamit ng mga indibidwal tuwing Sabado at Linggo, kung saan itinatakda sa lungsod na magbigay ng pahintulot sa mga sasakyan sa bawat araw ng linggo. Kailangan ng ating Lungsod ng mas maraming ligas at protektadong bukas na espasyo, at hindi ng mas kaunti nito.

Huwag hayaan ang isang indibidwal na magdikta kung paano natin ginagamit ang ating mga parke at bukas na espasyo. Bumoto ng Hindi sa Prop I.

*Superbisor Matt Dorsey
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Myrna Melgar
Superbisor Dean Preston
Superbisor Hilary Ronen*

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon I

Karapat-dapat ang lahat na magkaroon ng pamamaraan ng paggamit sa Golden Gate Park at sa Great Highway. Nagdudulot ng higit na hirap ang permanenteng pagsasara ng mga daanang ito sa matatanda, mga indibidwal na may kapansanan, at mga pamilya sa kanilang paggamit sa parke o pagpunta sa trabaho, paaralan, o tahanan.

Hinihikayat namin kayong suportahan ang Prop I upang maibalik ang pakikipagkompromiso na deka-dekada nang mayroon tayo — kung saan bukas ang JFK Drive sa mga sasakyan mula Lunes hanggang Biyernes nang may protektadong lanes para sa nagbibisikleta at naglalakad, at sarado tuwing Linggo, ilang Sabado, at sa holidays.

Nagkaroon ng kompromisong ito nang may dahilan — ito ang pinakamabuting paraan upang masuportahan natin ang bukas na espasyo para sa lahat, matiyak ang paggamit sa Golden Gate Park, at masuportahan ang mga pamilya, matatanda, at mga indibidwal na may kapansanan.

Parehong may mga pamamaraang pangkaligtasan ang dalawang daanan para sa mga nagbibisikleta at naglalakad sa pamamagitan ng protektado na pambisikletang mga daan at mga malalakaran.

Nagkaroon na ang Great Highway ng mahigit sa 20,000 nagbibiyahang rito araw-araw bago ito ipinasara. Saan pala inaasahang pupunta ang mga nagmamanehong ito? Naitulak na ng pagsasara ang trapikong dulot ng mga sasakyan sa maliliit at residensiyal na kalye na hindi naman nilayong magamit ng libo-libong sasakyan bawat araw, kung kaya't nagkakaroon ng matinding kasikipan at hindi ligas na mga kondisyon.

Hindi kailangang isara ng Lungsod ang anumang bahagi ng Great Highway upang tugunan ang unti-unting pagguho ng lupa sa tabing-dagat, at mas higit pa ang gastusin ng pagsasara para sa atin nang dahil sa pagkaantala ng trapiko, kasikipan, at polusyon sa hangin.

Sa pamamagitan ng pagpapanumbalik sa mga kalyeng ito sa mga kondisyon bago ang pandemya at ang pagbabalik sa Great Highway sa dati nang layunin sa paggamit na ito, magagawang higit na ligas ang nakapalibot na mga kalye at maibabalik ang paggamit ng mga indibidwal na may kapansanan, pamilya, at matatanda, kung kaya't magiging kasiya-siya ang parke sa lahat at ligas ring makapagbibiyahang lahat.

Hinihikayat namin kayong Bumoto ng Oo sa Prop I.

*Coalition for San Francisco Neighborhoods (CSFN)
Konseho ng Distrito 11
Concerned Residents of the Sunset (CRS)
East Mission Improvement Association (EMIA)
Save Our Amazing Richmond (SOAR)
OMI Cultural Participation Project
OMI Neighbors in Action
Richard Corriea*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



J

Panlibangang Paggamit sa JFK Drive sa Golden Gate Park

Dapat bang pagtibayin ng Lungsod ang ordinansang napagtibay na ng Board of Supervisors noong Mayo 2022 na nagrereserba sa ilang bahagi ng John F. Kennedy Drive at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park bilang bukas na mga espasyo para sa paglilibang, at sinasara ang mga kalyeng ito nang pitong araw sa isang linggo sa pribadong mga sasakyan, kung saan limitado ang hindi nasasakop ng patakaran?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Isinara na ng Lungsod ang ilang pampublikong kalye sa pribadong mga sasakyan, at nang mareserba ang mga kalye bilang bukas na espasyo para sa paglilibang. Isinagawa ang mga pagsasaring ito bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19.

Noong Mayo 2022, pinagtibay ng Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) ang Golden Gate Park Access and Safety Program (Programa para sa Paggamit at Kaligtasan sa Golden Gate Park) na nagsara sa mga bahagi ng John F. Kennedy Drive (JFK Drive) at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park nang pitong araw sa isang linggo sa pribadong mga sasakyan, at nang mareserba ang mga kalye bilang bukas na espasyo para sa paglilibang. Hindi ipinatutupad ang mga pagsasaring ito sa mga pang-emergency na sasakyan, opisyal na sasakyan ng gobyerno, pampublikong bus na umiikot sa parke at katulad na mga sasakyang awtorisadong magamit ng mga tao, at mga sasakyang nagdedeliber sa de Young Museum.

Ang Mungkahi: Pagtitibayin ng Proposisyon J sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga botante ang pagpapatibay ng Ordinansa na nagawa na ng Lupon noong Mayo 2022.

Kapag naipasa ang Proposisyon J, maaaring amyendahan ng Lupon sa ibang panahon ang Ordinansa sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya.

Kapag ipinasa ang Proposisyon J nang mas marami ang boto kaysa sa Proposisyon I, hindi magkakaroon ng legal na epekto ang Proposisyon I.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong pagtibayin ang Ordinansang napagtibay na ng Lupon noong Mayo 2022, na nagrereserba sa ilang bahagi ng John F. Kennedy Drive at ilang tagapag-ugnay na kalye sa Golden Gate Park bilang bukas na mga espasyo para sa paglilibang, at sinasara

ang mga kalyeng ito nang pitong araw sa isang linggo sa pribadong mga sasakyan, kung saan limitado ang hindi nasasakop ng patakaran.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong pagtibayin ang Mayo 22 na Ordinansa ng Lupon.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) tungkol sa “J”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon J:

Sakaling maaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, nakabatay ang gastos dito sa mga desisyon na isasagawa ng Mayor at ng Board of Supervisors sa proseso ng pagbabadyet, dahil hindi maitatakda ng ordinansa sa mga Mayor at Board of Supervisors sa hinaharap na magkaloob ng pagpopondo para dito at sa anumang iba pang layunin. Sa aking opinyon, malamang na maging katamtaman ang gastos sa lubusang pagpopondo sa Golden Gate Park Access and Safety Program na nasa panukalang batas, sakaling gawin ito ng mga tagagawa ng polisiya sa hinaharap. Maaaring may mga gastusin sa kinabukasan na kaugnay ng kinakailangang mga capital project (proyekto para pagpapahusay sa ari-arian) upang masuportahan ang Golden Gate Park Access and Safety Program.

Pagtitibayin ng ordinansang ito ang nauna nang pag-apruba ng Board of Supervisors sa Golden Gate Park Access and Safety Program (“Program”), na nagpasimula sa bagong panlibangan at bukas na espasyo sa pamamagitan ng paglilimita sa pribadong mga sasakyan sa John F. Kennedy Drive at iba pang bahagi ng kalye, kung kaya’t naging iisa ang direksiyon ng ilang bahagi ng kalye, nagpasimula ng mga lane para sa bisikleta, at hinimok ang pagkakaroon ng karagdagang mga pagbabago upang mapaghusay ang paggamit ng publiko sa Golden Gate Park.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang [sfelections.org](https://www.sfelections.org) o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Bagamat hindi itinakda ng ordinansa, maaaring kasama sa mga capital improvement sa hinaharap ang pagpapahusay sa paggamit ng lahat, pangmatagalang pagpapalano, at mga pagpapahusay sa pag-iinhinyero sa trapiko, na maaaring magdulot ng katamtamang pagtaas sa gastos ng gobyerno, na magsisimula sa humigit-kumulang \$400,000 na minsanang gastusin. Magmula noong itinatag ang Programa, pinadalas na ang Golden Gate Park Free Shuttle (Libreng Sasakyan) tungo sa 7 araw sa isang linggo, na nagkakahalaga ng humigit-kumulang \$250,000 taon-taon, at magpapatuloy ito sa ilalim ng ordinansa.

Anumang karagdagang capital improvement o gastos sa mga operasyon sa hinaharap na may kaugnayan sa ordinansa ay pagpapasyahan ng Mayor at ng Board of Supervisors sa pamamagitan ng normal na proseso sa pagbabadyet.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "J"

Noong Hunyo 21, 2022, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ng mga sumusunod na Superbisor: Dorsey, Mandelman, Melgar, Ronen.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang apat o higit pang Superbisor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

Pinapagtibay ng Proposisyon J — ang panukalang-batas na Safe Parks for All (Ligtas na Parke para sa Lahat) — ang Golden Gate Park Access and Safety Program (Programa para sa Paggamit at Kaligtasan sa Golden Gate Park) na ipinasa ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco noong Abril 2022, kung kaya't naging permanente, ligtas, at nagagamit ng lahat na pampublikong espasyo ang JFK Promenade na nasa Golden Gate Park. Ang batas na ito ang kinahantungang pagtatapos ng halos dalawang taon ng masaklaw na proseso ng pag-abot sa nakakaraming publiko, na nagpapakita ng malawak na suporta ng publiko.

MAHAHALAGANG DAHILAN SA PAGSUPOORTA SA PROP J— MGA PARKENG LIGTAS AT NAGAGAMIT NG LAHAT!

- Mahal ng mga taga-San Francisco ang JFK Promenade. Tumaas na nang 36% ang pagbisita sa parke sa panahong bago ang pandemya, at inaaprubahan ng 70% ng nasarbey na mga indibidwal ang pagkakaroon ng permanenteng JFK Promenade.
- Nasa High Injury Network (kung saan mataas ang pinsala) ng San Francisco ang JFK bago ang pandemya, na ang ibig sabihin, isa ito sa nasa pinakamataas na 13% ng pinakamapanganib na mga kalye — na sanhi ng kamatayan para sa mga bata, matatanda, indibidwal na may kapansanan, tumatakbo, naglalakad, at mga nag-iiskuter o nagbibisikleta. Ngayon, isa na itong ligtas at nagagamit ng lahat na espasyo na nagbibigay ng kasiyahan nang walang pag-aalala.

- Nagkakaloob ang JFK Promenade ng pinalawak na paggamit para sa lahat sa pamamagitan ng ligtas na pagbubukas ng mga daanan sa parke, na ikatutuwa ng lahat ng naglalakad, nagbibisikleta, at nag-iiskuter, at kung saan pinalawak na ang paradahan para sa matatanda at may kapansanan.
- Napakahalaga ng mga parke at bukas na espasyo sa kalusugan ng ating lungsod. Kapag tinanggal ang dose-dosenang ektarya ng lupa ng parke, mananakawan ang mga residente ng kailangang-kailangan at lubusang nagagamit na protektadong bukas na espasyo.
- Anuman ang paraan na piliin ng mga bisita sa pagpunta sa Golden Gate Park, may espasyo para sa kanila, nang may pinaghusay nang serbisyo ng Muni papunta sa parke, mahigit 5,000 paradahang espasyo sa loob ng parke, 18 bukas na daanan upang makapagmaneho papasok/palabas ng parke, bagong gawa na paradahang magagamit ng ADA, at 21-puntos na programa ng Lungsod para sa paggamit ng lahat.
- May bagong shuttle ang parke na tumatakbo tuwing 15 minuto sa may JFK Promenade, na kumonekta sa lahat ng malalaking atraksiyon sa parke sa Muni.

Hinihikayat namin kayong bumoto ng Oo sa Prop J upang masuportahan ang mga Parkeng Ligtas at Nagagamit ng Lahat!

Alamin pa ang tungkol dito sa [SafeParksForAll.com](https://www.SafeParksForAll.com).

Kid Safe SF

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon J

Sa loob ng maraming dekada, natamasa na ng mga taga-San Francisco ang kompromiso na nagpahintulot sa lahat ng paggamit sa JFK Drive. Naging bukas na ang daanan na ito sa mga kalye mula Lunes hanggang Biyernes, nang may protektadong lanes para sa mga bisikleta at mga matatahak na daan ng mga naglalakad, at sarado naman tuwing Linggo, holidays, at ilang Sabado.

Hindi progresibo o nagsasama sa lahat ang permanenteng pagsasara sa JFK Drive. Mayroong mahigit 1,000 ektarya ng bukas na espasyo at milya-milyang nilalakaran landas ang Golden Gate Park. Siyam na daanan na sa Parke ang permanenteng napalitan ang gamit tungo sa pagiging mga espasyo para sa paglilibang. Ang pagsasara sa pinakamahalagang madadaanan na ruta ay hindi pamamaraan upang mapalawak ang bukas na espasyo; paraan ito upang malimitahan ang pagpunta sa naririyang mga atraksiyon. **Hindi parke ang daanan; ito ang paraan ng pagpunta ng mga tao sa parke.**

Natanggal na ng pagsasara ang halos 1,000 espasyo na libre at pampublikong paradahan at naitulak na ang trapiko tungo sa mga komunidad na nakapaligid sa parke. Barado na dahil sa mga kotse ang maliliit at residensiyal na mga kalye na ito at hindi na ligtas para sa paglalakad at pagbibisikleta ng mga residente.

Ang pagsasara sa JFK Drive ay hindi ang paraan upang mapaghusay ang kaligtasan sa mga kalye; sa katunayan, lalo lamang nitong dinagdagan ang mga insidente ng mga bisikletang nabubunggo ang mga naglalakad. Walang saysay ang pagsasara sa mga kalye at pagpigil sa paggamit kung mayroon namang iba pang simpleng solusyon tulad ng pagpapababa ng limitasyon sa bilis ng sasakyan at pagdaragdag ng protektadong mga tawiran at speed bumps (umbok sa kalye).

Lungsod na nagsasama sa lahat ang San Francisco, pero sa pagsasara ng JFK Drive, hindi nabigyang-pansin ang mga matatanda, mga indibidwal na may kapansanan, mga pamilya, at mga residente na malayo ang tirahan sa parke. Pag-aari nating lahat ang Golden Gate Park.

Hinihikayat namin kayong bumoto ng Hindi sa Prop J.

Coalition for San Francisco Neighborhoods (CSFN)

Concerned Residents of the Sunset (CRS)

Konseho ng Distrito 11

East Mission Improvement Association (EMIA)

Save Our Amazing Richmond (SOAR)

OMI Cultural Participation Project

OMI Neighbors in Action

Howard Chabner

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

Bumoto ng Hindi sa Prop J upang matigil ang permanenteng pagsasara ng JFK Drive at maibalik ang paggamit sa Golden Gate Park para sa matatanda, mga indibidwal na may kapansanan, pamilya, at mga residente sa kabuuan ng San Francisco.

Isinara ng lungsod ang JFK Drive sa mga kotse nang 24/7 noong panahon ng pandemya bilang pansamantalang hakbang, pero panahon na ngayon na ibalik ang paggamit para sa lahat. Kailangang ibalik natin ang pagsasara na tuwing Linggo, holidays, at ilang Sabado lamang, at nang mapahintulutan ang pagpunta at paggamit, nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay, sa Golden Gate Park.

Tinanggal na ng pagsasara sa mga kalye sa Golden Gate Park ang halos 1,000 espasyo para sa libreng pagparada, kasama na ang mga espasyong paradahan para sa ADA, at pinigilan na nito ang mahalagang paggamit. Sa pamamagitan ng pagsasara sa mas maraming kalye sa Golden Gate Park sa paggamit ng mga kotse, napipilitan ang mga bisita na magmaneho at magparada sa residensiyal na mga kalye na malapit sa parke, kung kaya't naaabala ang kalapit na mga komunidad at nakalilikha ito ng hindi ligtas na mga kondisyon para sa naglalakad at nagbibisikleta.

Ang JFK Drive ay mayroon nang protektadong lanes para sa mga bisikleta at malalapad na mga landas para sa mga naglalakad sa magkabilang bahagi ng daan, at mayroon na ring nalalakarang daan para sa paglilibang. Hindi ito tungkol sa pagiging maka-bisikleta o maka-kotse; tungkol ito sa pagpapanatiling ligtas sa lahat at pagtitiyak na nagagamit ng lahat ang Golden Gate Park.

Dahil sa mga pagsasarang ito, nabawasan ang paggamit ng mga pamilya, matatanda, at mga indibidwal na may kapansanan sa Golden Gate Park at sa mga museo at atraksiyon na nasa loob nito. Malaki ang naging pagkabawas sa mga pumapasok sa mga institusyong ito. Habang bumabangon tayo mula sa pandemya, kailangan nating suportahan ang ating mga institusyon sa sining at kultura, na kritikal sa pagbangon ng ekonomiya ng San Francisco.

Iyan ang dahilan kung bakit sumasama ang mga nag-aadbokasiya para sa matatanda at mga indibidwal na may kapansanan sa mga aktibista sa komunidad at mga lider ng lungsod, at sa gayon, mahikayat kayong bumoto ng Hindi sa Prop J. Ibalik ang paggamit na para sa lahat.

Howard Chabner, Nag-aadbokasiya para sa mga Karapatan ng May Kapansanan

*Anni Chung, Presidente, Self-Help for the Elderly**

Richard Corriea, Retiradong Komandante ng Pulisya ng SF

*Frank Noto, Presidente, SHARP**

San Francisco Labor Council

Coalition for San Francisco Neighborhoods

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon J

Dahil sa Golden Gate Park Access and Safety Program, mas ligtas na ang parke at mas nagagamit na ito ng mga indibidwal na iba't iba ang edad at kakayahan, nang higit sa anumang panahon sa nakaraan.

Ang JFK promenade ang kinahinatnan ng maraming taon ng pag-abot sa nakararami at pagpayag ng lahat tungo sa paglikha ng permanenteng ligtas at bukas na espasyo para sa mga indibidwal na iba't iba ang edad at kakayahan, at para sa De Young Museum, sa Academy of Sciences, sa Japanese Tea Gardens, at sa iba pang sibikong institusyon.

Mas ligtas at mas nagagamit na ang parke ngayon kaysa sa anumang ibang panahon. Sa loob ng nakaraang ilang taon, nagawa nang mas ligtas ang parke para sa mga naglalakad at nagbibisikleta, mga bata, matatanda, at iyong may kapansanan, kung ihahambing sa anumang panahon sa nakaraan.

Dumami na ang bilang ng mga mapaparadahang espasyo para sa ADA sa Golden Gate Park magmula noong ipatupad ang JFK Promenade. Nagdagdag na ang lungsod ng 29 bagong espasyo para sa ADA, kasama na ang bago at nakalaan na paradahang lote sa likod ng Music Concourse bandshell, at sa gayon, magkaroon ng netong pagtaas ng mapaparadahan sa kabuuan ng parke.

May bagong shuttle ang parke na tumatakbo tuwing 15 minuto sa may JFK Promenade, na kumokonekta sa lahat ng malalaking atraksiyon sa parke sa Muni.

Panatilihin ang ating protektadong bukas na espasyo para sa mga indibidwal na iba't iba ang edad at kakayahan. Bumoto ng Oo sa Prop J.

Mayor London Breed

Superbisor Matt Dorsey

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Dean Preston

Superbisor Gordon Mar



**Inalis ang Proposisyon K sa balota ayon
sa utos ng Korte Superyor ng San Francisco.**



L

Sales Tax para sa mga Proyekto sa Transportasyon

Dapat bang ipagpatuloy ng Lungsod ang kalahating sentimong sales tax hanggang 2053 at nang makakalap ng tinatayang taunan na kita na \$100–236 milyon, at sa gayon ay mabayaran ang mga proyekto sa transportasyon na nakalarawan sa bagong 30-taon na plano sa paggasta, mapahintulutan ang Transportation Authority na maglabas ng hanggang sa \$1.91 bilyon sa utang ng gobyerno upang mabayaran ang mga proyektong ito, at taasan ang kabuuang halaga ng pera na maaaring gastahin ng Transportation Authority taon-taon sa loob ng susunod na apat na taon?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Mayroong kalahating sentimong sales tax (buwis sa pagbebenta) ang Lungsod upang mabayaran ang mga proyekto sa transportasyon sa ilalim ng 30-taon na plano sa paggasta para sa transportasyon na inaprubahan ng mga botante noong Nobyembre 4, 2003 na eleksyon. Mawawalan na ng bisa ang buwis na ito sa Marso 31, 2034.

Pinangangasiwaan ng San Francisco County Transportation Authority o Awtoridad sa Transportasyon ng San Francisco County (Transportation Authority) ang paggamit ng mga kita na ito mula sa sales tax. Maaaring maglabas ang Transportation Authority ng hanggang sa \$1.88 bilyon sa bonds (utang ng gobyerno) na babayaran mula sa kita sa buwis.

Nililimitahan ng batas ng estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na maaaring gastahin taon-taon ng Transportation Authority. Binibigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ang mga botante ng San Francisco na aprubahan ang pagtataas sa limitasyong ito sa loob ng hanggang sa apat na taon.

Ang Mungkahi: Ipagpapatuloy ng Proposisyon L ang kalahating sentimo na sales tax hanggang sa 2053.

Papalitan ng Proposisyon L ang kasalukuyang plano sa paggasta para sa transportasyon ng bagong 30-taon na plano. Magsisimula ang bagong plano sa 2023 at magpapatuloy hanggang sa 2053. Matapos makompleto ang anumang itinatakda na pag-aaral sa mga epekto sa kapaligiran, popondohan ng bagong plano ang:

- pagpapanatili sa maayos na kondisyon at pagpapahusay sa mga kalye, kaligtasan ng mga naglalakad, pasilidad para sa mga bisikleta, at mga senyales at signal para sa trapiko;
- pagpapanatili sa maayos na kondisyon at mga pagpapahusay para sa Muni, BART, at Caltrain;

- pagpapahaba sa riles ng Caltrain sa downtown nang hanggang sa Salesforce Transit Center;
- pagtatayo ng Bayview Caltrain na estasyon at ng daungan ng ferry sa Mission Bay;
- suporta sa mga serbisyo sa transportasyong paratransit para sa matatanda at mga indibidwal na may kapansanan;
- mga proyektong nakabase sa komunidad, kasama na iyong nasa komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran at mga lugar na may bulnerableng mga populasyon; at
- mga proyekto upang mapaunlad ang kaligtasan sa freeway.

Sa ilalim ng Proposisyon L, maaaring maglabas ang Transportation Authority ng hanggang sa \$1.91 bilyon na bonds upang mabayaran ang mga proyektong ito. Babayaran ang bonds na ito sa pamamagitan ng kita mula sa sales tax.

Tataasan ng Proposisyon L ang limitasyon sa paggasta ng Transportation Authority, na itatakda ng batas ng estado, sa loob ng apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong ipagpatuloy ng Lungsod ang kalahating sentimong sales tax hanggang 2053 upang mabayaran ang mga proyekto sa transportasyon na nakalarawan sa bagong 30-taon na plano sa paggasta, mapahintulutan ang Transportation Authority na maglabas ng hanggang sa \$1.91 bilyon sa bonds upang mabayaran ang mga proyektong ito, at taasan ang kabuuang halaga ng pera na maaaring gastahin ng Transportation Authority taon-taon sa loob ng susunod na apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66⅔% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "L"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon L:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahi na inisyatibang ordinansa ng mga botante, makakapangalap ito ng humigit-kumulang \$100 milyon kada taon mula sa kita sa buwis, na tataas sa humigit-kumulang sa \$236 milyon kada taon pagdating ng Fiscal Year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet) 2052–2053.

Ipagpapatuloy ng inisyatibang ordinansa ang nariryan nang sales tax sa kasalukuyang porsiyento na 0.5% sa loob ng 30 taon at bibigyan ng awtorisasyon ang Transportation Authority na maglabas ng hanggang sa \$1,910,000,000 na bonds na babayaran sa pamamagitan ng makukuhang pera mula sa buwis.

Popondohan ng kita mula sa buwis na ito ang mga pagpapahusay sa transportasyon sa ilalim ng 2022 Transportation Expenditure Plan, kasama na ang mga proyekto sa transportasyon, pagpapanatili sa transportasyon sa maayos na kalagayan, serbisyon paratransit, pagpapahusay para sa mga nagbibisikleta at naglalakad, proyekto para mabawasan ang kasikipan ng trapiko, at iba pang pagpapahusay.

Kung hindi maipapasa ang inisyatibang ordinansa na ito, magpapatuloy ang 0.5% na porsiyento ng buwis sa ilalim ng awtorisasyon na ipinagkaloob noong 2003 hanggang sa Marso 31, 2034, maliban na lamang kung magsasagawa ng aksiyon sa hinaharap upang magpatibay ng bago o ng binago upang maging pangkasalukuyan na plano ng paggasta para sa transportasyon na pinopondohan sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng buwis. Kung hindi maipapasa ang inisyatibang ordinansa na ito, hindi magkakaroon ng pagpopondo para sa 2022 Transportation Expenditure Plan.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "L"

Noong Hulyo 19, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon L sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Dorsey, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66²/₃% botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon L

Para sa Mas Mahuhusay na Daan at Pampublikong Transportasyon, nang hindi nagtataas ng buwis, bumoto ng OO sa L.

Ang Prop L ay tungkol sa pagpapanatili sa SF na gumagalaw. Kailangan natin ng mas patag at mas ligtas na mga kalye, nasa oras at maaasahang pampublikong transportasyon at mga alternatibo sa pagmamaneho na makatutulong upang mabawasan ang pagsingaw ng nakalalasong mga sangkap na nagdudulot ng global warming o pag-init ng mundo.

Kritikal din ito para sa pagbangon ng ating ekonomiya, paghahatid sa mga manggagawa pabalik sa downtown, pagkakaroon ng mga trabaho sa konstruksiyon, at pagpapalakas ng mga pamamaraan upang makapunta sa maliliit na negosyo.

Sa loob ng 30 taon, napaghusay na ng kita mula sa sales tax (buwis sa pagbebenta) na para sa transportasyon ang ating mga kalye at sistema ng transportasyon, at nagamit na ang bilyon-bilyong dolyar na katumbas na pondo mula sa estado at pederal na gobyerno.

Makatutulong ang pag-OO sa L sa San Francisco upang patuloy na:

- **Makumpuni at muling maisaayos ang ating mga daanan at bangketa** at nang magawang mas ligtas ang transportasyon at maging mas kumbenyente ang mga ito para sa lahat ng nagbibiyaha;
- **Mapaghusay ang kaligtasan para sa mga naglalakad** sa pamamagitan ng pagpapakalma sa trapiko, paglalagay ng mga guhit sa tawiran, at pagpapahusay sa mga pantrapikong signal;
- **Makapagkaloob ng mabibilis at maaasahang mga bus** para sa Muni at magawang moderno ang Muni, BART at Caltrain;
- **Mapalakas ang mga serbisyo sa transportasyong paratransit** para sa matatanda at mga indibidwal na may kapansanan;
- **Makakalap ng bilyon-bilyon na katumbas na pondo** mula sa pagpopondo ng estado at pederal na gobyerno para sa pampublikong transportasyon/imprastruktura; at

- **Malabanan ang global warming** sa pamamagitan ng paggamit ng elektrisidad sa transportasyon at pagpapahusay ng pampublikong transportasyon, paglalakad at mga ruta sa pagbibisikleta.

Upang matiyak na ginagastos ang mga pondo nang may katarungan sa pagkakapantay-pantay sa bawat komunidad ng San Francisco, lumikha ng plano sa paggastos ang koalisyong ng mga miyembro ng komunidad na mula sa kabuuan ng lungsod.

Sinusupportahan ang Prop L ng first responders, o mga unang tumutugon sa krisis, na umaasa sa mga kalyeng pinananatili sa maayos na kondisyon upang makapagligtas ng buhay, mga sumasakay sa Muni, BART, at Caltrain, nagbibisikleta, nagmamaneho ng Muni, at nag-aadbokasiya para sa kaligtasan ng mga naglalakad, matatanda, at mga indibidwal na may kapansanan.

Pakisamahan kami. Bumoto ng OO sa L.

Mayor London Breed

Superbisor Rafael Mandelman, Tagapangulo, San Francisco

County Transportation Authority

San Francisco Democratic Party

Firefighters Lokal 798

San Francisco Transit Riders

San Francisco Bicycle Coalition

Walk San Francisco

Senior and Disability Action

San Francisco Labor Council

San Francisco Building and Construction Trades Council

TWU Lokal 250A (Mga nagmamaneho ng Muni)

San Francisco Chamber of Commerce

Sierra Club

www.keepsfmoving.com

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon L

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon L ...

\$3.2 bilyon sa regressive (kumukuha ng mas malaking porsiyento mula sa maliit ang kita kay sa malaki ang kita) na Sales Tax sa loob ng 30 taon. Isa sa pinakamalalaking panukalang-batas sa buwis sa kasaysayan ng San Francisco. Pagbubuwis sa mahihirap at matatanda.

Magpapatuloy na ang 1/2 sentimong Sales Tax hanggang sa 2033: 10 taon pa. Pangmatagalan na at may seguridad ang pondo para sa transportasyon.

Makatatamasa pa ba ang San Francisco balang araw ng mas mababang Sales Tax?

Sinasabi ng Ehekutibong Direktor ng SFCTA na “nahuhuli” na ang San Francisco dahil hindi pa natin nadodoble ang Sales Tax! May pagpapasya ba rito ang mga botante?

Ikokonekta ng unang malaking proyekto ng Proposisyon L ang downtown sa “high speed rail” ng Los Angeles. Plano ba ito matapos ang pandemya?

Walang pagpopondo para sa kaligtasan ng sumasakay mula sa mararahas na krimen o krimeng ibinubunsod ng pagkasuklam.

Nahihirapan na ang San Francisco dahil sa bigong mga polisiya ng SFMTA. Nasa panganib na ang buong mga komunidad. Nahati na sa dalawa ang Twin Peaks Boulevard. Naglipana ang krimen sa Mt. Sutro. Nalalamon na ng Mababagal na Kalye ang nakapaligid na mga daanan.

Pagtatapon ng pera sa komplikadong mga problema — Iyan ang karaniwang patakaran sa mga operasyon ng City Hall bago ang pandemya. Walang nabago ryan.

Nangangahulugan ang Proposisyon L ng mas marami pang masamang serbisyo, mas mahal na mga permit, mas matataas na pamasaha. Mga bus na bumabagal ang pagtakbo sa bawat taon. Sumasabog na gastos sa mga proyekto nang dahil sa kawalang kahusayan sa administratibong gawain at mga prayoridad na wala sa lugar.

Tingnan na lamang ang Chinatown Central Subway, ang rehabilitasyon ng Twin Peaks Tunnel, at ang iba pang **kabalastugang pinondohan ng mga Sales Tax!**

Katatangi pa lamang ng mga botante sa Proposisyon A (\$400 milyong bond o utang ng gobyerno para sa MUNI).

Hindi pa rin nakinig ang City Hall!

Punitin na ang plano noong 2019. Bumalik muli sa mesa ng pagpapalano.

Gawin ang pinakanagagawa nang mahusay ng San Francisco:

Pamunuan ang bansa sa pampublikong transportasyon matapos ang pandemya!

Maging modelo para sa inobatibo at may responsibilidad sa pinansiya na transportasyon, na tumutugon sa mga pangangailangan ng San Francisco sa kasalukuyan.

Larry Marso,

George Wooding

at ng Coalition for San Francisco Neighborhoods

PAKIBISITA ANG slowtaxes.com

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon L

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon L ...

Hindi ito dapat nasa balota.

Magpapatuloy na ang 1/2 sentimong sales tax hanggang sa 2033: 10 taon pa. Pangmatagalan na at may seguridad ang pondo para sa transportasyon.

Bakit maaga itong ipapanumbalik? May bago bang mga prayoridad? Wala, maaari namang idirekta ng Lungsod ang sales tax sa bagong mga proyekto sa susunod na taon nang walang pag-apruba ng mga botante, ayon sa Controller (Tagapamahala ng Pinansiya).

Ang dahilan? **UPANG MAKAUTANG NG MAS MARAMING PERA.** Sa ngayon, makakautang lamang ang SFCTA laban sa susunod na 10 taon ng mga sales tax. Nitong nakaraang taon, nakapangalap ang buwis ng \$85 milyon, pero lumobo ang mga obligasyon nang hanggang \$560 milyon! Wala nang kontrol sa paggasta, at naubos na ng SFCTA ang hangganan ng credit card nito.

Binibigyang-awtorisasyon ng Proposisyon L ang pag-utang muli ng \$1.91 bilyon. Kabaliwang pamamahala ng pinansiya ito! Mas mababa sa \$3 bilyon ang kabuuang utang ng San Francisco.

Hindi magtataas ng buwis? Kapag itinaas natin ang limitasyon, patuloy na umutang, magbayad lamang ng minimum na maibabayad ... hindi maglalaon at kailangan nang magtaas ng buwis ng Lungsod.

Katatangi pa lamang ng mga botante sa \$400 milyong bond para sa MUNI. Bumalik na agad ang mga politiko at apat na beses pa itong tinaasan. Hindi nakikinig ang City Hall sa mga botante!

Ipinagpapatuloy ng Proposisyon L ang karaniwan nang gawain ng napakalaking panlilinlang, labis-labis na paggasta, at pagkabigong nagbubunga ng kabalastugan sa pampublikong transportasyon.

Isa itong regressive tax, na magdudulot ng masamang epekto sa mga taga-San Francisco na pinakamababa ang kita, sa panahon ng pagbagsak ng ekonomiya at paghihirap sa ating mga kalye.

Ang pananalita ukol sa “pederal na tulong-pinansiyal” ay hindi makatotohanang pagbebenta. Noong 2003, sinabi nilang “may \$5 para sa bawat \$1!” Ngayon naman ay kahangalang “\$9.” Kung nabigo ito noon, mabibigo uli ito ngayon. Hindi inaayon para sa pagtaas ng bilihin ang \$550 bilyon na batas para sa pederal na imprastruktura. Wala pang kahit isang proyekto ng San Francisco na napipili, hanggang sa ngayon. May nanghihiikayat na bagong Kongreso.

Magpadala ng mensahe sa City Hall: iayon at baguhin ang pampublikong transportasyon para sa pagtatrabaho mula sa bahay matapos ang pandemya, mas kaunting pagbibiyaha, bilang ng pasahero, at turismo.

Kayang talunin ito ng 1/3 ng mga botante.

Larry Marso,

George Wooding

at ng Coalition for San Francisco Neighborhoods

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon L

Ang pag-Oo sa L ay tungkol sa pag-aayos ng mga daanan, pagpapahusay sa kaligtasan ng mga naglalakad, at pagpapanatili sa San Francisco na kumikilos. Gayon pa man, mukhang mas gusto ng mga katunggali nito na biglaan na lamang humimpil ang San Francisco.

Sinasabi ng mga katunggali na kailangan nating maghintay ng 10 mahahabang taon bago natin paghusayin ang ating mga daanan at transportasyon. Ilalagay sa panganib ng kanilang pag-aantala ang buhay ng mas maraming naglalakad. Malaki ang magiging pagbabawas sa mga serbisyo para sa paratransit at mawawala sa San Francisco ang bilyon-bilyon na katumbas na pondo mula sa pederal na gobyerno at estado.

Naglalabas ang mga katunggali ng maraming malalaking numero pero heto ang facts o mga katunayan:

- Maaaring maging sanhi ang paghihintay ng 10 taon upang maipasa ang Prop L ng pagkawala sa San Francisco ng bilyon-bilyong dolyar na katumbas na pederal na pondo, kung kaya’t mapipilitan ang mga nagbabayad ng buwis na mas malaki pa ang bayaran.
- HINDI magtataas ang Prop L ng buwis! Patatagalin nito ang kasalukuyan nang 1/2 sentimong sales tax na inaprubahan ng mga botante, una noong 1989 at muli noong 2003, na naging kritikal sa pagpapahusay ng ating sistema sa transportasyon.
- May responsibilidad sa pamamahala sa pinansiya ang Prop L. Ang mga naging pag-utang ay 13% lamang ng nabigyan ng awtorisasyon. At patataasin ng Prop L ang awtoridad sa bonds nang 1.6% lamang — hindi ang bilyon-bilyong ibinibintang ng mga katunggali.

Isinulat ang Prop L ng pangkat ng mga taga-San Francisco na may pagkakaiba-iba at mula sa bawat sulok ng lungsod, kung kaya’t natitiyak na bawat komunidad - sa hilaga, timog, silangan, at kanluran — ay makikinabang nang dahil sa mas mahuhusay na daan at mas ligtas at mas episyenteng transportasyon.

Pakisamahan kami upang mapanatili ang San Francisco na kumikilos nang pasulong, at hindi paurong. Bumoto ng OO sa L!

Superbisor Rafael Mandelman, Tagapangulo, San Francisco County Transportation Authority

San Francisco Democratic Party

Firefighters Lokal 798

San Francisco Transit Riders

San Francisco Bicycle Coalition

Walk San Francisco

Senior and Disability Action

San Francisco Labor Council

San Francisco Building Trades Council

TWU Lokal 250A (Mga nagmamaneho ng Muni)

San Francisco Chamber of Commerce

San Francisco League of Conservation Voters

Sierra Club

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



M

Buwis para sa Pagpapanatiling Bakante ng Residensiya na mga Unit

Dapat bang buwisan ng Lungsod ang mga may-ari ng bakanteng residensiya na unit sa mga gusali na may tatlo o higit pang unit, kapag pinanatiling bakante ng mga may-aring ito ang unit nang mahigit sa 182 araw sa taon na nakabatay sa kalendaryo, sa singil na nasa pagitan ng \$2,500–\$5,000 kada bakanteng unit sa 2024 at hanggang sa \$20,000 sa susunod pang mga taon, nang may pag-aayon para sa inflation, at sa gayon, makakalap ng tinataya na taunang kita na \$20–\$37 milyon, kung saan magpapatuloy ang pagbubuwis hanggang Disyembre 31, 2053, at gagamitin ang mga pondong ito para sa subsidyo sa upa at abot-kayang pabahay?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Hindi binubuwisan ng Lungsod ang mga may-ari ng apartment, condominium, o iba pang residensiya na ari-arian nang dahil sa pagpapanatiling bakante sa mga ari-ariang ito.

Ang Mungkahi: Simula sa Enero 1, 2024, bubuwisan na ng Proposisyon M ang mga may-ari ng bakanteng residensiya na unit sa mga gusaling may tatlo o higit pang unit, kapag pinanatiling bakante ng mga may-ari ang mga unit na ito sa loob ng mahigit sa 182 araw sa taon na nakabatay sa kalendaryo, at kung walang eksempsiyon na ipinatutupad. Hindi ipatutupad ang buwis na ito sa mga unit na para sa nagbibiyahang, bakasyonista, at iba pang tumitira sa unit sa loob ng maikling panahon, o sa mga unit ng nursing home o pasilidad para sa residensiya na pangangalaga. Hindi rin ipatutupad ang buwis na ito sa mga unit na pag-aari ng nonprofit na mga organisasyon o mga ahensiya ng gobyerno. Mawawalan ng bisa ang mungkahing buwis sa Disyembre 31, 2053.

Nagkakaloob ang Proposisyon M ng mga eksempsiyon para sa pangunahing tirahan kung may eksempsiyon sa property tax (amilyar) ang nagmamay-ari nito bilang may tahanan, at para sa ari-arian na may nariryan nang residensiya na kontrata sa pagpapauap. Pinahihintulutan din ng Proposisyon M ang pagkakaroon ng karagdagang panahon upang mapatirhan ang bakanteng unit bago ipatutupad ang buwis sa ilang sitwasyon, kasama na ang pagkukumpuni ng nariryan nang unit, bagong konstruksiyon, natural na sakuna, o pagkamatay ng may-ari.

Sa ilalim ng Proposisyon M, ang buwis sa 2024 ay nasa saklaw ng mula \$2,500 hanggang \$5,000 kada bakanteng unit, na nakabatay sa laki ng unit. Sa mga susunod na taon, tataas ang buwis nang hanggang sa maximum na \$20,000 kung pananatiliing bakante ng parehong may-ari ang unit sa loob ng magkakasunod na taon. laayon din ang buwis sa pagtaas ng presyo ng mga bilingin.

Idedeposito ng Lungsod ang kita mula sa mga buwis na ito sa Housing Activation Fund (Pondo upang Magawang Aktibo ang Pabahay) na pangunahing magpopondo sa dalawang programa. Magkakaloob ang isang programa ng subsidyo sa upa para sa mga indibidwal na edad 60 o mas matanda pa, at para sa mga kabahayang mababa ang kita. Popondohan ng isa pang programa ang pagkakaroon at paggawa ng rehabilitasyon sa hindi tinitirhang mga gusali para sa abot-kayang pabahay, at pagkatapos ay para sa pagpapatakbo sa mga gusaling ito. Gagamitin din ng Lungsod ang kita mula sa mga buwis na ito upang mabayaran ang bonds (utang ng gobyerno) na maaaring ilabas ng Lungsod para sa mga proyektong pinopondohan sa ilalim ng alinman sa dalawang programa.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong buwisan ang mga may-ari ng bakanteng residensiya na unit sa mga gusaling may tatlo o higit pang unit, kapag pinanatiling bakante ng mga may-ari ang mga unit na ito sa loob ng mahigit sa 182 araw sa taon na nakabatay sa kalendaryo, at gamitin ang pondo mula sa buwis para sa subsidyo sa upa at abot-kayang pabahay.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "M"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon M:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magreresulta ito sa karagdagang kita sa Lungsod na lampas sa \$20 milyon taon-taon.

Kung ang bilang ng bakanteng residensiyal na unit ay katulad ng karaniwang bilang ng bakanteng unit mula 2011 hanggang 2020, at kung hindi mahihikayat ng panukalang-batas na ito ang mga may ari-arian, na patirhan ang bakanteng residensiyal na mga unit nang mas mabilis kaysa sa ginawa nila sa panahong ito, tinataya naming magreresulta ito sa pagtaas ng taunang kita ng Lungsod na \$20 milyon sa taon ng pagbubuwis na 2024, \$30 milyon sa taon ng pagbubuwis na 2025, at \$37 milyon sa taon ng pagbubuwis na 2026. Gayon pa man, kung matatamo ng buwis ang nakasaad na layunin nito na mabawasan ang bilang ng residensiyal na bakanteng unit, magreresulta ito sa mas mababang kita. Ang mungkahing buwis ay dedicated tax (buwis na may pinagtutuunan) at idedeposito ang kikitain nito sa Housing Activation Fund.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang Business and Tax Regulations Code (Kodigo sa Buwis sa Negosyo at mga Regulasyon) at ang Administrative code (kodigong Administratibo) ng Lungsod upang makapataw ng excise tax (buwis sa pagbebenta) sa mga may-ari ng bakanteng residensiyal na unit sa gusali na may tatlo o higit pang unit, kung pinanatiling bakante ng may-ari ang mga unit na ito sa loob ng mahigit sa 182 araw sa taon ng pagbubuwis. Simula sa 2024, magiging \$2,500 hanggang \$5,000 na ang buwis, na nakabatay sa laki ng unit. Sa 2025, tataas ang buwis tungo sa \$2,500 hanggang \$10,000, na nakabatay sa laki ng unit at kung pinanatiling bakante ng may-ari noong nakaraang taon ang ari-arian. Sa 2026, tataas ang buwis nang hanggang sa maximum na \$20,000 kung pananatilihin ang bakante ng may-ari ang parehong unit sa loob ng tatlong magkakasunod na taon. Ilaayon taon-taon ang porsiyento ng buwis nang ayon sa pagtaas sa Consumer Price Index (nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga presyong ibinabayad ng karaniwang konsumer sa mga ibinebenta) at mawawalan ito ng bisa sa Disyembre 31, 2053.

Itatatag ng mungkahing ordinansa ang Housing Activation Fund. Magkakaloob ang Pondo ng subsidy sa upa at popondohan ang pagkakaroon ng unit, rehabilitasyon, at ang pagpapatakbo ng mga gusaling may dalawa o higit pang unit na para sa abot-kayang pabahay.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "M"

Noong Hulyo 14, 2022, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na may sapat na bilang ng may bisang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon M sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang batas para sa balota.

Kinailangan ng 8,979 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga indibidwal na bumoto para sa Mayor noong 2019. Ipinakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagusumite na Hulyo 11, 2022 na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdamang bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang selections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon M

Makatutulong ang Prop M sa pag-aayos ng Nakatagong Krisis sa Pabahay ng San Francisco: 40,000 Bakanteng Tahanan

Ayon sa ulat bago magpandemya ng Budget and Legislative Analyst (Tagasuri ng Badyet at ng Batas) ng lungsod, na nakabatay sa datos ng US Census at iba pang pinagkunan ng impormasyon, 40,000 unit ang nananatiling bakante sa San Francisco. Hayaan natin na lubusang pumasok ito sa isipan.

Mula sa matataas na gusali sa downtown, hanggang sa bagong konstruksiyon sa SOMA at sa kontrobersiyal na mga tore sa Mission, nananatiling bakante ang 40,000 tahanan habang kasagsagan naman ng ating krisis sa pabahay at kawalan ng tahanan.

Ang katunayan nito, magkakaroon tayo ng mas maraming pabahay kapag binawasan natin ang bakanteng mga tahanan. Maraming lungsod na ang nakapagpatupad ng vacancy tax (buwis sa bakanteng tahanan), tulad ng Vancouver, Canada, na nakakita ng pag-okupa ng mahigit sa 10% ng kanilang bakanteng mga unit matapos maging operasyonal ang vacancy tax.

Ganito gagana ang buwis:

- Sa mga gusali na may 3 unit o higit pa, bubuwisan ang anumang unit na mananatiling bakante nang 6 buwan o higit pa.
- Tataas ang buwis habang humahaba ang panahon na nananatiling bakante ang unit.
- Ilalaan ang makokolektang kita sa pondo para sa abot-kayang pabahay at subsidyo sa upa para sa mga pamilya at matatanda na mababa ang kita.

- Hindi kasama rito ang mga tahanan na para sa iisang pamilya at ang mga duplex, pati na rin ang mga unit na bakante dahil sa pagkukumpuni, bagong konstruksiyon, sakuna, o pagkamatay ng may-ari.

Ang Prop M ay hindi tungkol sa pagbubuwis sa mga indibidwal na itinuturing ang San Francisco na tahanan. Tungkol ito sa pagharap sa malalaki at nagpapaupang korporasyon, na pinananatiling bakante ang mga unit, at mayayamang indibidwal na bumibili ng unit pero hindi ginagamit ang mga ito.

Sa unang taon pa lamang, inaasahan nang 4,500 bagong unit ang babalik sa merkado — na higit pa sa ating mga taunang tunguhin — nang walang pagtataas ng buwis, walang panahon para sa konstruksiyon, walang presyo na multi-milyong dolyar, at walang paghihintay.

Pakisamahan kami sa pagsuporta sa Prop M at sa pag-aayos ng krisis sa bakanteng pabahay.

*San Francisco Democratic Party
Council of Community Housing Organizations
United Educators of San Francisco
Faith in Action - Bay Area
Senior and Disability Action
Affordable Housing Alliance
Community Tenants Association*

fillemptyhomes.com

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon M

Sasabihin sa inyo ng mga may-panukala ng Prop M na mayroong 40,000 bakanteng tahanan sa San Francisco.

Ang hindi nila sasabihin sa inyo ay ang pagiging mahina at hindi epektibong polisiya ng residensiyal na vacancy tax, na hindi makabuluhang makatutugon sa ating krisis sa pabahay o makapaghahatid ng mas marami pang tahanan sa merkado sa kabuuan ng lungsod.

Hindi rin nila sasabihin sa inyo na humigit-kumulang 10,000 sa mga “bakanteng tahanan” na tinutukoy nila ay nasa merkado na at maaari nang maupahan, o may umuupa na sa tahanan o nasa proseso na ng pagsisimula ng paninirahan ang umuupa.

May karagdagang 9,300 na nasa proseso na ng pagbebenta, o nabenta na at nasa proseso na ng pagsisimula ng paninirahan ang bagong may-ari.

Hindi na mapapatawan ng residensiyal na vacancy tax ang mga tahananang ito—**dahil hindi naman totoong bakante.**

Karamihan sa nananatiling mga unit na nasa gawa-gawang bilang na 40,000 ng mga may-panukala ay ni hindi rin naman nasasaklaw ng buwis.

Intensiyonal na hindi isinama ng mga may-panukala ng mapagparusang pakana na ito ng pagbubuwis ang mayayamang may-ari ng mga tahananang para sa iisang pamilya, na may tunay na

hindi okupadong pied-a-terre (maliit na pansamantalang tirahan), sa mapangutyang hakbang na isinagawa upang makapanalo ng boto at malinlang ang mga botante.

Kung gayon, bakit ginawang mali ang representasyon ng kabuuang bilang ng mga bakanteng unit sa kabuuan ng lungsod? Bakit kailangang sumulat ng panukalang-batas ukol sa pagbubuwis na nagbubukod at pumipili kung aling uri ng mga tahanan ang bubuwisan?

Nabigo na ang ating pamunuan na tugunan ang krisis sa pabahay, at tumanggi na itong pahintulutan ang pagtatayo ng bagong pabahay sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagboto laban sa mga proyekto na lilikha ng daan-daang unit ng abot-kayang pabahay.

Dapat tanggihan ng mga botante ang vacancy tax at mahigpit na humiling ng totoong mga solusyon na tunay na tutugon sa ating krisis sa pabahay.

Bumoto ng Hindi sa M.

San Francisco Apartment Association

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon M

Ang Prop M ay mahina at naliligaw ng landas na pagsubok na magkaroon ng polisiya sa pabahay, mula sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) na tumatangging seryosohin ang ating krisis sa pabahay. Lumilikha ang laban sa pabahay na Lupon na ito ng problema na wala naman, at nang makapagtaas ng mas maraming buwis sa mga taga-San Francisco.

Ang Proposisyon M ay:

- Gumagamit ng gawa-gawa at paulit-ulit nang binabanggit na mga istatistiko na nagmamanipla ng inaakalang bilang ng mga bakanteng unit sa kabuuan ng lungsod
- Nantatarget ng mga may maliliit na ari-arian at mga kabahayang may iba't ibang henerasyon, hindi ng mga nagpapaupang korporasyon
- Itinaguyod ng Democratic Socialists of America (Demokratang Sosyalista ng America) at ni Superbisor Dean Preston, na nakapangharang na sa konstruksiyon ng libo-libong pabahay, kung saan marami sa mga ito ang abot-kaya. Mapangutya ang pagkakasulat ng kanyang panukalang-batas upang hindi makasama ang mga may-ari ng tahanan na tulad niya, habang pinarurusahan ang mga may-ari ng maliliit na negosyong karaniwang pinatatakbo ng pamilya at kabahayang may iba't ibang henerasyon
- Hinihikayat ang magkakapit-bahay na iulat sa gobyerno kung saan naroroon ang isa't isa
- Kinakatawan ang pagsubok ng Lungsod na magtaas ng mas maraming buwis nang hindi dinadamihan ang mga serbisyo ng lungsod.

Ipinahihiwatig ng Prop M na tinatarget nito ang may malalaking ari-arian na “intensiyonal” na iniwanang hindi nauupahan ang mga unit. Gayon pa man, sinumang may-ari ng condo sa gusali na may 3+ unit ay papatawan ng mapagparusang multa sakaling hindi maokupahan ang inyong tahanan sa loob ng 183+ araw anuman ang dahilan — kung naospital kayo, nagbibiyahang dahil sa trabaho, tumitira sa ka-partner, o nangangalaga sa miyembro ng pamilya — mumultahan kayo.

Nasulat pa nga ang panukalang-batas na ito sa paraan na kahit ang mga kabahayang iba't iba ang henerasyon at ang mga magkakamag-anak na nakatira sa iisang bubong ay mumultahan sa gusali na hindi naman talaga bakante.

Bukod rito, Trojan Horse, o mapanira mula sa loob ang Prop M, na nagpapanggap na gumagawa ng isang bagay habang pinahihintulutan ang Board of Supervisors na palawakin ang mga aspeto ng batas nang WALANG pag-apruba ng mga botante. Naipahayag na ng mga may-panukala na plano nilang palawakin ang panukalang-batas na ito upang maisama ang mga duplex at tahananang para sa iisang pamilya kapag naipasa ang batas; hindi tungkol sa paghahabol sa mga nagpapaupang korporasyon ang panukalang-batas na ito.

Itigil na ang pang-aagaw ng kapangyarihan at mga pakana ng Board of Supervisors na parusahan ang karaniwang mga taga-San Francisco.

Bumoto ng Hindi sa Prop M kung gusto ninyong panatilihin ang pagkontrol sa sarili ninyong tahanan.

San Francisco Apartment Association

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon M

Sinasabi ng mga katunggali na walang problema sa pagiging bakante ng mga unit sa San Francisco. Gayon pa man, ipinapahayag nilang nagtataas ng buwis ang Prop M. Hindi maaaring dalawang bagay ang gusto nilang sabihin: Nangangahulugan ang hindi pagkakaroon ng bakanteng unit na hindi magkakaroon ng mga buwis. Kung kaya't ano ang sinusubukan nilang itago?

Nagsagawa ang Budget and Legislative Analyst ng Lungsod ng masaklaw na ulat batay sa datos ng US Census, na may dokumentasyong nagsasabi na mayroong 40,000 bakante na residensiyal na unit. Walang inihahandog na pananaliksik ang mga katunggali upang masuportahan ang kanilang mga pahayag.

Nagresulta ang katulad na panukalang-batas ng Vancouver ng 10% pagkabawas sa bakanteng mga tahanan. Sa San Francisco, na nangangahulugan ito ng 4,500 bagong tahanan, nang halos agad-agad — nang walang gastos sa konstruksiyon o pagkaantala ng mga permit.

Matatagpuan ang napakaraming bakanteng unit sa malalaking gusali na pag-aari ng mga nagpapaupang korporasyon. Pinananatili nilang bakante ang mga unit, habang naghihintay na mabenta ang mga ito nang may tubo matapos ang ilang taon. Hindi na kataka-taka na gusto nilang mapanatili ang kalakaran na nagpapahintulot sa kanilang gawin ito nang walang konsekuwensiya.

Umaasa kaming walang magbabayad sa buwis na ito. Gusto naming mapuno ang bawat bakanteng unit ng mga indibidwal na kailangan ng tahanan. Ang Prop M ay inisyatibang maingat na sinulat ng mga mamamayan, at nang matiyak na hindi masasama rito ang mga unit na kinukumpuni, ginagawan ng rehabilitasyon, o ang may-ari ay nasa pangangalaga, o yumao na. Sa pagsusumikap na matakot ang mga botante, isinasantabi ng pahayag ng tumututol na mga nagpapaupa ang mga ito at ang iba pang eksempisyon na pipigil sa pagpapatupad ng buwis sa anumang makatwirang pagkakabakante ng unit.

Ang Prop M ang ating pinakamahasag na sandata laban sa nakatagong krisis sa pabahay ng San Francisco: ang pinahahabang pagkakabakante ng mga unit. Tinatarget nito ang nagpapaupa na malalaking korporasyon na kumukuha sa mga unit bilang pamumuhunan, at hindi ang maliliit na negosyo. Samahan kami, at suportahan ang Prop M.

*San Francisco Democratic Party
Council of Community Housing Organizations
United Educators of San Francisco
Faith in Action Bay Area
Senior and Disability Action
Affordable Housing Alliance
Community Tenants Association*

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



N

Pasilidad para sa Underground na Paradahan sa Golden Gate Park; Golden Gate Park Concourse Authority

Dapat bang pahintulutan ang Lungsod na gamitin ang pampublikong pondo upang magkaroon at mapatakbo ang operasyon ng pampublikong paradahan, o mabigyan ito ng subsidyo, sa underground na paradahang garahe sa ilalim ng Music Concourse sa Golden Gate Park, at utusan ang Golden Gate Park Concourse Authority na buwagin ang sarili, at ilipat ang pamamahala sa garahe sa Recreation and Parks Commission ng Lungsod?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang Recreation and Park Commission o Komisyon para sa Paglilibang at Parke (Commission o Komisyon) ang nangangasiwa at nagtatakda ng mga patakaran para sa Recreation and Park Department (Departamento para sa Paglilibang at Parke). Ang Recreation and Park Department ang namamahala sa mga parke, palaruan, at sentro para sa paglilibang ng Lungsod.

Noong Hunyo 1998, inaprubahan ng mga botante ang panukalang-batas na lumilikha ng organisasyong nonprofit na tinawag na Golden Gate Park Concourse Authority o Awtoridad para sa Espasyo ng Golden Gate Park (Authority o Awtoridad), na may responsibilidad para sa konstruksiyon ng underground na paradahang garahe sa ilalim ng Music Concourse (Liwasang Pangmusika), nang hindi gumagamit ng pampublikong pondo. Hindi tinutugunan ng panukalang-batas ang paggamit ng pampublikong pondo para sa pagpapatakbo ng garahe.

Pinaupahan ang Awtoridad at ng Komisyon ang espasyo para sa underground na paradahang garahe sa nonprofit na organisasyon, na siyang namamahala sa garahe at gumagamit sa kita mula sa pagparada upang mapondohan ang mga gastos sa pagpapatakbo nito at mabayaran ang utang para sa konstruksiyon. Ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang nagtatakda ng halaga para sa pagparada.

Ang Mungkahi: Pahihintulutan ng Proposisyon ang Lungsod ang paggamit ng pampublikong pondo upang magkaroon, mapatakbo ang operasyon ng pampublikong paradahan, o mabigyan ito ng subsidyo, sa underground na paradahang garahe sa ilalim ng Music Concourse.

Ang Proposisyon N ang mag-uutos sa Awtoridad na buwagin ang sarili, na magresulta sa paglilipat sa mga responsibilidad nito sa Komisyon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong pahintulutan ang Lungsod na gamitin ang pampublikong pondo upang magkaroon, mapatakbo ang operasyon ng pampublikong paradahan, o mabigyan ito ng subsidyo, sa underground na paradahang garahe sa ilalim ng Music Concourse sa Golden Gate Park, at utusan ang Awtoridad na buwagin ang sarili.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "N"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon N:

Sa aking opinyon, sakaling maaprubahan ang mungkahi na inisyatibang ordinansa ng mga botante, maaaring mabawasan ang gastos ng gobyerno, dahil pahihintulutan ng ordinansa ang muling pagpipinansiya ng Lungsod sa nariryan nang utang ng Golden Gate Park Concourse Authority, na maaaring magresulta sa pagtitipid sa gastos ng Lungsod sa hinaharap.

Aamyendahan ng ordinansa ang Golden Gate Park Revitalization Act of 1998 (Batas ng 1998 para sa Muling Pagpapasigla ng Golden Gate Park) at nang mapahintulutan ang Lungsod na gamitin ang pampublikong pondo upang magkaroon, mapatakbo ang operasyon ng pampublikong paradahan, o mabigyan ito ng subsidyo, sa Golden Gate Park Concourse Underground Parking Facility (Pasilidad para sa Underground na Paradahan na nasa Liwasan ng Golden Gate Park). Hindi nakatukoy ang paggamit ng pampublikong pondo para sa pamparadahang pasilidad sa mungkahing ordinansa, at pagpapasyahan ito ng Mayor at ng Board of Supervisors sa pamamagitan ng normal na proseso ng pagbabadyet.

Bubuwagin din ng ordinansa ang Golden Gate Park Concourse Authority, at ililipat ang hurisdiksiyon ng paradahang pasilidad at iba pang ari-arian ng Concourse Authority sa Recreation and Parks Department.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "N"

Noong Hunyo 21, 2022, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na nilagdaan ni Mayor Breed.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) na maglagay ang Mayor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon N

Suportahan ang Proposisyon N para sa Higit na Paggamit ng Lahat at sa Pagbabawas sa Kasikipan ng Trapiko sa Golden Gate Park

Susuportahan ng Proposisyon N ang higit na paggamit sa Golden Gate Park para sa mga indibidwal na umaasa sa pagmamaneho, sa pamamagitan ng pagbibigay sa Lungsod ng higit na pagkakataon na mabago-bago ang mga singil sa pamamahala at pagparada sa garaheng paradahan ng Golden Gate Park Music Concourse.

Sa kasalukuyan, hindi lubusang natutugunan ng garaheng paradahan na nasa ilalim ng Music Concourse ng Golden Gate Park ang mga pangangailangan ng publiko. Itinatakda ang bayad sa pagparada sa matataas na halaga habang nananatiling bakante ang garahe sa kabuuan ng malaking bahagi ng taon.

Kung Bakit nasa Balota ang Proposisyon N

Pahihintulutan ng Proposisyon N ang Lungsod na gumugol ng pampublikong mga dolyar sa garahe, na siyang lilikha ng kakayahang magpabago-bago sa pamamahala, magtatakda ng singil sa pagparada, at makatutulong sa Lungsod na magkaroon ng prayoridad sa mga polisiya, kasama na ang higit na paggamit ng mga bisitang umaasa sa kotse upang makatamasa ng kasiyahan sa Golden Gate Park. Makagagasta na ang Lungsod ng pondo sa Garahe upang matamo ang mga tunguhin sa mga polisiya, kasama na ang mga sumusunod, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito:

- May subsidyong paradahan para sa mga bisitang may kapansanan
- May subsidyong paradahan para sa mga bisitang mababa ang kita
- Lubusang pagpapahusay sa pagpepresyo upang matugunan ang pinansiyal na mga obligasyon habang tinitiyak na nananatiling abot-kaya ang Garahe para sa mga bisita

Pahihintulutan din ng Proposisyon N ang mas mahusay na pamamahala sa paradahan at mas nababago-bagong pagsingil. Makatutulong ang mga pagbabagong ito upang matiyak na may agad na magagamit at abot-kayang mga espasyo para sa pagparada, at dahil dito ay mababawasan ang kasikipan sa garahe at sa ating mga kalye. Bukod rito, makatutulong ang mas mahusay na pamamahala at nababago-bagong singil upang mabayaran ang nananatiling utang mula sa pagkakatayo ng garahe.

Hinihikayat ko kayo na bumoto ng Oo sa Proposisyon N para sa Higit na Paggamit ng Lahat at sa Pagbabawas sa Kasikipan ng Trapiko sa Golden Gate Park.

Mayor London Breed

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon N



Karagdagang Parcel Tax para sa City College

Dapat bang magtakda ang Lungsod ng karagdagang parcel tax sa ilang may ari-arian sa San Francisco batay sa kuwadrangong talampakan at gamit ng kanilang ari-arian, sa singil na nasa pagitan ng \$150–4,000 kada parsela, nang may pag-aayon para sa inflation, at nang makakalap ng humigit-kumulang \$37 milyon na taunang kita, simula sa Hulyo 1, 2023, na magpapatuloy hanggang Hunyo 30, 2043, at ilipat ang mga pondong ito sa City College para sa mga programa para sa pag-unlad ng mga estudyante at nagtatrabaho sa kolehiyo?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang City College of San Francisco o Kolehiyo ng Lungsod ng San Francisco (City College o Kolehiyo ng Lungsod) ang pampubliko at pandalawang-taon na kolehiyo ng komunidad na tumatanggap ng pondo mula sa estado, sa pederal na gobyerno, at sa Lungsod.

Nagbabayad ang mga may ari-arian sa San Francisco ng taunang flat tax (iisang porsiyento sa nabubuwisang halaga) na \$99 kada parsela upang makatulong sa pagpopondo sa City College. Kasama sa mga kita sa buwis na ito ang pagpopondo para sa mga guro, tagapayo, at aklatan. Mawawalan na ng bisa ang buwis sa Hunyo 30, 2032.

Nililimitahan ng batas ng estado ang halaga ng kita, kasama na ang kita mula sa buwis, na maaaring gastahin taon-taon ng Lungsod. Binibigyan ng awtorisasyon ng batas ng estado ang mga botante ng San Francisco na mag-apruba ng pagtataas sa limitasyong ito nang hanggang sa apat na taon.

Ang Mungkahi: Magtatakda ang Proposisyon O ng parcel tax (buwis sa parsela) bukod pa sa kasalukuyan nang \$99 na flat tax sa mga may ari-arian sa San Francisco simula sa Hulyo 1, 2023 at magpapatuloy ito hanggang Hunyo 30, 2043. Iaayon taon-taon ang buwis para sa pagtataas ng presyo ng bilingin. Ang ininumungkahing mga halaga para sa pagbubuwis sa 2023 ay:

Uri ng Ari-arian	Halaga
Residensiyal na para sa iisang pamilya	\$150
Residensiyal, na may isang residensiyal na unit (halimbawa, isang-unit na condominium)	\$150
Residensiyal, na may dalawa o higit pang residensiyal na unit	\$75 kada unit
Hindi residensiyal, na mas maliit sa 5,000 square feet (kuwadrangong talampakan)	\$150
Hindi residensiyal, na 5,000–24,999 square feet	\$1,250
Hindi residensiyal, na 25,000–100,000 square feet	\$2,500
Hindi residensiyal, na mahigit sa 100,000 square feet	\$4,000

Nakabatay ang mga halaga sa square footage ng gusali o sa square footage ng hindi pa nade-develop na parsela. Para sa mga ari-arian na magkahalo ang residensiyal at komersiyal na paggamit, magpapatupad ng iba't ibang halaga.

Hindi ipatutupad ang buwis sa dalawang uri ng ari-arian:

- mga ari-arian kung saan may pagmamay-arang interes ang indibidwal na hindi bababa sa 65 taong gulang ang edad bago ang Hulyo 1 ng fiscal year (taon ayon sa pagpapalano para sa badyet), at nakatira sa ari-ariang iyon; at
- mga ari-arian na hindi kinakailangang magbayad ng karaniwang property tax (amilyar), tulad ng parselang pag-aari at ginagamit ng ilang natukoy na nonprofit.

Itatakda ng Proposisyon O sa Lungsod na kolektahin at ilapat ang lahat ng kita mula sa karagdagang parcel tax sa City College, na kailangang gamitin ang mga kita mula sa buwis para sa sumusunod na mga layunin:

- 25% sa mga serbisyo at programa na sumusuporta sa pag-reenroll, batayang mga pangangailangan, pagpapanatili ng mga estudyante, at para sa pagbibigay ng trabaho sa mga estudyante;

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang [sfelections.org](https://www.sfelections.org) o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



- 25% sa mga programang tumutugon sa mga pangangailangan para sa batayang mga kakayahan, kasama na ang pagsuporta sa kahusayan sa Ingles at paggamit ng teknolohiya, at para sa pagiging mamamayan ng Estados Unidos;
- 25% sa mga programang para sa pagpapaunlad sa mga nagtatrabaho, at sumusuporta sa pagsasanay para sa trabaho at sa pagbibigay ng trabaho; at
- 25% sa mga programa na sumusuporta sa akademikong tagumpay at pagpapaunlad ng pamumuno ng mga estudyanteng may kasaysayan na hindi lubusang nabibigyan ng representasyon.

Bago matanggap ang mga kita mula sa buwis na ito, kailangang magsumite ang City College ng plano sa paggasta sa Mayor at sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

Itatakda ng Proposisyon O sa City Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) na magsagawa ng taunang pag-o-audit sa loob ng unang limang taon ng pagbubuwis, at sa mga takdang panahon matapos ito. Maaaring suspendihin ng Mayor o ng Board of Supervisors ang paglilipat ng mga kita mula sa karagdagang buwis kung hindi pa naipatutupad ng City College ang mga rekomendasyong batay sa pag-o-audit ng Controller.

Itatakda ng Proposisyon O sa City College na magtatag ng independiyenteng oversight committee (komite para sa pangangasiwa) upang matiyak na nagagamit lamang ang kita mula sa buwis para sa nakatalagang mga layunin.

Tataasan ng Proposisyon O ang limitasyon sa paggasta ng Lungsod, na itatakda ng batas ng estado, sa loob ng apat na taon.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magtakda ang Lungsod ng karagdagang parcel tax sa ilang may ari-arian sa San Francisco batay sa square feet at gamit ng kanilang ari-arian, at ilipat ang mga pondong ito sa City College para sa mga programa para sa pag-unlad ng mga estudyante at nagtatrabaho sa kolehiyo.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller Tungkol sa "O"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon O:

Sa aking opinyon, sakaling aprubahan ang mungkahing parcel tax ng mga botante, makakapangalap ito ng humigit-kumulang \$37 milyon taon-taon batay sa kasalukuyang makukuha na datos ukol sa mga parsela, at tataas ito sa pagdaan ng panahon habang iniaayon taon-taon ang halaga kada parsela nang dahil sa pagtaas ng presyo ng bilihin. Ang gastos sa gobyerno para sa pamamahala sa parcel tax na ito ay lalampas nang \$6 milyon kaysa sa nakalaan na isang porsiyento para sa gastusing administratibo, nang dahil sa minsanang gastusin at sa \$3 milyon kada taon na gastos sa pamamahala.

Idedeposito ang mga kita sa San Francisco Workforce Education and Reinvestment in Community Success Fund (Pondo ng San Francisco para sa Edukasyon ng mga Manggagawa at sa Muling Pamumuhunan para sa Tagumpay ng Komunidad), na bagong pondo na itinatag ng panukalang-batas na ito. Ililipat ang mga kita sa Distrito ng San Francisco Community College at kailangang gastusin ito sa mga serbisyong wraparound (sakop ang lahat) upang masuportahan ang mga estudyante, mga pangangailangan ng mga residente ng Lungsod para sa batayang kakayahan, programa para sa pagpapaunlad ng mga nagtatrabaho, at programa para sa katarungan sa pagkakapantay-pantay at hustisyang panlipunan.

Ipapataw ang mungkahing buwis na \$150 hanggang \$4,000 kada parsela o unit, na nag-iiba-iba batay sa square footage, simula Hulyo 1, 2023, at magpapatuloy ito hanggang Hunyo 30, 2043. Hindi kasama sa papatawan ng parcel tax ang mga ari-arian na hindi rin pinapatawan ng ad valorem property tax (amilyar na batay sa natasang halaga), pati na rin ang residensiyal na ari-arian kung saan animnapu't limang taong gulang na o mas matanda pa ang may-ari, at nakatira sa ari-arian bilang pangunahing tahanan. Kasalukuyang hindi gumagamit ang Lungsod ng square footage, uri ng paggamit sa parsela, o datos ukol sa bilang ng mga unit, bilang batayan sa pagbubuwis. Dahil sa gastos upang mapatotohanan at mapanatili ang mga datos na ito, magtakda at magpanatili ng hindi pagkakasali ng matatanda, at upang magsagawa ng pag-o-audit at iba pang gawaing administratibo na itinatakdang ng panukalang batas, tataas ang gastos ng gobyerno nang humigit-kumulang \$6 milyon, na minsanang lamang, at \$3 milyon na nagpapatuloy at taunan, na siyang halaga na lampas sa nakalaan na isang porsiyento para sa administratibong gastos na nakasaad sa panukalang-batas. Maaaring maantala ang pagpapataw ng buwis at ang pagtanggap sa kita nang dahil sa panahong kinakailangan upang makuha at mapatotohanan ang datos ukol sa mga parsela.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "O"

Noong Hulyo 14, 2022, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) na may sapat na bilang ng may bisang lagda ang inisyatibang petisyon na humihiling sa paglalagay sa Proposisyon O sa balota upang maging kuwalipikado ang panukalang batas para sa balota.

Kinailangan ng 8,979 lagda upang makapaglagay ng inisyatibang ordinansa sa balota. Katumbas ang bilang na ito ng 5% ng kabuuang bilang ng mga indibidwal na bumoto para sa Mayor noong 2019. Ipinakita ng ala-suwerteng pagsusuri sa mga lagda na isinumite ng mga may-panukala sa inisyatibang petisyon bago ang huling araw ng pagusumite na Hulyo 11, 2022 na higit pa ang kabuuang bilang ng may bisang lagda kaysa sa itinatakdang bilang.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang [sfelections.org](https://www.sfelections.org) o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 50.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon O

Ang Prop O ang pinakasukdulan nang magagawa para sa pagbangon ng ekonomiya: magbubukas ito ng pinto tungo sa mas magagandang trabaho para sa lahat ng taga-San Francisco sa City College.

Ang City College ang pinakamalaking tagapagsanay para sa mga trabaho at kakayahan sa San Francisco, at naghahandog ito ng libreng matrikula para sa lahat ng residente ng San Francisco. Sampu-sampung libong estudyante ang pinaglilingkuran ng City College taon-taon, kung kaya't nagkakaloob ito ng abot-kayang oportunidad upang makakuha ng degree at makatanggap ng mahalagang pagsasanay sa mga nagtatrabaho para sa mga karera sa nursing, pagiging bumbero, pag-iinhinyero/teknolohiya, trabaho sa paglilinis, at konstruksiyon — mga trabaho na nagpapagana sa ating lungsod. Ang mga kakayahan, karera, at oportunidad na ito ang tulong na kinakailangan ng nahihirapang mga komunidad.

Matututo ang mga estudyante, na mula sa lahat ng uri ng pinagmulan, ng batayang mga kakayahan, tulad ng Ingles bilang ikalawang wika, at ng pagbabasa at pagsusulat, o makakukuha ng klase ukol sa pagiging mamamayan.

Nagkakaloob din ang City College ng kritikal na mga serbisyong wrap-around, o may buong hanay ng suporta, sa pagpapayo, pagbibigay ng trabaho, at sa kalusugan ng isip.

Bago ang pandemya, mayroong hindi nagbabago-bagong bilang ng mga nag-eenroll sa City College, pero nang higit na dumami ang natatanggal na klase matapos ang 2019, nagsimula na ang mabilis na pagbaba ng bilang ng mga nag-eenroll. Ang pagtatanggal ng klase at ang pagbaba ng bilang ng nag-eenroll — na ngayon ay nadagdagan pang lalo nang dahil sa pandemya — ay nagpapatuloy at natatanggi ang pinaka-

nangangailangan na magkaroon ng edukasyon. Upang maibalik ang mga klase at serbisyo at matugunan ang mahigpit na hinihingi sa edukasyon, kailangan ng \$37 milyon kada taon, at sa gayon ay magarantiyang hindi mapag-iinwanan ang mga taga-San Francisco.

Nagmumungkahi ang Prop O ng pansamantala na bai-baitang na parcel tax (buwis sa parsela) na tatagal nang dalawampung taon, kung saan pinakamataas ang porsiyento ng buwis sa pinakamalalaking komersiyal na ari-arian, samantalang magbabayad lamang ang mga may-ari ng tahanan ng \$150 kada taon o \$75 kada unit, na makatwirang bayarin upang makapamuhunan sa pambihirang pag-aari para sa San Francisco: isang tunay na rekurso para sa pag-angat ng pang-ekonomiyang kalagayan at pagkakaroon ng kakayahan sa buhay nang walang utang sa pag-aaral.

Alam nating lahat ang halaga ng magandang edukasyon — lalo na sa mga indibidwal na hindi kayang magbayad para sa degree na nangangailangan ng apat na taon. Hene-henerasyong tatagos ang mga pakinabang na ito sa komunidad.

Pakisamahan kami sa pagsuporta sa pag-Oo sa O!

Kaguruan ng City College (AFT 2121)

Kawanihan ng City College (SEIU 1021)

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

San Francisco Democratic Party

United Educators of San Francisco

San Francisco Latinx Democratic Club

Coleman Advocates for Children and Youth

sfwerccs.com

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon O

Bagamat pinahalagahan nating lahat ang mga pang-edukasyong oportunidad na inihahandog ng City College, repasuhin natin ang naging kasaysayan nito kamakailan.

Sa nakaraang 20 taon, nakapag-apruba na tayo ng halos \$1.3 bilyon na bonds (utang ng gobyerno) para sa mga pasilidad ng paaralan at nakapaglaan na ng pera mula sa Pangkalahatang Pondo (General Fund) ng Lungsod upang maging libre ang matrikula sa mga klase ng City College.

Sa nakaraang walong taon, nagkaroon na ang City College ng SIYAM na tsanselor, walang katapusan na serye ng mga bangungot sa badyet, at muntik nang mawala ang akreditasyon nito.

Ito na ang ikatlong parcel tax (buwis sa parsela) na naimungkahi para sa City College sa loob ng nakaraang 10 taon. Hindi pa mawawalan ng bisa hanggang 2032 ang kasalukuyang binabayaran natin!

Ngayon, hinihiling sa atin na mag-apruba ng isa pang higit na mas mataas na buwis at taon-taong tataas ito sa loob ng susunod na 20 taon, bukod pa sa buwis na binabayaran na natin.

Napag-alaman ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) na lalampas ang gastos ng Lungsod sa pangongolekta at pamamahala ng buwis sa

administratibong palugit na ipinagkakaloob ng panukalang-batas.

“Ang gastos sa gobyerno para sa pamamahala sa parcel tax na ito ay lalampas nang \$6 milyon kaysa sa nakalaan na isang porsiyento para sa gastusing administratibo, nang dahil sa minsanang gastusin at sa \$3 milyon kada taon na gastos sa pamamahala.”

At wala pang kahit na plano lamang kung paano gagastusin ng City College ang karagdagang mga pondo!

Tama na. Sobra na.

Panahon na upang ipakita ng mga katiwala at administrador na may kakayahan silang magkaloob ng pamumuno, pag-intindi sa hinaharap, at pinansiyal na katatagan na kailangang-kailangan, bago pumunta sa mga botante para sa isa na namang pagliligtas sa pinansiyal na kalagayan. Panahon na upang papanagutin sila.

Hindi ito ang panahon para sa Proposisyon O. Bumoto ng Hindi.

Mayor London Breed

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Catherine Stefani

Hukom Quentin Kopp (retirado)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon O

Bumoto ng Hindi sa O, ang pagliligtas (mulí) sa pinansiya na kalagayan ng City College

Paulit-ulit nang hiniling sa mga taga-San Francisco na buwisan ang sarili upang mailigtas ang City College mula sa napakasama na maling pamamahala at pangangasiwa sa pinansiya. Nabigyan na natin sila ng mga rekursu at pondo, pero hindi pa rin mapamahalaan ng City College ang kanilang pagpipinansiya o makagawa ng malaking pagpapahusay sa kanilang organisasyon.

Ngayon, bumabalik na naman ang City College, at humihiling sa mga residente ng napakalaking dagdag na pera sa panahon na nahhirapan na ang maliliit na negosyo, mga umuupa, at mga may-ari ng tahanan na makabangon mula sa pinansiya na kalagayan na dulot ng pandemya.

Nagsesente sa ang City College ng mga guro at nagtatanggal na ng mga klase, pero gusto pa rin nilang magbayad ang bawat naninirahan sa mga apartment ng singil kada unit na \$75, na mas malaki pa sa gastos ng maraming residente sa pag-reenroll sa College mismo.

Panahon na upang itigil ng mga mamamayan ng San Francisco ang blangkong tseke na pagpopondo para sa nabibigo nang institusyon. Panahon na upang itigil ng mga mamamayan ang pag-apruba sa paggasta ng slush-fund (hindi napananagot na pondo) nang walang pananagutan.

Bumoto ng Hindi sa O.

Kailangang ipakita ng City College sa mga taga-San Francisco na mapamahalaan nito ang pinansiya at paggasta nito bago natin sila bigyan ng milyon-milyon na karagdagang dolyar sa pagpopondo.

San Francisco Apartment Association

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon O

Nagbubukas ang Proposisyon O ng pinto tungo sa mas magagandang trabaho para sa mga taga-San Francisco, tumutulong sa mas maraming indibidwal na makinabang mula sa City College, at nang makahanap ng mga oportunidad at kumita ng sahod na sapat para mabuhay.

Ngunit mukhang walang pakialam ang malalaking korporasyon na nagpapaupa, na tumututol sa Prop O. Bagamat tumatanggap ng daan-daang milyon mula sa kita sa upa, tinututulan ng mga nagpapaupang ito ang pagbabayad ng makatwirang bahagi nila.

Ano ang tunay na dahilan? Ito ay dahil bai-baiting na parcel tax ang Prop O, na sumisingil ng mas mataas na porsiyento mula sa mga may ari-arian na mayroong mas malalaki at mas mahal na gusali, habang pinahihintulutan na magbayad nang mas mababa ang may maliliit na ari-arian at may-ari ng tahanan. Hindi kasali ang bulnerableng mga pangkat na tulad ng matatanda.

Huwag paniwalaan ang kanilang mga kasinungalingan. Illegal para sa mga nagpapaupa na ipasa ang halaga nito sa mga umuupa sa kanila.

Pangangasiwaan ang kita ng Prop O ng independiyenteng oversight committee (komite para sa pangangasiwa) at itatakda rito ang pag-o-audit ng controller upang matiyak na gagastahin ang bawat dolyar sa pagpopondo ng sumusunod na mga pangangailangan:

- 25% para sa pagpapaunlad ng hanay ng mga nagtatrabaho, pagsasanay sa trabaho, at sa pagbibigay ng karera
- 25% para sa pag-reenroll ng mga estudyante, batayang mga pangangailangan, pagpapanatili ng mga estudyante, at para sa pagbibigay ng trabaho sa mga estudyante
- 25% para sa pagbabasa at pagsusulat, sa Ingles bilang ikalawang wika, at sa mga klase ukol sa pagiging mamamayan
- 25% para sa akademikong tagumpay at sa mga programa sa pamumuno na para sa mga estudyanteng may kasaysayan ng hindi nabibigyan ng sapat na representasyon

Ang Prop O ay kainaman at matalinong pamumuhunan sa City College — ang pinakamalaking tagapagsanay para sa mga trabaho at kakayahan sa lungsod, na nagkakaloob ng libreng pagsasanay sa trabaho at nakatuon sa nagtatrabaho na mga kakayahan para sa lahat ng taga-San Francisco, kasama na ang pagiging bumbero, nursing, at konstruksiyon.

Mamuhunan sa City College para sa higit na maningning na San Francisco! Samahan kami sa pagsuporta sa Prop O.

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

San Francisco Democratic Party

Kaguruan ng City College (AFT 2121)

Kawanihan ng City College (SEIU 1021)

San Francisco Firefighters Lokal 798

United Educators of San Francisco

San Francisco Latinx Democratic Club

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon

Babala: Ipinagbabawal ang pangangampanya!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

Sa lugar malapit sa taong nakapila para bumoto sa kanyang balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal:

- *HUWAG* utusan ang isang tao na iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- *HUWAG* ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- *HUWAG* harangan ang daanan papunta sa o tumambay sa anumang drop box ng balota.
- *HUWAG* magbigay ng anumang materyales o naririnig na impormasyon na nasa panig ng o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota malapit saanmang lugar ng botohan, vote center, o drop box ng balota.
- *HUWAG* magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- *HUWAG* mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, damit, sign, butones, sticker) na may pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, at/o suportahan o kalabanin ang sinumang kandidato o panukala sa balota.
- *HUWAG* magpakita ng impormasyon o kumausap ng botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Babala: Ipinagbabawal ang pandaraya sa proseso ng botohan!

Pwedeng magresulta sa multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

Ano ang mga aktibidad na ipinagbabawal:

- *HUWAG* gumawa o subukang gumawa ng panloloko sa halalan.
- *HUWAG* magbigay ng anumang uri ng bayad o suhol, sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, para hikayatin o subukang hikayatin ang isang taong bumoto o hindi bumoto.
- *HUWAG* bumoto nang ilegal.
- *HUWAG* subukang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi siya kwalipikadong bumoto.
- *HUWAG* lumahok sa pangangampanya; kunan ng litrato o i-record ang isang botanteng papasok o palabas sa lugar ng botohan; o harangan ang pasukan, labasan, o paradahan.
- *HUWAG* pigilan ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante na bumoto; iantala ang proseso ng botohan; o mapanlokong abisuhan ang sinumang tao na hindi siya kwalipikadong bumoto o hindi siya rehistradong bumoto.
- *HUWAG* subukang alamin kung bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
- *HUWAG* magdala o sabihan ang isang tao na magdala ng baril sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- *HUWAG* pumunta o sabihan ang isang tao na pumunta nang nakasuot ng uniporme ng peace officer, guwardiya, o security personnel sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.



- *HUWAG* pakialaman o gambalain ang anumang bahagi ng sistema ng botohan.
- *HUWAG* i-forged, pekein, o pakialaman ang mga return sa isang halalan.
- *HUWAG* baguhin ang mga return sa isang halalan.
- *HUWAG* pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang poll list, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- *HUWAG* magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa koleksyon ng balota na posibleng manlinlang ng botante na maniwalang isa itong opisyal na kahon para sa koleksyon.
- *HUWAG* pakialaman ang kopya ng mga resulta ng mga pagboto.
- *HUWAG* manghikayat o manlinlang ng taong hindi kayang magbasa o nakatatanda na iboto o hindi iboto ang isang kandidato o panukala na kabaliktaran ng kanyang nilalayan.
- *HUWAG* kumilos bilang opisyal ng halalan kapag hindi ka ganoon.

HINDI pwedeng hilingin ng mga employer sa kanilang mga empleyado na dalhin ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa trabaho o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanilang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagpapasahod, hindi pwedeng magsama ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na impluwensyahan ang mga opinyon o pagkilos sa pulitika ng kanilang empleyado.

HINDI pwedeng subukan ng mga miyembro ng lupon ng presinto na tukuyin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota o, kung matutuklasan ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng botohan na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Ang isinalin na nilalaman ay ibinigay ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado.



Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod

Sinimulang gamitin ng mga botante ng San Francisco ang kasalukuyang sistema ng pagboto noong 2019. Maaaring makatulong ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga botanteng gagamit ng sistemang ito sa unang pagkakataon:

- 1.** Upang markahan ang mga balota, pupunan ng mga botante ang mga oval sa tabi ng kanilang mga napili.
- 2.** Magkakaroon ng mga ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota) at accessible na ballot-marking device (aparatang pang-marka ng balota) ang lahat ng lugar ng botohan. Ilan sa mga katangian ng aparatang pang-marka ng balota ay:
 - Audio at touchscreen na format ng mga balota (mayroong headphones at keypad na may nakaumbok na braille)
 - Akma sa mga aparatang nakatutulong tulad ng mga sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga) at head pointer (aparatang pangpindot na nakalagay sa ulo)
 - Seguridad sa lihim na balota at bilangan ng boto. Hindi nag-iimbak ng mga pinagpilian ng mga botante ang mga ballot-marking device; pagkatapos markahan ang balota, kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at i-scan ito gamit ang ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota).
- 3.** Bago ang bawat eleksyon, sinusuri ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng kagamitan sa pagboto ng Lungsod upang matiyak na ang mga kagamitang ito ay gumagana at nagbibigay ng mga lohikal at tiyak na mga resulta. Bukas sa pampublikong obserbasyon ang pagsusuring ito; sa personal o sa pamamagitan ng livestream sa sfelections.org/observe.
- 4.** Walang anumang bahagi ng sistema ng pagboto ng Lungsod ang kumokonekta sa internet o tumatanggap o nagpapadala ng datos sa pamamagitan ng anumang panlabas na network ng komunikasyon. Sa pagsisikap na makapagbigay ng lubusang transparency (pagiging bukas sa pagsisiyasat), ipinopost ng Departamento ng mga Eleksyon sa website nito ang mga imahe ng mga binotohang balota, kabilang na ang impormasyon kung paano binasa at binilang ang mga marka sa bawat balota.



Panatilihing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante!

Mahalagang suriin ninyo ang impormasyon sa inyong rehistrasyon bilang botante bago ang bawat eleksyon. Kung naglalaman ang inyong rekord ng hindi napapanahong impormasyon tulad ng maling address na pang-koreo, maaaring hindi ninyo matanggap ang mga opisyal na pang-eleksyong materyales, kasama na ang inyong balotang vote-by-mail. Maaari ninyong suriin ang impormasyon sa inyong rehistrasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa voterstatus.sos.ca.gov o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Para i-update ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon, (muling) magparehistro sa registertovote.ca.gov, o makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon.

Sa Oktubre 24, 2022 ang deadline sa (muling) pagpaparehistro online o sa pamamagitan ng koreo para sa Nobyembre 8, 2022 na eleksyon. Matapos ang nasabing petsa, kailangan ninyong i-update nang personal ang inyong impormasyon sa sentro ng botohan o lugar ng botohan.

Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante

Ginagamit ng opisyal ng eleksyon ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon upang mapadalhan kayo ng mga opisyal na mga pang-eleksyong materyales. Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon tungkol sa botante, kapag ito'y hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Ang ilang impormasyon tulad ng lisensya sa pagmamaneho, mga numero ng social security at mga pirma sa rekord ay hindi maaaring maisiwalat para sa mga layuning ito. Kung kayo'y mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung nais ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, walang bayad sa: (800) 345-VOTE (8683).

Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Ang Safe at Home ay programa para sa kumpidensyal na address na pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ng California. Maaaring maging kuwalipikado ang ilang botante, na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay, para sa status na kumpidensyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Safe at Home program ng Kalihim ng Estado sa walang bayad (877) 322-5227, o bumisita sa sos.ca.gov.



Worksheet ng Balota: Nobyembre 8, 2022 na Eleksyon

Para makatipid sa oras at makaiwas na makagawa ng mga pagkakamali sa inyong opisyal na balota, gamitin lamang ang worksheet na ito para isulat ang inyong mga pinili para sa bawat labanan at panukalang-batas bago markahan ang inyong mga kard ng balota, tulad ng sumusunod:

1. Gawing reperensiya ang halimbawang balota na makikita sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamphlet na ito, o makukuha online sa sfelections.org/voterportal.
2. Para sa bawat labanan, suriin ang mga kandidato sa inyong halimbawang balota pati na rin ang isinusulat-lamang na mga kandidato sa sfelections.org/writein.
3. Isulat ang (mga) pangalan ng inyong piniling (mga) kandidato o markahan ang "Oo" o "Hindi" para sa partikular na mga labanan at panukalang-batas sa balota gamit ang itinalagang espasyo.
4. Kopyahin ang inyong mga pinili mula sa ballot worksheet na ito sa inyong opisyal na balota.

Kung nagkamali kayo sa pagmamarka ng inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng kapalit nito sa pamamagitan ng pagbisita sa sfelections.org/voterportal, pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa kawani sa lugar ng botohan o sa kinatawan ng Sentro ng Botohan.

MGA KATUNGKULANG NOMINADO NG BOTANTE

ESTADO AT PEDERAL (Bumoto ng Isa)

Gobernador	
Tenyente Gobernador	
Kalihim ng Estado	
Kontroler	
Ingat-Yaman	
Pangkalahatang Abugado	
Komisyonado ng Seguro	
Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2	
Senador ng Estados Unidos (Buong Termino) <i>Para sa buong 6 na taong termino na matatapos sa Enero 3, 2029 ang labanang ito.</i>	
Senador ng Estados Unidos (Natitirang Bahagi ng Termino) <i>Para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023 ang labanang ito.</i>	
Kinatawan ng Estados Unidos, Distrito 11 o 15	
Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o 19	

MGA KATUNGKULANG HINDI MAKAPARTIDO

PANGHUKUMAN (Iboto ang OO o HINDI para sa bawat katungkulan)	OO	HINDI
Para sa Punong Mahistrado o Mahistrada ng California Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si PATRICIA GUERRERO sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?		
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada ng Kataas-taasang Hukuman Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si GOODWIN LIU sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?		
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada ng Kataas-taasang Hukuman Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si MARTIN J. JENKINS sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?		
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada ng Kataas-taasang Hukuman Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman na si JOSHUA P. GROBAN sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?		
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikalawang Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si THERESE M. STEWART sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?		

(Magpapatuloy ang worksheet ng balota sa susunod na pahina)





PANGHUKUMAN <i>(Iboto ang OO o HINDI para sa bawat katungkulan)</i>		OO	HINDI
Para sa Punong Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikatlong Dibisyon Dapat bang ihalal ang Punong Mahistrada na si ALISON M. TUCHER sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikatlong Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado na si VICTOR A. RODRIGUEZ sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikatlong Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si IOANA PETROU sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikatlong Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si CARIN T. FUJISAKI sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikaapat na Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrada na si TRACIE L. BROWN sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikaapat na Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado na si JEREMY M. GOLDMAN sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Punong Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikalimang Dibisyon Dapat bang ihalal ang Punong Mahistrada na si TERI L. JACKSON sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
Para sa Kasamang Mahistrado o Mahistrada, Hukuman ng Apela, Unang Distrito, Ikalimang Dibisyon Dapat bang ihalal ang Kasamang Mahistrado na si GORDON B. BURNS sa katungkulan para sa terminong nakasaad sa batas?			
PAARALAN			
Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado <i>(Bumoto ng Isa)</i>			
Miyembro, Lupon ng Edukasyon <i>(Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo)</i>			
Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad <i>4 na taong termino na matatapos sa Enero 8, 2027</i> <i>(Bumoto ng hindi hihigit sa Tatlo)</i>			
Miyembro, Lupon ng Kolehiyo ng Komunidad <i>natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 8, 2025</i> <i>(Bumoto ng Isa)</i>			
DISTRITO <i>(Bumoto ng Isa)</i>			
Direktor ng BART (BART Distrito 8 lamang)			
LUNGSOD AT COUNTY <i>(hinahalal gamit ang ranked-choice voting)</i>			
Tagatasa-Tagatala			
Abugado ng Distrito			
Pampublikong Tagapagtanggol			
Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor <i>(mga Superbisoryal na Distrito na even ang bilang lamang)</i>			



(Worksheet ng balota, ipinagpatuloy)

MGA PANUKALANG-BATAS			
MGA PROPOSISYON NG ESTADO		OO	HINDI
1	Karapatan sa Kalayaan sa Reproduksyon Ayon sa Saligang-Batas.		
26	Pinapayagan ang In-Person na Roulette, Mga Larong May Dice, at Pagtaya sa Sports sa Mga Pantribong Lupain.		
27	Pinapayagan ang Online at Pagtaya sa Mobile na Sports sa Labas ng Mga Pantribong Lupain.		
28	Nagbibigay ng Karagdagang Pondo para sa Edukasyon sa Sining at Musika sa Mga Pampublikong Paaralan.		
29	Kinakailangan ng Lisensyadong Medikal na Propesyonal sa Lugar sa Mga Klinika para sa Pag-Dialysis ng Kidney at Nagtatakda ng Iba pang Pag-Aatas ng Estado.		
30	Nagbibigay ng Pondo sa mga Programa para Mabawasan ang Polusyon sa Hangin at Maiwasan ang Mga Wildfire sa Pamamagitan ng Pagpapataas ng Buwis Sa Personal na Kita na Mahigit \$2 Milyon.		
31	Reperendum sa 2020 Batas na Magbabawal sa Retail na Pagbebenta ng Ilang Partikular na Produktong Tabako na may Flavor.		
MGA PROPOSISYON NG LUNGSOD AT COUNTY		OO	HINDI
A	Karagdagang Pera para sa Retirado upang Umayon sa Halaga ng Pamumuhay; Kontrata ng Retirement Board sa Ehekutibong Direktor		
B	Public Works Department and Commission, Sanitation and Streets Department and Commission		
C	Homelessness Oversight Commission		
D	Abot-kayang Pabahay – Inisyatibang Petisyon		
E	Abot-kayang Pabahay – Board of Supervisors		
F	Pondo para sa Preserbasyon ng Aklatan		
G	Pondo para sa Tagumpay ng Estudyante – Tulong-Pinansiyal sa San Francisco Unified School District		
H	Mga Eleksyon sa Lungsod sa mga Taon na May Bilang na Even		
I	Mga Sasakyan sa JFK Drive sa Golden Gate Park at sa Great Highway		
J	Panlibangang Paggamit sa JFK Drive sa Golden Gate Park		
K	<i>Inalis ang Proposisyon K sa balota ayon sa utos ng Korte Superyor ng San Francisco.</i>		
L	Sales Tax para sa mga Proyekto sa Transportasyon		
M	Buwis para sa Pagpapanatiling Bakante ng Residensiyal na mga Unit		
N	Pasilidad para sa Underground na Paradahan sa Golden Gate Park; Golden Gate Park Concourse Authority		
O	Karagdagang Parcel Tax para sa City College		

May mga Tanong ba Kayo?



**Makakausap ang aming
Multilingual Voter Support team
sa isang tawag o click lamang...**

Lunes hanggang Biyernes
8 a.m. hanggang 5 p.m.

**Dalawang Sabado at Linggo bago ang
Araw ng Eleksyon**
Oktubre 29–30 at Nobyembre 5–6
10 a.m. hanggang 4 p.m.

Araw ng Eleksyon
6:30 a.m. hanggang 8 p.m.



Telepono

English: (415) 554-4375
Español: (415) 554-4366
中文: (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386



Koreo

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102



Email

sfvote@sfgov.org

0 subukang gamitin ang isa sa mga nakatutulong na online na kasangkapan para sa botante:

- ☑ Tingnan ang inyong rehistrasyon, subaybayan ang inyong balota, humiling ng pamalit na balota, at iba pa sa: **sfelections.org/voterportal**
- ☑ Alamin kung nagbago na ang inyong pinagbobotohang mga distrito sa: **sfelections.org/myvotingdistrict**
- ☑ Mag-sign up para sa mga email, text, o tawag na notipikasyon ukol sa pagsubaybay sa balota sa: **wheresmyballot.sos.ca.gov**
- ☑ Planuhin kung paano kayo boboto sa Nobyembre 8 na eleksyon sa: **sfelections.org/myelectionnavigator**
- ☑ Matuto tungkol sa ranked-choice voting (RCV) at subukan ang aming kagamitan para sa pagsasanay ng RCV sa: **sfelections.org/rcv**
- ☑ Hanapin ang lokasyon ng mga kahon na hulugan ng balota sa: **sfelections.org/ballotdropoff**
- ☑ Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at i-check ang oras ng paghihintay sa: **sfelections.org/myvotinglocation**
- ☑ Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon sa: **registertovote.ca.gov**

DEPARTMENT OF ELECTIONS

City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.org



NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

Matatagpuan ang inyong lugar ng botohan sa:

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.

Address na Pang-koreo / Mailing Address:

Ang inyong pinagbobotohang presinto at mga distrito ay:



Aksesible ba ang pasukan at puwesto para makaboto sa inyong lugar ng botohan?

Mahahalagang Paalala!



I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail.

Maaaring piliin ng sinumang rehistradong botante na bumoto sa balotang matatanggap nila sa koreo sa unang bahagi ng Oktubre o bumoto nang personal sa Nobyembre 8, 2022 na eleksyon.



Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon.

Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang mai-postmark bago o sa Nobyembre 8. Nabayaran na ang selyo ng pambalik na sobre ng balota na kalakip ng inyong paketeng vote-by-mail.

Ang mga balotang ibabalik nang personal ay kailangang ihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 8.



Subaybayan ang inyong balota.

Bisitahin ang sfelections.org/voterportal para i-check kung ang inyong balota ay natanggap at nabilang. Maaari din kayong mag-sign up para sa mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang loob ng pamplet na ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 o sa sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang sfelections.org.